Hindi naman ako inosente. Aware ako na pareho kaming nasa tamang edad na para maranasan ang bagay na iyon, ngunit iginagalang ako ni Godric. Sa klase namin, normal na lang ang mag-share ng experiences nila sa s**. Minsan pa nga, natutukso na akong 'pabebe' raw dahil birhen pa ako samantalang sila ay sixteen years old pa lamang daw ay bihasa na.

Mula sa pagkakaupo namin sa sala ay tumayo si Godric at humiwalay sa pagkakaakbay sa akin. "Maliligo lang ako, Beth. Pili ka na riyan ng papanuorin natin. Magpapahanda na rin ako kela manang ng meryenda."

"Sige. Anong genre ba ang gusto mo?" tanong ko sa kanya sabay abot sa remote.

Tanging ang mga katulong lang nila ang kasama namin sa bahay dahil madalas wala ang Daddy niya dahil sa business. Ang totoo niyan ay minsan ko na siyang nakilala at halata ko ang disguto niya sa akin. Bakit nga naman hindi? Kung ang nobya ng anak niya ay isang simpleng mamamayan at walang mapagmamalaking apelyido?

"Ikaw na ang bahala, darling. Papanuorin ko naman kung ano ang gusto mo." malambing niyang tugon sabay kindat sa akin habang naglalakad siya paakyat sa malapad nilang hagdan na carpet pa ang tapakan.

Pinigilan ko ang sarili kong matawa. "Sige. Huwag kang matat akot kapag horror ang pinili ko, ha?"

"Basta yayakapin mo ako." Dagdag tukso niya sabay tawa at tumakbo na paakyat sa kwarto niya.

Ang totoo niyan ay may sariling TV sa kwarto si Godric, ngunit siya mismo ang may ayaw na mapag-solo kami dahil baka hindi raw niya mapigilan ang sarili niya. Mabait man daw siya, ngunit hindi siya santo.

Kinikilig at napapailing na lang akong namili ng mapapanuod naming dalawa. Ang hilig kong panuorin ay Horror at Mystery movie habang siya naman ay hindi mahilig manood ng movies. Mas mahilig siyang magbasa ng mga Sci-fi books. Ika-nya kasi, kaunti lang ang Sci-fi movies na maganda at may katuturan.

Isa-isa kong binasa ang mga summary ng bawat movies at natigil sa isa na ang title ay 'Fractured'. Mukhang maganda ang trailer at interesting ang summary.

"Meryenda po, Ma'am Beth." magalang na salubong ni Manang Puring kasunod ang isang mas

bat ang katulong na may hawak na tray na naglalaman ng juice at cake.

"Ay, hello po. Maraming salamat po, Manang. Pakilapag nalang po." nakangiti kon sabi sa mabait na kasambahay nila Godric na sa pagkakaalamko ay nagsilbi na ring yaya niya.

Habang naghihintay na bumalik siya ay nagulat pa ako nang tumunog ang phone niya at nakita kong ang Papa niya ang tumatawag. Napakagat-labi ako at hinayaan itong mag-ring. Hindi naman kasi ako pakialamera at isa pa ay natatakot akong sagutin ang tawag ng Daddy niya. Makakahinga na sana ako nang maluwa nang tumigil ito pero muli itong nag-ring kaya naman kaagad ko na itong kinuha at tumakbo na paakyat sa kwarto niya.

Kumatok muna ako ng marahan. "Godric?" tawag ko sa pangalan niya habang nakadikit ang tenga sa pinto, ngunit ilang sandali pa ay walang sumagot. "Tumatawag ang Daddy mo." mas malakas kong dagdag at naghintay sabay muling katok.

Nang wala pang marinig na sagot ay pumasok na ako nang muling mag-ring ang cellphone sa ikatlong pagkakataon. Nagkagulatan pa kaming dalawa nang siya'y lumabas ng banyo na nakatapis lang ng tuwalya. Nanlaki ang mga mata ko at napatalikod bigla.

"T- Tumatawag ang Daddy mo." nauutal kong sabi sabay abot ng phone habang nakatalikod at gusto ko namang batukan ang sarili ko dahil sa pagkautal.

Ilang sandali pa ay narinig ko siya napatawa ng mahina bago niya kinuha ang phone niya mula sa kamay ko. "Thanks, Beth. Hello, Dad?"

Natigilan ako dahil naramdaman ko ang balat niya sa balat ko nang kinuha niya ang cellphone niya. Bakit ang bilis ng tibok ng puso ko?! Bakit ba ako kinakabahan? Hindi naman namin first time mag-holding hands!

Tama siya. Delikado nga na magkasama kami sa kwarto na kaming dalawa lang kaya kailangan ko na lumabas!

Akmang lalabas na ako nang may punigil sa kamay ko at napalingon ako bigla sa kaniya. Nakita ko siyang nakatingin sa akin nang mariin habang nakikipag-usap sa telepono at lalong bumilis ang tibok ng puso ko. Ayaw man ng isipan ko ay kusa namang bumaba ang tingin ko sa katawan niya.

Wala akong hilig sa lalaking may abs at ang totoo niyan ay wala naman akong mata sa mga machong katawan na madalas kakiligan ng mga kaklase ko. Naalala ko tuloy noong minsang narinig ko na may pinapanood daw silang p*rn na ang lalaki ay madalas nerd ang hitsura pero ang katawan daw ay pama'y.

Hindi ko napigilang mapalunok at kusang sinundan ng mga mata ko ang mga butil ng tubig na bumabagsak mula sa kanyang leeg hanggang sa nakatakip na parte ng katawan nya. Tila nakikipaghabulan na sa kabayo sa bilis ang tibok ng puso sa mga sandaling iyon. Ilang beses ko naman naramdaman ang katawan niya sa tuwing lalalimang halikan naming dalawa, ngunit sa tuwina naman ay nako-kontrol namin ang isa't-isa. Pero ano ito? Ano ang kakaiba sa sandaling ito? At bakit ganyan siya makatingin sa akin? Bakit parang.. gusto na nya akong sunggaban?

Napanganga na lamang ako nang bumaba pa ang tingin ko at mapansing tila may nakaumbok sa kanyang harapan dahilang upang umangat ang tuwalya.

B- Bakit may multo?!

"Yes, Dad. I'll see you tomorrow."

Nakita ko kung paano niyang ihagis ang cellphone niya sa kama at pinanuod ko kung ilang beses itong tumalbog. Mabilis akong napatitingin muli sa kaniya nang ibahin niya ang paraan ng pagkakahawak sa kamay ko bago ito iginiya pahawak sa dibdib.

"Alam mo ba kung ano ang ginagawa ko sa loob ng banyo, darling?" paos ang tinig niyang tanong habang iginigiya ang kamay ko pahaplos sa kanyang katawan.

"A- Ano?" utal kong tanong sabay tingin sa mga mata niyang nakakapaso ang titig sa akin.

"I was thinking about... us. And no, it's not romantic. It's... more than that. God, you'll hate me for it if you hear it." biglang nahihiya niyang sabi sabay bitaw sa kamay ko at tumalikod na. "I'm sorry, Beth. Balik ka na sa baba, magbibihis lang ako."

Pinanood ko siyang humakbang at napakagat sa labi. Hindi naman ako tanga at manhid. Alam ko ang ginagawa niya sa banyo. Mataman ko itong marinig sa mga kaklase ko.

"Alam ko ang ginagawa mo!" bulalas ko dahilan para matigil siya sa paglapit sa cabinet niya. Maang siyang napalingon sa akin. "At hindi ako tututol sa gusto mo dahil may tiwala ako sa'yo, babe."

Natigilan siya at nanlaki ang mga mata bago unti-unting napangiti at ilang sandali pa ay inilang-hakbang niya ang pagitan namin. Niyakap niya ang mga braso sa baywang ko at inangkin ang aking mga labi upang pagsaluhan ang mapusok na halik. Kakaiba ito sa mga halik na pinagsaluhan na namin noon. Mapang-akin, marubrob at tila gusto na niyang kainin ang aking mga labi.

"Sigurado ka ba, darling? I want you so much at baka hindi na ako makapagpigil pa." humihingal niyang bulong sa aking mga labi habang mataman akong tinititigan sa mga mata.

"Y-Yes." sunod-sunod na pagtango ang ginawa ko at hindi ko inalis ang pagtitig sa kaniya. Gusto kong makita niya na handa na akong ibigay ang lahat sa akin at sa kaniya ko lang ito gustong ibigay.

Muling nagtagpo ang mga uhaw naming labi at iginiya niya ako palakad hanggang sa bumunggo ang mga binti ko sa kama at napahiga. Napasinghap ako nang bumitaw siya at bumaba ang halik sa aking leeg at tila isang langgam na pinapak iyon, ngunit hindi pa roon natapos dahil naramdaman ko ang pagsakop ng isa niyang kamay sa aking kanang dibdib. Hindi ko malaman kung itutulak ko ba sya o hahapitin palapit.

"Ang bango-bango mo, darling." paos ang tinig niyang bulong sa akin at may nakakahiyang tunog ang lumabas mula sa aking nakasarang bibig.

Narinig ko siyang tumawa ng mahina bago muling inangkin ang aking tila namamanhid na mga labi. Ang kanang kamay niya ay tinigilan ang aking dibdib at bumaba hanggang sa itinaas niya ang aking suot na palda at ang mga daliri ay natagpuan ang maselang bahagi ng aking katawan. Napaigtad ako dahil sa gulat at dahil sa sensasyong idinulot nito dahilan para magkahiwalay ang mga labi namin kasabay ng mahinang pag-daing.

Impit akong napaungol at kaagad na napatutop sa bibig nang simulan niyang igalaw ang mga daliri.

"Let it out, Beth. My room is soundproof." pilyo niyang sabi, ngunit napailing ako.

Sa kabila ng nakakahilong sensasyong nararamdaman ay may bagay Pa rin akong naalala "L-Lock."

"Oh, right." bulalas niya bago mabilis na tumakbo papunta sa pinto at ni-lock bago muling

tumuntong ng kama, ngunit sa pagkakataong ito ay hindi ang aking mga labi ang nais niyang halikan.

Ipinantay niya ang mukha sa aking gitna at namula ang aking mukha nang samyuhin niya ito, ngunit kaagad itong nawala nang simulan niya akong paligayahin kahit pa nakasuot pa ako ng panty. Sa pagkakataong ito ay muli akong napaigtad at hinayaan ko nang kumawala ang ungol mula sa aking labi.

Napahawak ako sa kobre kama at naramdaman ang mga kamay niya. Pinagsiklop niya ang aming mga kamay habang patuloy siya sa ginagawa. Nariyang dilaan niya ako at ramdam ko ang pamamasa ng suot kong panty. Hindi ko naiwasang magpasalamat na maganda ang naisuot ko at hindi butas-but as at muli ay gusto kong batukan ang sarili ko sa naisip.

Impit akong napatili nang igilid niya ang panty ko at sa pagkakataong ito ay direkt a ko nang naramdaman ang dila at labi niya na humahalik, dumidila at sumusupsop sa aking pagkababae. Napabitaw ang isa kong kamay at napasabunot sa malambot niyang kulot na buhok.

Mga nakakahiya at eskandalosang tunog na ang lumalabas sa mga labi ko na sigurado akong ikahihiya ko pagkatapos, ngunit sa sandaling ito ay nais ko muna itong nammamin.

Napadaing ako at natigilan nang maramdaman ang isang bagay na kumakatok sa aking pintong hindi pa napasok ninuman.

"Darling, do you trust me?" malambing niyang tanong at agad naman akong tumango kaya napangiti siya. "This will hurt a little, but I assure you that you will feel more pleasure later on, okay?"

Dinilaan ko ang nanunuyo kong labi at muling tumango dahil hindi ko magawang magsalita. Dumiin ang kuko ko sa kamay niya nang simulan niyang ipasok ang daliri at nakaramdam ako ng kaunting kirot na nadagdagan habang lumalalim ito. Napadaing ako, ngunit napawi ito nang bahagya nang muli niya akong paligayahin gamit ang dila niya.

"Oh!" Ungol ko nang may matamaan siya sa kaloob-looban ko at halos maduling ako.

"That's your g-spot, darling."

Inulit-ulit niya ito at naramdaman kong dinagdagan pa niya ang daliri niya kaya naman para na akong mababaliw sa sensasyon na nararamdaman. Nakaramdam ako ng kakaiba sa puson ko kaya naman pilit akong lumalayo sa mga daliri niya at hindi na malaman kung saan ba banda titingin.

"Let it go. Sige lang, Beth. Hindi kita pababayaan."

Sa sinabi niya ay hinayaan ko nga ang sensasyong tila gustong kumawala mula sa aking kaibituran. Para akong maiihi na hindi ko malaman sa mga sandaling iyon.

Muli akong napakapit sa buhok niya at parang isang pusang napaangat ang likod at malakas na napaungol nang hayaan ko ang sarili kong sumabog. Nanginig ang katawan ko at nanatiling nakatulala sa kisame at blangko ang kaisipan.

Marahan akong napamulat at napakurap-kurap. Bakit bigla kong napaginipan ang unang sandali naring dalawa ni Godric gayung nasa bahay ako ng isang estranghero?

Marahil ay dahil na rin sa katotohanang nakatakda kong muling ialay ang sarili, ngunit sa ibang tao na. Gayung si Godric pa lamang ang nakakakita at nakaangkin sa akin.

Mariin kong ipinikit ang mga mata at pinigilan ang sariling sariwain ang aking unang

karanasan sa piling niya. Ang araw na iyon ang unang beses na hinayaan namin ang aming sariling mahalin ang isa't-isa. Nang araw ding iyon ay isinuko ko sa kaniya ang lahat-lahat sa akin at wala akong pagsisisi hanggang ngayon.

Napalunok ako bago tumayo sa malambot at malaking kama, ngunit kung papipiliin ako ay mas gugustuhin ko pa rin ang luma at manipis naming kutson ni Skye.

Agad na napukaw ng atensyon ko ang isang bagay na katabi ko at napakunot ang noo. I sa itong gintong kahon at may nakalagay na sobre. Kinuha ko ito at nanlamig ang buong katawan nang mabasa ang nakasulat.

'Dear Elizabeth, I want you to wear this and dance for me.'

m.dream.com

Kabanata 10

12 - 16 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Nanginginig ang mga kamay na binuksan ko ang gintong kahon at tumambad sa aking paningin ang itim na lingerie. Kumakabog ang dibdib at tila bumabaligtad ang sikmura ko itong kinuha mula sa loob at halos mayak na sa sobrang nipis nito. Sa loob din ay makikita ang isang pares ng bagong underwear na kulay itim din. Nanghihina ang mga kamay na naibaba ko ito at napatingin sa kisame.

Hindi ko alam kung gaano ko katagal na dinasalan ang lingerie at natigilan lang ako nang kumalamang sikmura ko. Napatingin ako sa orasan at bahagyang nanlaki ang mga mata nang makita ang oras. Malapit na akong ma-late!

Dali-dali akong tumakbo sa banyo para maligo, ngunit natigilan nang may maalala. Oo nga pala, hindi na lang ako ordinaryong empleyado kung hindi isang katulong na rin ng isang aroganteng milyonaryo. Nakaismid kong alala bago naglakad pababa para magluto ng almusal ng mahal na hari. Wala namang problema sa akin kung magluluto ako, pero ang ipagluto ang ibang tao at kagaya pa niya? Gusto ko na lang lagyan ng pamurga ang pagkain.

Napasimangot ako nang maalala kung paano niyang ipagdiin kung ano ako sa bahay niya. "Oo na. Katulong na kung katulong. Oo na, binili mo na ako ng milyon. Psh. Kailangan ba inuulit-ulit?" nakasamid kong sabi sa sarili habang namimili sa freezer. "At bakit ba nakamaskara siya? Pa-suspense pa siyang nalalaman. Siguro pangit siya."

Kumuha ako ng ilang pirituhin mula sa freezer at nagsalang ng bigas sa rice cooker bago nagsimulang mag-prito. Nag-prito ako ng bacon at ham bago nag-sunny side up ng itlog. Habang iniinin ang kanin ay gumawa naman ako ng sandwich na aalmusalin ko at mabilis itong kinain ito. Pagkatapos ay muling bumalik sa kwarto para maligo at magbihis.

Matapos ang sampung minuto ay kinuha ko ang bag ko at natigilan nang makita ang lingerie bago umiling at bumabana. Hinugot ko ang rice cooker at tinakpan ang mga ulam bago tumingin sa direksyon ng kwarto niya sa ikalawang palapag.

"Kailangan ko bang magpaalam?" tanong ko sa sarili bago umiling. "Bakit pa? Hindi ko naman siya magulang para pagpaalaman."

Sa naisip ay lumabas na ako ng pinto at siniguro ng naka-lock ito. Siniguro ko rin na nakalagay sa bag ko ang susi na binigay ng assistant niya bago naglakad palabas ng subdivision para sumakay ng trikel. Isa kasi itong exclusive subdivision at hindi basta nakakapasok ang sinuman. Mabuti na lamang at malapit lang ang bahay mula sa entrance kaya kayang-kayang lakarin.

Habang papasok sa kumpanya ay hindi ko napigilang hilingin na sana ay hindi kami magkita ni Godric. May parte kasi sa akin ang nahiiya at natatakot na makita siya. Ayokong malaman niya na pagmamay-ari na ako ng ibang lalaki. Dahil kahit na hindi maganda ang samahan namin ay ayoko pa ring husgahan niya ako. At dahil na rin sa nangyari noong huli kaming magkita.

Nang maalala kung paano akong umarteng parang pusang naglalandi ay agad na nag-init ang mukha ko. Nakakahiya! Hindi ko mapaniwalaang nagpadala ako sa kamunduhang idinulot ng mga kamay niya! Pero ano ba ang magagawa ko gayung kabisado pa rin siya nit o?

Paglabas ay napabuntong-hininga na lang ako nang muling mapansin ang pagtitinginan sa akin. Mula noong mangyari ang pagsuntok ko kay Godric ay nakakatanggap na ako ng mga tinging mapanghusga, pero bakit nga naman hindi? Isang simple at mababang empleyadong katulad ko ay sinaktan lang naman ang may-ari ng kumpanyang nagpapasahod sa akin. Hindi ko rin sila masisisi kung huhusgahan nila ako.

Pagpasok sa loob ng opisina ay kaagad na umiwas ang iba sa akin at napayuko na lang ako bago naupo sa mesa ko.

"Grabe talagang pumapasok pa rin siya, ano?"

"Oo nga. Ang lakas ng loob niya ha."

"Nakapagtataka rin naman na hindi pa siya tinatanggal sa trabaho ni Sir."

"Tsk. Hanggang ngayon hindi ko maatim kung paano niya iyon nagawa. Hindi na siya nahiya. Sabi nga nila, ang asoraw ay kakagatin talaga ang kamay ng taong nagpapakain sa kaniya."

Napalunok ako sa mga narinig, ngunit hindi ko pinahalata na naapektuhan ako. Hindi man lang nila sinubukang hinaan ang boses dahil talagang pinaparanggan nila ako.

Buong araw ay ganoon ang nangyari. Sa isang iglap ay naging mag-isa ako sa pagkain sa cafeteria. Ang mga taong noon ay nakakausap ko ay lumalayo na. Hindi rin ako nagtaka pa na halos dumoble ang trabaho ko dahil sa mga tinambak na gawain sa akin. Pero ayos lang. Kakayanin ko dahil kasalanan ko naman. Nagpadala ako sa bugso ng damdamin.

Dalawang oras bago mag-uwian ay sinamaan ako ng sikmura kaya naman medyo nagtagal ako sa cubicle. Nang matapos ay hinihimas ang tiyan kong binuksan ang pinto at agad na napansin ang dalawang babaeng nakapamaywang habang nakasandal sa lababo. Kaagad kong namukhaan ang babaeng pulang buhok na ipinagmalaki ang affair sa kaniyang boss at isa pang babae na may nakakalokong tingin sa mga mata. Hindi ko sila binigyang pansin at dumiretso sa lababo para maghugas ng mga kamay. Bahagya akong napangiwi nang muling kumiro ang tiyan ko.

Ugh! Ano ba ang nakain ko? Kumain lang naman ako ng menudo. Mabuti na lang at lagi akong may baong gamut sa bag.

"Siya ba 'yun, Sis? Hindi naman pala kagandahan." dinig kong sabi ng isang babae at nangtingnan ko siya sa salamin ay tinaasan niya ako ng kilay.

Ang babaeng pula ang buhok ay humarap sa akin habang nakahalukipkip. "Siya nga. I know, right? Kaya nga niya nagawang saktan si Godric dahil hindi siya pinatulan. Rumor has it na halos lumuhod na siya sa harap ni Godric pero hindi siya pinansin kaya siya gumawa ng eksena." daldal ng babae sabay flip ng buhok.

Nagpanting ang mga tenga ko sa narinig at napataas din ang sariling kilay nang tawagin niya si Godric sa pangalan. Ganoon sila ka-close? Sabagay. May nangyari na nga pala sa kanila at

kulang na lang ay ipagsigawan na niya ito sa buong mundo.

"Ano ang proof mo?" mahinahon kong tanong sa kaniya matapos kumuha ng tissue at sinimulang tuyuin ang mga kamay.

"Proof? Hindi pa ba sapat na proof iyang pagmumukha mo?" pang-iinsulto ng kasama niya sabay tawa ng pagak.

Hindi ko sinasadyang mapatingin sa buhok ng kaharap ko at bahagyang napatawa kaya naman nainis siya. "Anong tinatawa mo?"

Umiling ako bago itinaon ang tissue. "Wala naman. Nakakatawa lang na may mga taong nakahandang ibahin ang sarili para lamang mapansin."

At kung alam mo lang na ako ang dahilan kung bakit ka niya napansin. Kung alam mo lang na ako ang orihinal na nagmamay-ari ng pulang buhok na pilit mong ginagaya ay baka mahiya kang humarap sa akin. Dagdag ko sa aking isipan pero hindi na nila iyon kailangan pang malaman.

Bago pa ako makagalaw ay nahablot na ng kamay niya ang maiksi kong buhok. Napangiti ako nang maramdaman ang mahaba niyang kuko.

"Ang kapal ng mukha mong sagutin ako at insultuhin! Kayang-kaya kitang saktan ngayon at walang kakampi sa'yo!"

Tinanggal ko ang pagkakasabunot niya sa akin. "Wala kang karapatang saktan ako!"

Ilang sandali pa ay pinagtulungan na nila akong dalawa. Ang isa ay mananakit at ang isa naman ay pipigilan ako. Hindi naman talaga ako palaaway na tao pero kapag alam kong wala akong ginagawa ay hindi rin naman ako mananahimik lang. May ilang nakarinig at nanunuod lamang sa labas. Walang sumubok na pumagitan at punigil.

Napasinghap ako at napaigik nang tadyakan niya ako sa sikmura kaya naman nasadlak ako. Sapo ang masakit na tiyan ay napadaing ako. Ramdam ko ang sakit ng talukap ko at ang ilang kalmot nila sa mukha ko at mga braso.

"Aray." Daing ko habang sapo ang sikmura at sinubukang tumayo, ngunit muling nasadlak nang gumuhit ang sakit doon.

"What's happening here? Bakit kayo nakakumpol diyan?"

Bahagya akong natigilan nang marinig ang boses ni Godric mula sa labas bago nahawi ang mga tao sa pinto. Nakita ko kung paano siyang natigilan habang nakatingin sa akin, ngunit kaagad kong tinanggal ang titig sa kaniya nang lumapit si Justin.

"Elizabeth? Sh**, anong nangyari sa'yo?" gulat at nag-aalala niyang tanong at hindi nagdalawang-isip bago ako marahang binuhat nang mapansing hindi ako makatayo.

"I-I'm okay." nakangiwing sabi ko sa best friend ko at tila tumigil ang mundo nang dumaan kami sa harap ni Godric.

Hindi ko alam kung dinadaya lamang ako ng paningin ko nang makita ko kung paanong dumilim ang mukha niya habang nakatingin sa akin.

"Like hell you are. Dadalhin kita sa hospital."

Hindi ko na nakuha pang sumagot nang muling kumirod ang sikmura ko at hinayaan siyang

buhatin ako. Habang nakapikit ay muling nagbalik sa akin ang emosyon na nakita ko sa mukha niya. Bakit siya nagagalit? Dahil ba gumawa ako ng eskandalo? O marahil ay dahil nasaktan ko ang babae niya?

Godric Villaterra's POV

Malakas na hampas sa mesa ko ang pinakawalan ko at kung hindi lang ito nagkakahalaga ng daang libong piso ay baka nasira na ito.

"Calm down, Sir." Pagppakalma sa akin ni Luke.

"Like hell I'll calm down. F***! How dare they hurt her like that." I snapped at him before gritting my teeth and clenching my fists. "Tell Justin to report to me as soon as they're done. Bigyan mo siya ng ilang araw na pahinga dahil sa nangyari and most importantly, I want those two bitches fired this instant at huwag na huwag hayaang mag-apply ulit sa V.E.C o kahit na sa M&V." nanggagalaiti kong sabi.

Kung hindi nga lang ba babae ang dalawa iyon ay ginawa ko na rin sa kanila ang ginawa nila kay Beth. Damn it, just remembering the scratches on her face is enough to make my blood boil!

Tulad nga ng inutos ko ay binigyan ng ilang araw na pahinga si Beth sa trabaho at inusad ko muna ang unang utos ko sa kaniya bilang si Zeus. Dahil sa mga babaeng iyon ay hindi ko kaagad na nasaksihan ang pagsasayaw niya. Ilang araw pa man din akong nasabik sa sandaling iyon. She was given a proper rest and a pain killer, but other than scratches, she's fine all over. Knowing her, she probably put up a fight kahit na dalawa ang kalaban niya.

Matapos ang halos dalawang araw ay nakakalakad na siyang muli at mula sa taas ay tahimik ko siyang pinapanuod na magkikilos sa kusina. Before I let my mind wonder and think about stupid things while looking at her, I made my presence known by descending.

"Ahm, sandali na lang at maluluto na ito."

Hindi ako sumagot at imbes ay nagsalin ng tubig. "Tomorrow night."

"H-Ha?" takang tanong niya at inihinto ang ginagawang paghuhugas sa malunggay na ilalagay niya sa niluluto.

"Dance for me."

Nakita ko kung paano niyang kinagat ang labi at napahigpit ang hawak ko sa baso para pigilin ang sarili ko. Oras na halikan ko siya ay malalaman niya kung sino ako. But God knows how much I want to kiss her again.

"Oo." mahinang tugon niya at pinagpatuloy ang ginagawa.

"Tawagin mo na lang ako kapag kakain na."

Kinabukasan ay pumasok na nga siya sa trabaho gaya ng inaasahan ko at halos hilahin ko na ang araw para gumabi na. Hindi na ako mapakali at sabik na masaksihan ang performance niya. Kinagabihan matapos naging kumain ay pasimple na akong pumorma sa may sala habang hinihintay siya.

And damn it if all I wanted to do that moment was to snatch her up to my room and f*** her sideways. Her body changed and she became more curvy. Napakakinis niya pa rin dahil alam kong maalaga siya sa kaniyang katawan. She looked so freaking edible while walking closer to me even if she's trying to cover herself. She's even more sexy now than back then. Her hips,

oh her wide hips that I often hold onto before as I drove myself inside her. It's always been my favorite part of her. That and her... pearl of course.

I to lang dapat. Ako lang dapat ang audience mo, Beth. Ako lang dapat ang nakakakita ng katawan mo. Ako lang dapat ang nag-iisip kung ano ang gagawin ko sa'yo.

I smirked behind the mask and dimmed the light a little for added effect before spreading my legs wide. Mayroon ding malamyos na background music na inihanda ko pa para sa kaniya.

Sinenyasan ko siyang magsimula na at sa umpisa ay maliliit na paggalaw at pagkumbot lang ang ginawa niya.

"Oh, you can do better than that, Beth. Nasaan na ang galing mo sa paggiling noon sa ibabaw ko?" pabulong kong tanong sa sarili ko bago nilakasan ang sunod kong sinabi. "Your moves are not even worth a hundred pesos, Elizabeth. Come on, show me your worth." naiiling kong anas.

Sa sinabi ko ay bahagyang nadagdagan ang paggalaw niya, ngunit hindi ko mapigilang mainis na hindi siya makatungin sa akin.

"Look at me, damn it!" I demanded and she flinched before she stared at me.

Nagpatuloy siya sa pagsasayaw, ngunit natigilan ako nang makarinig ng mahihinang paghikbi sa kabila ng background music.

"Stop it." I told her calmly, but she continued dancing and that's when I snapped and stood up. "I said stop! Go back to your room Go!"

Pinanuod ko kung paano siyang magtatakbo pabalik sa kwarto niya habang mabilis na bumababa at tumaas ang dibdib ko. Nangingibabaw sa akin ang galit, ngunit nariyan ang awa at konsensya sa ginagawa ko sa kaniya.

Sa galit ay nasuntok ko ang pader at hindi ininda ang sakit na idinulot nito. Ipinikit ko ang mga mata ko at muling bumalik ang aral na itinuro ng aking ama bago siya mawala.

"Conscience is for the weak, son. If they hurt you, hurt them twice. Don't ever forgive those who hurt and trample you until they're begging you to stop."

Kabanata 11
12 - 15 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Isang linggo ang mabilis na lumipas matapos ang gabing iyon. Nang gabing napilitan akong magsayaw sa harap niya at nang gabing magalit siya.

Araw-araw pa rin akong nagluluto ng almusal bago pumasok sa trabaho, ngunit madalang ko siyang makita. Kadalasan pa ay uuwi ako at makikita ko pa rin ang niluto kong almusal na nakatatakpan at malamig na.

Naiintindihan ko naman na nagalit siya. Sino ba naman ang matutuwa kung iiyak ang pinagsasayaw mo na parang isang bata na pinilit ng ina niya? Pero sana ay naintindihan niya rin naman na labag ito sa kalooban ko. Diyos ko, ganoon pa lang ay naiyak na ako. Paano pa kapag mas malala ang gusto niyang ipagawa? At paano ako magkakalakas ng loob na gawin ang mga extra tasks na binanggit niya na sadya namang malalaswa?

Sa ikasampung beses ng araw na iyon ay napabuntong-hininga ako habang pinaglalaruan na lang ang gulay sa pinggan ko.

"Hey, gorgeous."

Hindi ko tinigilan ang ginagawa ko at tumingin lang sa bagong dating na si Justin. Nang araw na iyon, lubos-lubos ang pasasalamat ko na may kaibigan akong kagaya niya at sinagip niya ako sa labis na kahihyan. Kung wala siya, sino kaya ang tutulong sa akin ng araw na iyon? Si Godric ba? I doubt it. May galit sa akin iyon at hindi niya sisirain ang imahe niya sa pagsagip sa babaeng nanuntok sa kaniya. Kahit pa.. kahit pa nangyari ang bagay na iyon sa pagitan naming dalawa.

Marahil kung hindi lamang sa mga Adan din attracted si Justin ay nagkagusto na rin ako sa kaniya.

"Bakit lunes pa lang pero biyernes santo na iyang pagmumukha mo?" nang-aasar niyang tanong at nagsimulang kumain.

Bahagya na ring humupa ang issue at pagbubulungan sa akin at unti-unti na ring bumabalik ang normal kong trabaho. Oo, iyong trabaho na hindi nila tinatambakan. Nagsisimula na rin nila akong muling kausapin, ngunit ako na ang kusang lumalayo muna. Ang nakapagtataka lamang ay hindi ko na nakikita pa ang dalawang nang-away sa akin. Suspended kaya sila?

"Sino ang hinahanap mo?" tanong ni Justin nang mapansing palinga-linga ako.

I diniretso ko ang katawan ko bago binitawan ang kutsara't tinidor. "Nagtataka lang ako na hindi ko nakikita ang dalawang iyon. Kadalasan naman ay nangingibabaw na ang mga boses nila."

Uminom muna siya ng tubig bago ako sinenyasang lumapit. Nagtataka man ay inilapit ko ang tenga ko sa kaniya at napasimangot nang hipan niya ito.

Kinuha ko ang hindi ko pa nagagamit na tissue at binato siya. "Bwisit ka."

Natawa naman siya sa kalokohan niya bago itinigil ang pagkain at ipinatong ang mga braso sa ibabaw ng mesa. Gwapo rin kung tutuusin itong bestfriend ko at maraming babae ang nagkaka-crush sa kaniya para lamang ma-disappoint na hindi si Eba ang hanap ni Justin.

"Sir Godric fired them."

Nanlaki ang mga mata ko sa narinig at bahagyang napasinghap bago tumingin sa paligid ng cafeteria at nagpasalamat na malayo kami sa iba.

"Seryoso? Bakit naman?" Gulilat kong tanong dahil una, hindi ba't bed warmer niya ang isa sa kanila? At pangalawa, hindi hamak naman na mas matagal na sa kumpanya ang dalawang iyon.

"Uyy, kilig siya." panunukso niya na ikinairap ko na lang.

Alam niya kasi ang history namin ni Godric. Bakit nga naman hindi, gayung naging magkaibigan kami matapos ang lahat sa amin ni Godric.

"Sira. Bakit nga? At bakit ako? Bakit hindi man lang ako suspended?"

"Baliw ka ba? Ikaw ang sinaktan nila kaya bakit ka isu-suspend? Ginawa iyon ni Sir dahil gumawa sila ng gulo at nanakit ng kapwa empleyado at hindi niya iyon mapapalampas."

"Ah. Oo nga naman."

Nakaramdaman ako ng dismaya sa narinig at uminom ng tubig. Ang tenga ko lang na naisip ko na

ginawa niya iyon dahil sa akin. Dahil sinaktanila ako.

"Disappointed siya." Pang-aasar muli ni Justin at sinamaan ko lang siya ng tingin. "Hey, love. Puntaka ba mamaya sa gettogether?"

Napakunot-noo naman ako bago pinagpatong ang mga ginamit. "Ha? Anong gettogether?" takakongtanong.

"Hindi ka ba na-inform? Nag-rent si Sir ng isang malapit na night club para sa lahat ng gustong pumunta. Taon-taon ay ginagawa niya iyan para na rin compensation sa mga empleyado."

Namilog ang mga mata ko at natigil sa pagpupulot ng mga butil ng kanin. "Wow. Ang mahal siguro no'n."

"Sobra. Pero anyway, huwag mo na isipin ang presyo at malulula ka lang. Ano, sasama ka ba? Sasama ako kung sasama ka."

"Ay sus. Bakit sa akin nakadepende? If I know naman magbo-boy hunting ka rin naman." pambabara ko sa kaniya at napangisi na lang siya. "Pag-iisipan ko."

Kinuha niya ang kamay ko at inalog-alog ang braso ko. "No! Anong isip-isip? Sumama ka na. Ito naman. Wag ka ngang KJ, Elizabeth Cruz. Please? Ang tagal na rin nating walang bonding."

Napabuntong-hininga ako sa pangungulit niya bago tumango. "Oo na. Oo na."

"Yes!" nakasuntok sa hangin niyang sabi bago muling kumain.

Napasapo na lang ako sa noo ko at palihim na tumingin sa paligid. Good thing na hindi naman tago si Justin kung hindi ay baka inakala na ng mga tao na sinagot ko siya. Tama nga ang hinala ko na may ibang patingin-tingin sa amin. Bakit nga naman hindi? Eh boss ko si Justin kung tutuusin. Wala pa akong isang buwan sa V. E. C, ngunit laman na ako ng paksa at pinagpi-piyestahan na ang buhay ko.

Nang mag-out kami ng five ay naghihintay na pala si Justin sa labas ng opisina at inakbayan ako bago kami sabay na dumiretso sa labas kasama ng iba. Bahagya pa akong na-sorpresa na may ilang nakahandang bus at nagsasakayan ang ibang empleyadon.

"Teka, hindi ba masyado pang maaga para sa party?"

"Well, yes. Pero nagpahanda na ang Vice President naman ng dinner para sa mga pamilyado at hindi na makakasama sa party. Mula doon ay diretso na sa night club ang mga gustong mag-party-party!" isinigaw niya nang bahagya ang huli kaya naman napalayo ako at pinalo siya sa braso.

Nagtaka na lang ako nang bumitiw bigla si Justin at lumayo nang bahagya at nang ialis ang tingin sa kaniya ay nakita ko si Godric na nakatingin sa amin kasama ang iba pang executives ng kumpanya. Sandali lang iyon dahil agad siyang nagbawi ng tingin at nakaramdam ako ng lungkot. Bakit pakiramdamko ay iniwasan niya ako?

"Tara na, love. Baka maubusan tayo ng mga matatakaw."

Magkahawak kamay kaming naglakad palapit sa kotse niya habang tumatawa. Para tuloy kaming high school students ulit. Na-miss ko ring makipag-bonding at hindi sa trabaho at bahay lang umiikot ang mundo.

"Ay, oo nga pala." bulalas ko nang may maalala.

"Ano 'yun?" takang tanong ni Justin matapos i-start ang kotse.

"Ah, wala. May nakalimutan lang akong i-text." pag-iwas ko sa tanong bago pinadalhan ng text si Zeus gamit ang cellphone na ibinigay ng assistant niya.

Medyo nakakapanibago na bago na ang cellphone ko at touch screen pa. Nangangapa pa rin akong gamitin ito at naninibago na hindi na matitigas na keypad at maliit na screen ang phone ko. Sa pagkakaalamko pa ay ito ang latest na model ng isang sikat na brand.

Binigay sa akin ng assistant niya ang number nila at hindi ko inakala na magagamit ko ito. Nagpipindot ako at sinabing may kailangan lang tapusin sa trabaho bago ito ipinadala sa kaniya. Alamkong nagsisinungaling ako pero baka magalit siya kapag nalaman ang totoo.

Ilang minuto makalipas at nang makarating sa restaurant ay hindi ako nakatanggap ng reply kaya naman napabuntong-hininga na lang ako. Ang buong restaurant ay naka-reserba para sa amin kaya naman makikita ang mga executives, mga artista, ilang kilalang pangalan sa larangan ng pagbabalita at kaming mga staffs and office workers. Malaya kong nakikita ang mesa ng mga bosses namin kung saan kasama si Godric at palihimko siyang pinagmamasdan.

Ito iyong mga sandaling mapapatanga ka na lang at mapapatang sa sarili mo kung paanong ang isang kagaya niya ay napansin ka at minsan ka pang minahal noon. Dahil kung titignan mo siya mula sa pwesto ko ay ang layo ng pagitan namin. Kung noon ay hindi niya ipinaparamdam sa akin ang lawak ng pagitan ng estado namin sa buhay, ngayon ay ramdam na ramdamko.

Sa isang banda, masaya ako na ang mahiyain at may sariling mundo noon na si Godric Villaterra ay tinitingala at hinahangaan na ngayon. Isa na siya sa mga kilalang pangalan at may-ari pa ng isa sa malalaking network sa bansa.

Napalis ang ngiti ko nang harapang bumulong siya sa katabing sikat na artistang si Monique at ang huli naman ay humagigik. Nagtama ang mga mata namin at kaagad akong nag-iwas ng tingin bago pa niya makita ang emosyong nasa mga mata ko.

Nagseselos? Oo. May karapatan ba ako? Natural wala. Kaya wala akong magagawa kung hindi makisama sa ibang mga ka-level ko habang lihim na nagtingitngit.

Matapos ang dinner ay makikita ang mga pamilyadong nais nang makauwi sa mga pamilya na nagsi-uwian. Habang ang mga natirang gustong pawiin ang stress sa trabaho ay muling sumakay sa bus at ako naman ay muling sumakay sa kotse ni Justin. May kirot sa dibdib kong tinignan kung paano inalalayan ni Godric si Monique pasakay sa sasakyan niya.

"I can smell jealousy all over the air and I thought I had a lemon scent air freshner." pagpaparinig ni Justin at tiyaka lamang ako natauhan at tumingin sa labas.

"Hindi ko alamang sinasabi mo." pagtanggi ko nang magsimulang umandar ang sasakyan.

"Love, ako pa ba? Huwag ako. You know what, kalimutan natin siya. F*** him. Let's have some fun, okay? Let's drink to death!"

"Game!" pagsakay ko sa energy niya at nang makarating sa club ay agad niya akong hinila sa isang tabi at dalawahang upuan para maupo.

"Anong gusto mong inumin, love?"

Inilibot ko ang tingin ko sa malaking club. Tingin pa lang ay halata mo na isa itong high class club. Ang mga kasama namin ay kaniya-kanya na rin ng upo. "Uhm, hindi ba parang malayo

tayo sa nga kaibigan at kakilala mo? Okay lang naman sa akin na makiupo sa kanila." alalang sabi ko sa kaniya sabay turo sa isang mesa kung saan sama- sama ang mga lalaking kaibigan niya.

"Pft. And risk my losing head? Nope. Dito na lang tayo. Mabubuhay naman sila kahit wala ako at isa pa, ikaw ang best friend ko."

Napakunot- noo naman ako sa sinabi niya at akmang tatanungin siya nang mahagip ng tingin ko si Godric at Monique. Magkasama ang dalawa sa isang mesa at ang babae ay halos idikit na ang sarili sa huli at siya naman ay walang katutol- tutol.

"Hard. Gusto ko ng nakakalasing, Just." Walang kurap kong sagot ko sa unang tanong ni Justin.

"That's my girl!" masayang sabi niya sabay order ng drinks namin at habang naghihintay ay nakisama kami sa iba na nagsimula na magsayaw sa gitna.

Hindi ko maiwasang matawa sa pagkakalog ni Justin at talaga namang hinayaan ko muna ang sarili kong magsaya kahit ngayong gabi lang. Hinayaan ko ang dating ako na lumabas kahit sandali. Iyong babae na wala pang gaanong problema. Iyong babaeng marunong pang enjoyin ang buhay.

Nang dumating ang order namin ay bumalik na kami sa mesa at hindi ako nag- aksaya ng oras bago uninom. Sa totoo lang ay hindi naman ako palainom, ngunit kapag ganitong may okasyon at lalong hindi ako gagastos ay tumitikim na rin ako. Sa buhay kasi kailangang maging praktikal. Lalo na kung gipit ka.

Napangiwi ako nang gumuhit ang matapang at mapait na lasa ng inumin bago nag- thumbs up kay Justin.

"That's what I'm talking about!"

Muling dumayo ang mga mata ko sa mesa nila at agad na nagsisi. Dahil kung kanina ay naglalandian lang sila, ngayon ay magkahalikan na sila na para bang walang ibang tao sa paligid. Alam ko naman, eh. Alam ko naman na iba na talaga siya at kung kanino na sya pumapatol. Pero masakit pa rin palang masaksihan mo mismo.

Agad kong pinahid ang isang butil ng luhan kumawala mula sa aking kaliwang mata at muling uminom, ngunit sa pagkakataong ito ay hindi ako tumigil hanggang hindi ko naubos ang buong bote at hindi pinansin na para bang nasusunog na ang lalamunan ko.

"I sa pa. Gusto ko pa." request ko kay Justin sabay sinok.

Dahil hindi palainomay kaagad kong naramdaman ang tama nito sa sistema ko.

"Sige, pero dahan- dahan lang naman, babae ka. Nagmamadali ka ba?" suway niya sabay tawag sa waiter.

Nangalumbaba ako sabay turo sa dance floor. "Sayaw tayo, Just." malamang ang mga matang aya ko sa kaniya.

"Sige, pero mag- C.R lang ako, ha. Huwag kang aalis." mariin niyang utos bago mabilis na tumayo.

Sinundan ko siya ng tingin bago napatingin sa dance floor kung saan nagsasayaw na rin pala ang dalawa. Si Monique ay nakahilig sa dibdib ni Godric habang ang huli naman ay nakayakap sa baywang ng babae.

Dahil may tama ng alak ay lumakas na ang loob ko. Pasuray-suray akong lumapit sa kanila.

"Hoy." tawag pansin ko sa dalawang nagsasayaw at natuon ang tingin sa babae. "Akin iyang sinasayaw mo." maangas na sabi ko sa babae sabay hablot sa buhok niya at inalis siya sa bisig ni Godric.

"At ikaw na lalaki ka, akin ka." sabi ko sa kaniya sabay hila sa kaniya at halik.

Kabanata 12

11 - 13 minutes

Elizabeth Cruz's POV

"--- bet h! Elizabeth h!"

Napakurap ako at tumingala para makita ang nakakunot- noong si Justin. "H- Ha? Ano iyon?"

"Ang sabi ko, natulala ka na ryan. Nakabalik na ako kaya tara na!"

Napakurap- kurap ako at muling bumalik sa dance floor at sa kinauupuan ko. Imagination lang? Nakahinga ako ng maluwag dahil hindi ko naman pala pinahiya ang sarili ko sa ikalawang pagkakataon.

Ano iyon, Elizabeth? Akin ka? Kailan ka pa naging possessive sa ex mo? Mahiya ka sa nga sarili mo. Marahil noon ay pwede mo pa syang angkinging iyo, pero ngayon? Ni wala kang karapatan na mapalapit man lang sa kaniya.

Umiling- iling ako at tinapik ang pisngi para magising bago tumayo. Inisang lagok ko ang isang basong tubig na nawala na ang lamig para mahimasmasan. "Tara!"

May mangilan-ngilan na ring nagsasayawan sa gitna. Ang iba ay magbabarkada na nagbabanggan ng katawan. Ang iba naman ay kumodong galaw ang ulo at katawan sa saliw ng kanta. At syempre, hindi mawawala ang mga couple na halos painitin na ang dance floor.

Nagsimula kaming magsayaw ni Justin na parang noong mga bata pa kami. Nakayakap ang mga braso ko sa leeg niya habang siya naman ay nakahawak sa baywang ko habang kusang gumagalaw ang mga katawan namin pasunod sa kanta. Lumiyad ako nang bahagya habang tumatawa at inalalayan naman niya ako sa baywang. Maya-maya pa ay lumapit sa amin ang barkada ni Justin at nakisayaw.

For some reason ay pilit akong inilalayo ni Justin sa isang barkada niya na gustong makipagsayaw sa akin. Come to think of it, mula nang maka-graduate kami sa College ay naging protective na siya sa akin. Para na siyang naging kapatid kong lalaki na itinatayo ang mga lalaki sa paligid ko.

Pero ngayong gabi, parang gusto kong magwala. Parang gusto kong maging pilya. Kaya naman bumitaw ako kay Justin.

"Okay lang, Just. I'll be okay."

"Pero ---"

"Nandito tayo para magsaya, hindi ba?" Pagkasabi noon ay bumaling ako sa kaibigan niya at ngumiti. "Hi."

Ngayong gabi, hindi isang manang o losyang ang tingin ko sa sarili ko. Ngayong gabi, isang maganda at seksing Elizabeth ang naririto.

Ngumisi naman ang lalaking hindi rin naman magpapahuli ang hitsura. May hawig siya kay Richard Gomez. "Hello."

Sa una ay nagsimula sa nahihiyang galaw ang sayaw namin hanggang sa naging pangahas ang kamay niya at marahan itong inilagay sa baywang ko. Nang hindi ako tumutol ay hinapit na niya ako palapit.

"Oh, sh**. This is not good."

Nagkatitigan kami at kahit na wala akong maramdamang attraction ay masarap pa rin pala sa pakiramdam na may taong attracted sa'yo. Kahit pa siguro ang gusto lang ng lalaking ito ay ang ikama ko.

Unti-unting lumapit ang mukha niya sa akin at bahagyang nanlaki ang mga mata ko. Hahalikan niya ako!

Bago tuluyang makalapit ang mukha niya ay dumilim ang buong paligid at kasabay nito ay ang paghila sa akin palayo sa kasayaw ko. Bahagya akong napadaing sa paraan nito ng pagkakahawak sa akin. Hinila niya ako kahit na anong protesta at paglaban ko palabas at natigilan ako nang tuluyang makita ang lalaking humitak sa akin.

"G- Godric?" napapantastikuan kong tanong. Nang makabawi ay pinilit kong alisin ang paghawak niya lalo na ng mapansin kong sa direksyon ng itim na itim niyang sasakyan niya ako tinatangay. "Bitawan mo ako! Ako ba sa tingin mo ang ginagawa mo?!" inis kong tanong sa kaniya, ang espirito ng alak sa sistema ko ay natunaw na.

Pabigla niya akong binitawan at napahawak ako sa pulso ko na namumula na. Sinamaan ko siya ng tingin at siya naman ay magkadikit ang mga kilay habang nakatagis ang mga bagang.

"What was that?" bakas ang galit sa boses niyang tanong. "Surely you weren't about to kiss that guy in front of those people, Ms. Cruz?"

"At ano naman ngayon kung ganoon nga? I'm single kaya may karapatan akong makipag-mingle and do not even think of firing him kagaya ng ginawa mo kay Kirt, Sir." Hindi nagpatinag na sagot ko sa kaniya at diniinan ang huling salita.

Bumalatay ang galit sa mukha nya. "Ginagalit mo ba talaga ako, Elizabeth? You don't know what I'm capable of."

Napatawa ako ng pagak. "Ikaw ang hindi ko ma-gets. Bakit ba pinapakialaman mo ang buhay ko?"

"Because I don't want to see you whoring yourself out there." Walang prenong sabi niya.

Nagpanting ang mga tenga ko sa sinabi niya at hindi napigilan ang kamay nang dumapo ito sa mukha niya. "How dare you say that! Wala kang karapatang husgahan ako, Mr. Villatierra! Unang-una, wala tayong relasyon. Pangalawa, wala ka na roon kung ano ang gawin ko sa buhay ko!"

Nag-iinit ang mga matang tinalikuran ko sya. Hindi ako makapaniwala na nasabi niya ang bagay na iyon. Naguguluhan na ako sa kanya! Kung wala akong karapatang magselos ay dapat ganoon din siya. Dapat lamang na wala kaming pakialamanang dalawa. Pumara ako ng jeep at sumakay kahit pa hindi ko sigurado kung saan ito papunta. Ang mahalaga ay makalayo ako sa kanya.

Habang lulan ng jeep ay nag-ring ang cellphone ko. Hindi ko ito kaagad na kinuha dahil

nangangamba ako na baka bigla itong hablutin. Ito pa ang isang pangit sa maganda at mahal ang phone, maya't- maya kang matat akot na baka ma- holdap o manakaw ito sa'yo.

Sa huli ay sinagot ko na rin ito at nakitang si Justin ang tumatawag. "Hello, Just?"

Narinig ko syang napabuntong- hininga. "Love, bakit bigla kang nawala? Nasaan ka ba?"

Napakagat ako sa labi bago napatiningin sa kuko. "Pauwi na ako. Medyo.. nahilo na kasi ako at natakot din ako sa dilim Pasensya na, Just."

"Are you.. okay? Sana sinabi mo para hinatid na lang kita."

"Ayos lang talaga ko, Justin. Magkita na lang tayo bukas, ha? Bye."

Hindi ko na siya hinintay pang sumagot at kaagad na pinatay ang tawag bago muling itinago ang phone sa bag. Nangingining bumaling ako sa katabi kong kaedaran ko lang. "Miss, pwedeng magtanong? Anong byahe ba ito?"

"Santolan."

Napatapik ako sa noo. "Salamat, Miss."

Godric Villatierra's POV

I smirked softly when I caught her looking our way. Nagpanggap akong may ibubulong kay Monique na kanina pa dumidikit sa akin at kulang na lang ay kumandong sa akin at sakyan ako. Nang makitang umiwas siya ng tingin at bahagyang lumabi ay alam ko ang emosyong naglalaro sa mga mata niya sa mga sandaling ito.

Selos.

And I'll have fun making her even more jealous. Marahil dahil wala sa kanya ang atensyon ko. Marahil dahil hindi ko siya binibigyang pansin at marahil ay dahil hindi na ako ang Godric noon na sa kanya lang nakatutok ang atensyon. I don't really care. I want to make her burn with jealousy. I want to rub it in her face that I can get any woman I like now. Unlike before, I want to make her regret ever dumping someone like me. F***. Even the thought of it annoys me.

Hindi katulad noon, gusto kong mapagtanto niya kung gaano kalayo ang estado namin sa buhay. Gusto kong malula siya sa pagtingala sa kinaroroonan ko habang siya ay nasa baba.

At kahit na hindi ko naman talaga tipo si Monique ay napilitan akong sakyan ang panlalandi niya sa akin para mapagselos si Beth. I sang pantasya ng bayan at maraming lalaki ang gusto siyang makuha, ngunit hindi ako interesado dahil malinaw pa sa sinag ng araw na gusto niya akong gamitin para mas sumikat at para tumagal ang career niya. I sang bagay na hindi na rin bago sa akin.

Habang nasa bar ay hindi na nakapagpigil pa ang babae at siya na mismo ang humalik sa akin matapos ang ilang lagok ng alak. Hinayaan ko siya, ngunit ang mga mata ko ay nakatutok sa kanya. Nakita ko kung paanong gumuhit ang sakit sa mukha niya bago siya uminom nang uminom.

Marahan kong itinulak si Monique. Ayaw ko namang ipahiya siya sa harap ng mga tao at ayokong gumawa ng eksena.

"Bakit? Ayaw mo ba?" nang-aakit niyang tanong bago bumulong. "O mas gusto mo na tayo lang dalawa?" dagdag niya sabay pasimpleng dunggol sa harapang binti niya.

"Hindi naman. Ayoko lang na masira ang imahe ng isa sa mga star ng kumpanya." pilit ang ngiting nakapaskil sa mga labing sabi ko sa kanya sabay layo.

Tila naman na-offend siya kaya tumayo at lumipat sa pwesto ng iba. Nilabas ko sa kabilang tenga ko ang kwentuhan ng mga kasama ko sa table at muling bumaling sa dalawa para makitang nagsasayaw na ang magkaibigan sa dance floor.

I gritted my teeth as I watched how their bodies dance closer than they should. And f***, kung hindi lang bakla si Justin ay baka sinugod ko na sya ng sapak. I found myself staring at her as she dances to the music.

"Bakit kapag kasayaw mo iyang kaibigan mo ay ang galing-galing mong gumiling? Pero bakit sa harap ko ay para kang tuod?" tanong ko sa sarili ko sabay tawa ng pagak at inom ng alak.

I watched how she threw her head back with a laugh and it suddenly brought me back to before. Noong kaming dalawa ang nagsasayaw at gagawin din niya iyon at hihilahin ko sya palapit sa akin bago halikan. Nadagdagan ang pait ng alak sa sikmura ko dahil sa alaala ng nakaraan.

I tensed when a group of male approached the duo. Mukhang kakilala naman ni Justin ang mga ito, ngunit ang hindi ko nagustuhan ay nang lumapit ang isa kay Beth. Nakita kong tinangka syang pigilan ng kaibigan niya, ngunit may sinabi si Beth bago harap ang lalaki.

Napakuyomako sa kamao at kulang na lang ay durugin ang hawak na basong hawak.

"Godric, are you okay?" tanong ni Janet, ang executive producer ng kumpanya at pilit lang akong gumiti.

"Yes. Please excuse me ladies and gentlemen."

Hindi ko na sila hinintay pang sumagot at kaagad na tumayo papunta sa pwesto nila. I papakita ko sa lalaking iyon kung sino ang kinakalaban niya at pagkatapos noon ay ipapaalala ko kay Elizabeth kung sino ang nagmamay-ari sa kanya.

Nakita kong tumakbo sa kung saan si Justin pero hindi ko sya binigyang pansin at itinuloy ang paglapit. Ilang pulgada ang layo ko sa kanila ay biglang namatay ang ilaw at hindi ko ito ininda bago hinablot sa kamay si Beth palabas. Hindi ko makontrol ang galit at selos na naglalaban sa aking kalooban at ang tanging gusto ko lang gawin ay bumalik doon at sapakin ang lalaking humawak sa kanya. Gusto kong durugin ng maso ang mga kamay niya, ngunit ang lahat ng iyon ay natigil nang pagbantaan niya ako na huwag gagawin ang ginawa ko noon sa lalaking kumausap at nagtangka pang bumakod sa kanya. Kirt pala ang pangalan noong mukhang sugpo na iyon?

I let her walk away from me after she slapped me and I licked my lips. "Nakakarami ka na, Beth. Una ay suntok at ngayon ay sampal naman. Hindi na kita palalagpasin pa sa susunod at bibigyan kita ng leksyong hindi mo makakalimutan." sabi ko sa sarili habang pinapanuod siyang maglakad palayo at ngumisi.

Dalawang araw matapos ang gabing iyon ay nasubsob ako sa trabaho at hindi na nagkaroon pa ng oras na mag-isip ng paraan para makabawi. Bilang si Zeus naman ay inihiwasan ko pa rin sya at sa totoo lang ay minsan dito na ako natutulog sa kumpanya.

Humahangos na pumasok si Luke habang hawak ang isang magazine na isa rin sa pagmamay-ari ko.

Napataas ang kilay ko sa pagal niyang mukha. "Today's issue? Bakit kailangan mong

humangos?"

Parang nakakita ng multo si Luke habang inaabot ang magazine sa akin at halos umakyat naman lahat ng dugo ko sa ulo nang makita ang laman.

Dahil sa isa sa mga pages ng bagong labas na issue ay makikita si Elizabeth na naka-bikini.

"What the f***?"

Kabanata 13 (M)
12 - 15 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Malapit na akong mag-isang buwan dito sa kumpanya at napagtanto ko na hindi ko pa man lamang nabibisita ang ibang field. Kaya naman habang walang ginagawa ay sinamantala ko ang pagkakataon para maglibot sa ibang floor. Pasimple akong sumisilip sa mga studio kung saan nagaganap ang ibang live shooting. Sa M&V kadalasang nagaganap ang mga shooting ng reality shows ng network, ngunit dito rin naman ay may photoshoots at taping.

ang sarili kong muli syang kinukumpara kay Godric. Mula nang halikan nya ako sa aking paa at saglit man, ngunit naramdaman kong natigilan sya bago itinaas ang paghalik sa aking binti. Sunod ay ang pamilyar na paraan ng paghalik nya sa aking buong katawan. Ang mga dinaanan nya, ang paraan ng paghawak nya sa akin. At ang panghuli ay kung paano nyang awtomatikong pinigilan sa pag-angat ang aking tiyan nang maabot ko ang ruok ng kaligayahan.

Kung pagkakapareho lamang ay hindi ko na mabilang pa kaya naman hindi na ako nakatiis pa at kahit na nanghihina pa ay pinilit ko ang sarili kong maupo. At agad akong pinanlamigan nang makita ang kanyang likuran. Ang kanyang likod na may isang balat na hugis puso. Hinding-hindi ko makakalimutan kung sino ang nagmamay-ari noon.

Marahan akong napasinghap at kaagad na nanlabo ang aking mga mata na kanina lamang din ay lumuluha, ngunit sa ibang rason. "Godric?" garalgal ang boses na tawag ko sa kanya.

Hindi iyon isang hula. Hindi isang sapantaha. Iyon ay pagtawag sa isang taong kilalang-kilala ko.

Nakita ko kung paano syang natigilan bago humarap sa akin at ang kanyang mga labi ay napalitan ng isang ngisi. At sa aking harapan din ay tinanggal nya ang suot na mask at kahit pa nakaposas pa rin ang mga kamay ay napatakip ako sa bibig.

"Kilala mo pa rin talaga ako, darling. Was it how I made you c*m? Or was it just a lucky guess?"

Pakiramdam ko ay umakyat ang dugo ko sa ulo ko. Ang gulat na naramdaman ay napalitan ng galit at poot nang maalala ang mga pagkakataong pinagmukha nya akong tanga. Nang mapagtantong ang aking mismong ex ang bumili sa akin! At nang maalala ang isiniwalat ni Justin!

"Gago ka! I sa kang malaking gago! Pinagmukha mo akong tanga, Godric. Pinaglaruan mo ako!" galit na galit kong sigaw sa kanya at pinilit na ibalot ang sarili gamit ang kumot bago sinimulang tanggalin ang leather cuffs gamit ang mga ngipin ko.

"And I had fun doing it, darling. You've always been easy to fool." pang-aasar pa nya habang tila walang paking sinimulang punasan ang mukha. "Damn, you made a mess of me. Squirter ka pa rin pala?" dagdag insulto nya at kung hindi lang galit ang naramdaman ko sa mga oras na ito ay baka gusto ko nang lumubog sa ilalim ng lupa.

Nang matanggal ang strap ng isa ay ginamitan ko na ng kamay ito upang matanggal ng tuluyan sabay hagsi dito.

"Paano mo nagawa iyon kay Justin, Godric? Sinamantala mo ang kahinaan nya!" panunumbat ko sa kanya matapos ayusin ang pagkakapulupot ng kumot sa katawan ko.

"At nakinabang naman sya. Your point?" walang paki nyang sagot habang inaayos ang buhok.

"Talaga bang nag-iba ka na? Talaga bang hindi na ikaw ang lalaking nakilala ko na may paki sa ibang tao?"

Mahina syang tumawa na para bang nakakatawa ang sinabi ko. "Akala ko naman ay alam mo na. News flash, Beth, yes, I am not the same man anymore. I am no longer weak. I no longer care about anyone else." malamig ang tono at tila walang buhay na mababakas sa mga mata nya sa mga sandaling ito.

"At ako? Bakit mo itinaboy ang mga lalaking may gusto sa akin noon? Bakit mo inutusan si Justin at bakit mo sila binayaran pala lumayo sa akin?"

Mariin nya akong tinignan sa mga mata at halos dumaloy ang lamig sa aking buong katawan dahil sa paraan ng pagtitig nya. Taliwas sa init na ipinaramdannya sa akin kanina.

Lumapit sya sa akin at napapiksi ako nang itaas nya ang kamay at marahang haplusin ang pisngi ko. "Isn't it obvious, darling? Because you don't deserve anyone. Because you are better off alone and I'll make sure of it."

Napayuko ako at nagsimulang pumatak ang mga luhan ang bawat butil ay puno ng galit, dismaya at sakit.

Napakatanga mo, Elizabeth. Nagpadala kang masyado sa emosyon mo at ngayon ay huli na dahil nahulog ka na sa pain nya. All this time ay nakokonsensya ka at inakala mong sa ibang lalaki mo inaalay ang sarili at serbisyo mo, ngunit iisa lamang pala sila. Napakatanga mo para hindi sya mabasa kaagad. Napakaraming signs. Napakarami nilang pagkakahalintulad na hindi mo pinansin!

"Labas." mahina at garalgal kong sabi.

"Bakit? Hindi ka ba nag-enjoy sa ginawa natin, darling?" patuloy nyang pang-iinis at hindi na ako nakapagpigil pa.

"Labas! Lumabas ka! Ayoko munang makita iyang pagmumukha mo dahil nasusuklamako!" hindi ko napigilang sigaw sa kanya habang nakaturo sa pinto at habang walang patid na bumabagsak ang mga luha.

Hindi sya kaagad na sumagot at tumingin lang sa akin at ganoon din ang ginawa ko. Lumaban ako sa mga tingin nya at ipinabasa sa kanya ang emosyon sa mga mata ko. Gusto kong makita nyang hindi ako nagbibiro.

"The feeling is mutual, Beth." hayag nya bago naglakad palabas at hindi na lumignon pa.

Pabagsak akong humiga sa kamang kanina lamang ay saksi sa isang mainit na kaganapan. Saksi kung paano akong humalinghing at umungol dahil sa lalaking una pa lang pala ay binalak na akong lokohin at paglaruan. Ang malala pa ay kahit alam ko na ang totoo ay hindi nito mababago ang katotohanan na ako'y nabili pa rin nya. Na ako ay nakatali pa rin sa kanya.

Gayunpaman ay sinubukan kong umaktong normal. Gigising pa rin ako sa umaga para ipaghanda kami ng almusal, ngunit iiwasan ko sya at ituturing na hindi nakikita. Kapag papasok naman sa kumpanya ay iiba ako ng daan kapag nalikita ko sya at sa hapon bago umuwi ay kakain na ako sa labas at ipagluluto na lang sya bago umakyat at nagkukulong sa kwarto.

Alamko, gawaing bata, pero ayaw ko pa syang harapin ngayon. Masyado pa akong nasaktan sa mga ginawa nya. Mula sa paggamit nya kay Justin, sa pagkontrol nya sa buhay ko, at maging sa pagpapanggap na sya si 'Zeus'.

"Nabayaran ko na sya, Elize. Hindi sya pumayag noong una pero halos isaksak ko na sa baga nya iyong kalahating milyong binigay nya sa akin noon. Akala ko nga sisisantehin nya ako kaagad, mabuti na lang at hindi." balita sa akin ni Justin isang hapon habang kumakain kami sa cafeteria. "I'm officially fully paid and free from his controlling mind. Yay!" masiglang dagdag nya na nagpangiti sa akin.

Naging malikot ang mga mata ko at nilaro-laro ang nguso ng bote ng soft drink. "Masaya ako para sa'yo." nakangiting sabi ko sa kanya, ngunit lumabas iyon na isang ngiwi.

Agad namang nawala ang ngiti sa labi nya at napalitan ito ng pag-aalala. May nangyari ba? Sinaktan ka ba nya?"

"May bagay akong hindi sinabi sa'yo, Justin."

"Ano iyon, love?"

Dinilaan ko ang tila nanunuyo kong mga labi kahit pa isang basong tubig ang naubos ko. "Ibinenta ako ni Tiyong dalawang buwan na rin siguro ang nakakaraan sa isang ilegal na auction. At ang nakabili sa akin ay walang iba kung hindi si Godric." simula ko bago pagak na napatawa at napayuko. "Noong una ay nagpanggap pa syang ibang tao pero nabuking ko rin sya."

Nakita nya marahil ang pagpipigil ko ng emosyon kaya naman inaya nya ako sa office nya at doon ay muli akong napaluha.

"Sobra na sya, Elize! Hindi ko inakalang magagawa nya ito. Makikita nya. Makikita nya!" bakas ang galit sa boses ni Justin bago sya tumayo para marahil harapin si Godric, ngunit pinigilan ko sya.

"Huwag na, Just. Oo galit ako dahil sa ginawa nyang paggamit sa'yo at minanipula nya ang buhay ko, ngunit nariyan din na hindi ko magawang tuluyang magalit dahil iniligtas nya ako. Kahit naman hindi sya ang nakabili sa akin ay nakatakda pa rin akong bilhin ng kung sinong lalaki, Justin. At nagpapasalamat na lang din ako na sa kanya ako bumagsak."

Natigilan sya bago kinuha ang mga kamay ko at muling naupo. Mataman nya akong tinitigan bago napabuntong-hininga.

"Diyos ko, love. After all this time ay sya pa rin talaga? Matapos lahat ng ginawa nya ay mahal mo pa rin sya?"

Alam ni Justin ang totoo. Alam nya ang dahilan kung bakit ako napilitang makipaghiwalay kay Godric noon.

Mapait akong ngumiti. "Kaya nga doble ang sakit ng ginawa nya, Just. Sinaktan ko sya ng labis noon, eh. Hindi ba't patas lang naman na gawin nya rin iyon sa akin?" malungkot ang mga matang tanong ko sa mahinang boses.

Pinisil nya ang kamay ko habang nakatingin sa akin na may pag-intindi sa mga mata. "Pero hindi nya alamna mahal mo pa sya, Elize. Marahil kapag nalaman nya ay tumigil sya. Marahil ay mahal ka pa rin nya."

Muli akong napangiti ng may pait at sakit. "Kung mahal nya pa ako ay hindi nya ako magagawang saktan ng ganito. Iba na sya, Just. Ibang-iba na sya at sa totoo lang ay unti-unti na akong natatakot sa bagong sya."

Kinahapunan bago mag-uwian ay hindi ko inaasahang makakasalubong ko sa isang hallway ang isang pamilyar na mukha.

"Elizabeth?"

Dahil bahagyang nakayuko at lumilipad ang isip ay bahagya pa akong nagulat at napatungin sa tumawag sa akin. Noong una ay hindi ko sya nakilala dahil sa kawalan ng salamin sa mukha nya, ngunit nang makilala ay namilog ang mga mata ko.

"Lucas? Lucas Managbanag?" natutuwa at gulat kong pagkumpirma.

Ngumiti sya bago tumango. "Mabuti naman at tanda mo pa ako, Elizabeth."

At bakit nga namang hindi ko sya makikilala, gayung bago si Godric ay sya ang aking unang crush? Ang aking manligaw, ngunit hindi ko sya sinagot noon dahil sixteen pa lamang ako.

Napakalaki ng pinagbago rin nya at halos hindi ko sya nakilala. Oo nga't noon ay talaga namang may hitsura sya, ngunit ngayon ay dumoble ang karisma nya. At hindi ko sinadyang mapansin ang mamahalin nyang suit na suot. Malayo sa ukay- ukay kong damit.

"Wow. Ang laki ng pinagbago mo, Lucas."

Ngumiti sya at lumitaw ang pantay- pantay nyang mga ngipin. "Thank you, Elizabeth."

"Wait, dito ka ba nagtatrabaho?"

Marahan syang umiling bago may kinuha sa loob ng suit nya at iniabot sa akin ang isang kaheta.

"I am the President of MFurnitures and I just signed a contract with V.E.C and M&V for a partnership." smarte nyang sabi sa akin at halos lumuwa ang mga mata ko sa narinig. Inilahad nya ang kamay at tulala ko itong tinanggap bago nahiya nang pisilin nya ang kamay ko. "At mukhang mapapadalas ang dalaw ko rito." dagdag nya na may makahulugang ngiti sa mga labi.

mdream.com

Kabanata 16

12 - 16 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Habang abala sa ginagawa ay may ulong sumilip sa aming opisina. "Hi, everyone! Pwede ko bang mahiram si Ms. Elizabeth Cruz para maging assistant ko for today?"

Napanganga ako nang bahagya sa sinabi nya at napatingin sa aking boss na kilalarin naman ni Justin. "Sige. Wala naman kaming masyadong ginagawa ngayon." ang mabait na sabi ni Sir Erol.

"Thanks, Erol. Ang bait-bait mo talaga. Sayang lang talaga at straight ka." pilyong sabi ni Justin na ikinatawa na lang ni Sir Erol. "Tara na, Elize." aya nya sa akin habang inaalalayang bukas ang pinto.

Naiiling kong inilipit ang mga gamit ko bago pinatay ang laptop. Inilagay ko ang mga gamit kong muli sa shoulder bag ko bago ito sinukbit at tumayo na. Iniwas ko ang tingin ko sa iba dahil sigurado akong nakatingin sila sa akin lalo na ang mga taong hanggang ngayon ay natutuwa pa rin sa akin. Note the sarcasm.

Nang dumaan ako sa pinto ay bahagya kong siniko si Justin at napaigik naman sya bago sinara ang pinto. "Talagang gusto mo akong nilalagay sa alanganin, ano? Pwede mo naman akong i-text. Nilandi mo pa ang boss ko." Nakairap kong sabi sa kanya habang naglalakad kami papunta sa elevator.

"Have you seen your boss, love? Kulang na lang ay tawagin syang kambal ni Aga Mulach! Sobrang sayang lang na straight sya." Napapalatak nyang sabi bago ako inakbayan at sya na mismo ang nag-pindot sa elevator. "I sa pa, ano namang thrill ng text?"

"Sus. Baka may pinagpapa-cutan ka lang doon. Gagamitin mo pa ako." natatawa kong sabi sa kanya dahil kilala ko na si Justin. Maloko sya at isa pang takot sa commitment.

"Napansin mo? Close ba kayo ng ka-office mate mo na si Denver?" napapakamot sa batok nyang tanong at itinulak ko sya palayo sa akin bago naunang maglakad nang bumukas ang

elevator.

Tumigil ako sa paglalakad at hinarap sya. "Sinasabi ko na! Hoy, matatagot ka nga sa sakit. At si Denver? May girlfriend na iyon."

Umakto syang parang sinaksak sa puso. "Sayang. Akala ko pa man din sya na ang 'The One' ko."

"Mukha mo. Pang-ilang beses mo na ba iyang sinabi? At teka nga, saan mo ba ako tinatagay?" nakapamaywang kong tanong sa kanya.

"Sa isang taping. Kailangan ko kasing mag-observe roon at ang boring naman kapag mag-isang ako. Naisip ko rin na hindi ka pa nakakapanuod ng isa, ano?"

Sa narinig ay bahagya namang nagningning ang mga mata ko. "Hindi pa nga." Sumakay kami sa sasakyan nya at nagbukas ng topic. "Just, ano ba ang ginagawa ng project manager?"

"Well, basically, ako ang nagpapalayo, naging-organize at naging-manage ng isang proyekto, sa akin nakasalalay ang completion at success ng mga proyektong ginagawa ng kumpanya. Halimbawa, ako ang mag-decide kung sa palagay ko ba ay magiging success ang isang drama kasama ng iba at responsibilidad kong siguruhing walang magiging aberya dahil patay ako sa higher-ups kapag nagkatapon."

Napatango-tango naman ako sa narinig. "Wow. Parang ang bigat naman ng trabaho mo."

"Sobra." tugon nya na hinabaan ang salita.

"So anong drama ang pupuntahan natin?" bahagyang sabik at kumikinang ang mga mata kong tanong ko.

"Gone with the Wind."

Sa sagot nya ay nawala ang ngiti ko sa labi at napasimangot. "Ah, okay." Walang gana kong sabi sabay tingin sa labas.

Narinig ko namang napatawa sya. "Ay bakit ganyan ang reaksiyon? Dahil ba si Monique ang bida?" panunukso nya at kung hindi lang sya nagmamaneho ay binatukan ko na sya.

"Shut up."

"Maiba ako, love. I think I saw a familiar face two days ago yata. Tanda ko ang mukha nya kasi first crush mo sya, hindi ba?"

"Si Lucas."

"Yep, him. Nagkitar in kayo?"

"Oo, Just. Ang laki ng pinagbago nya sa hitsura at sa estado sa buhay. Ako lang yata talaga ang hindi umangat sa buhay dahil hindi ako nakatapos." may himig biro kong turan.

"Don't say that, woman. Huwag mo ngang maliitin ang sarili mo. I sa pa, tignan mo nga ang swerte mo, love, dalawang mayamang lalaki ang nagpaparamdam sa'yo."

"Heh! Magmaneho ka riyan." singhal ko sa kanya na ikinatawa nya. "Binati lang naman nya ako. He was just being polite."

"Hindi rin siguro. Lalaki rin ako, love. Alamko ang likaw ng bituka namin."

Kasabay ng pagsabi nya noon ay nakatanggap ako ng text at nang tignan ko ito ay lumitaw ang pangalan ni Lucas. Bago kasi kami maghiwalay ay nagpalitan kami ng number to catch up. Naging magkaibigan at magkaklase rin naman kasi kami noon bago ko sya naging manliligaw kaya wala akong nakitang masama.

'Hey, Elize. I'm free later, pwede ba kitang ayaing kumain sa labas for dinner? Don't worry. It's a friendly date. Unless... may magagalit.'

Napakagat ako sa labi ko dahil a text nya. Gusto ko syang pagbigyan at nakakatuwa rin namang makipag-bonding sa dating kakilala, pero paano? Siguradong hindi ako papayagan ni Godric.

"Bakit ganyan ang mukha mo? Sino ang nag-text?" usisa ni Justin habang traffic.

Pabuntong-hininga kong ibinaba saglit ang phone ko sabay sandal. "Si Lucas. Nag-aaya syang kumain sa labas mamayang gabi."

"So? Bakit parang nagdadalawang-isip ka? Don't tell me na si Godric ang iniisip mo? God, Elize. You're single and I will no longer stop you from mingling. You're free to do whatever you want."

"Hindi iyon ganoon kadali, Justin. Alam mo iyan."

Suminghot sya bago muling pinaandar ang kotse. "Right. Nakalimutan kong meron ka nga palang possessive ex."

Nang dumating kami sa shooting site ay halos nakasunod lang ako kay Justin at kahit ano namang hiwalay ko sa kanya ay pilit nya akong inaakbayan. Halos pinagtitinginan na kami ng ibang nakakakilala sa kanya at ang iba ay bumati pa at nagtaka nang makita ako.

"Hi, guys. Meet Elize, sya ang assistant ko for today. Sya ang naikwento ko sa inyong best friend ko. Say hello, love." buong giliw na pakilala nya sa akin sa mga kakilala at katrabaho at nahihiya naman akong kumaway at ngumiti.

Hindi rin kasi ako ang tipo ng taong natutuwa kapag may kasamang mayaman o mataas ang posisyon sa harap ng iba. Hindi ko ipinagmamalaki na may ex akong President ng company nya at best friend na project manager.

"Go back to work, guys. I'm just here to observe."

Agad na nahanap ng mga mata ko ang isa sa mga kilala at talaga namang pantasya ng bayan na si Monique. Bakit naman nga hindi? Hugis coke ang katawan, may malaking dibdib at puwit na talaga nang kinababaliwang aspeto ng karamihan sa mga lalaki. May maamong mukha at mapang-akit na ngiti.

Hindi ako ang tipo ng babaeng madaling ma-insecure sa estado sa buhay at sa panlabas na anyo, ngunit hindi ko maiwasang maalala kung gaano kaperpekto silang tignan noon ni Godric. Bagay na bagay silang dalawa. Hindi naiwasang kumiro ng puso ko sa naalala at sa iniisip.

Nang magsimula ang taping ay iniwan ako ni Justin sa isang tabi para kausapin ang direktor. Inabala ko ang sarili ko sa panunuod at talaga namang masasabi kong hindi lamang puro ganda si Monique dahil may maibubuga rin sya sa acting. Maging ang kanyang leading man na si Martin Del Carmen ay hindi rin papahuli.

Ang eksena nila ay dating mag-nobyong nagkitang muli. Isang may ambisyong babae ang character ni Monique at nang makitang walang mapapala sa piling ni Martin ay nakipaghiwalay upang sumama sa isang may asawa. Ngayon, muli silang nagkita at mayaman

na ang kanyang ex na iniwan at sinaktan habang sya'y nanatiling isang kabit lamang na tagong pinupuntahan ng lalaki. Muling binabalikan ni Monique si Martin dahil mahal pa rin daw nya ang lalaki, ngunit muhi naman ang nararamdaman ng lalaki sa kanya.

Habang nanunuod ay hindi ko na napansin pa na nadadala na pala ako ng mga eksena at linyahan. Hindi ko maiwasang isipin na may pagkakahalintulad ang kwento namin ni Godric sa kanila. Ang pinagkaiba lamang ay hindi ako nagmamakaawang balikan ni Godric dahil wala akong masandalan at desperada na. Hindi. Hinding- hindi iyon mangyayari.

Nang matapos ang taping ay bumalik na si Monique sa kanyang upuan habang nagpapahid ng mga luha na parang wala lang. Pagkuwa'y kinuha nya ang cellphone at nang mabasa ang text ay humagikgik na parang kinikiliti sa singit.

Agaw pansin ang pagdating ng isang pamilyar na itim na kotse at nanigas ako sa kinatatayuan ko.

"Bakit sya nandito?" bulong ko sa aking sarili at desperadong hinanap ng mga mata si Justin, ngunit nawala syang parang bula.

Gusto kong igalaw ang katawan ko paalis at patago. Mula nang mangyari ang aming sagutan ay hindi ko pa sya muling nakakausap at hindi pa rin ako handang kausapin sya.

Nagsilapitan ang lahat ng staffs and crew sa bagong dating para bumati. Bakit nga naman hindi? Gayung ang may-ari ang dumating para bumisita.

Hindi ko naiwasang tignan si Monique na malagkit ang tingin sa bagong dating na si Godric at nakaramdam ng lungkot at selos nang mapagtantong dumalaw ito sa taping ng huli. May relasyon na ba sila? Pero ano iyon? Bakit ginawa pa rin nya sa akin ang bagay na iyon? Nanlamig ako sa naisip. Huwag mong sabihing balak nya akong gawing kabit?

"I was nearby so I decided to drop by." dinig kong pagdadahilan ni Godric at napaismid ako nang ngumiti sya sa lahat.

Nagtinginan ang lahat at ang iba ay dumapo ang tingin kay Monique na nakalapit na. Hinuha ko ay iniisip din nila na sumadya talaga ang presidente ng V.E.C para sa kanilang aktres.

Nagtama ang mga mata namin ni Godric at bahagyang nag-iba ang ekspresyon ng mukha nya, ngunit kaagad kong iniwas ang tingin ko at saktong namang bumalik si Justin.

"It's lunch time, love. Gusto mo bang makikain na tayo sa kanila bago tayo bumalik sa opisina?"

Sandali akong nag-isip. Kung aalis ako, magmumukha akong talunan sa kanya. Kung mananatili naman ako, iisipin nyang para pa rin ito sa kanya.

Mabilis akong umiling. Bakit ba iniisip ko kung ano ang iisipin nya gayung hindi naman sya naparito para sa akin? Kastigo ko sa aking sarili bago tumango kay Justin.

Tatlong mesa ang nakahanda para sa lahat ng mga tao at kasama namin ni Justin sa mesa ang ilang sa production crew. Nagkukwentuhan sila, ngunit ako ay nanatiling kumakain lamang. Pinigilan ko ang sarili kong ilibot ang aking paningin at binilisan na lang ang pagkain para makaalis na.

"Just, balik na tayo sa office after nito, ha?" pagsusumamo ko sa best friend ko at naintindihan naman nya ang gusto kong ipahiwatig.

Matapos kumain ay naglakad na kami pabalik sa kotse nya at para namang sinasadyang

magkatabi lang ang mga kotse nila ni Godric. Bago tuluyang makasakay sa kotse ay may tumawag kay Justin kaya naman bahagya syang lumayo at naiwan akong nakatayo roong parang tanga habang may dalawang taong naglalalandian sa tabi ko.

"Tapos na ang shooting ko for today, why don't we go somewhere... private." dinig kong panlalandi ni Monique at halos kilabutan ako.

"Sige, sumabay ka na sa akin pabalik."

Bahagyang napakuyom ang kaliwang kamay ko sa narinig na sagot ni Godric at nagtagis ang aking mga bagang. Bago pa ako tuluyang lamunin ng selos ay nagbalik na si Justin, ngunit may pag-aalala sa mukha nya.

"Love, I'm sorry pero kailangan kong umuwi. Hinimatay na lang daw kasi bigla si tatay." mangiyak-ngiyak nyang sabi at agad ko syang hinawakan sa kamay.

May condo sa maynila si Justin, ngunit ang bahay nila ay sa Bulacan pa.

"Sige, sige. Okay ka lang ba? Gusto mo bang samahan kita?"

Umiling sya bago pinahid ang luha. "Ayos lang ako, Elize. At huwag na. Kaya ko na 'to. Dadaanan ko na rin si Prince at sabay kaming uuwi. Sya ang nagbalita sa akin." sagot nya sa gitna ng paghikbi na ang tinutukoy ay ang kapatid nyang nagtatrabaho rin dito.

"Sige. Okay lang ako, Just. May jeep naman. Huwag mo akong alalahanin, ha? Mag-ingat kayo pag-uwi at balitaan mo ako."

"I'm sorry, love. Mag-ingat ka at text mo rin ako kapag nakabalik ka na, ha?"

Mabilis akong tumango at pinagmasdan syang sumakay sa kotse hanggang sa makalayo ang sasakyan nya.

Maglalakad pa lang sana ako paabang sa jeep nang may magsalita. "Hop in. Dadaan din naman kami sa kumpanya."

Natigilan ako at tinignan silang dalawa. Si Monique ay nakataas ang kilay sa akin na para bang sinusubukan akong sumabay sa kanila at sirain ang date nila.

"Ayos lang, Sir. Sasaka- - -"

"I insist." pinal na pagputol niya sa sasabihin at napabuntong-hininga ako nang pasakayin na nya si Monique katabi nya sa likod habang ako ay katabi ng assistant nya sa harap.

Naging awkward ang naging byahe sa pagitan namin. Pinipigilan ko ang sarili kong tignan sila sa salamin at makita kung ano ang ginagawa nila sa likuran.

"I wanna make out with you, Godric. Pwede bang pababain mo na lang sya, kung sino man sya? Please, baby." pagmamakaawa ng babae sa likuran at hindi ako halos makapaniwala.

Ganito pala ang ugali ng artistang hinahanggan ng karamihan?

Sa narinig ay napatingin na ako sa rearview mirror at sakto namang nakita kung paanong ngumisi si Godric sa akin.

"Stop the car, Luke." utos niya sa driver bago ako kinausap. "Sorry, Ms. Cruz, seems like you'll have to walk."

Napanganga ako dahil sa gitna ng highway na hindi pwedeng magsakay lang naman nya ako pinapababa! Napahiya man ay itinaas ko ang noo ko at lumabas. Sinundan ko sila ng may pagningitngit sa aking mga mata bago kinuha ang aking cellphone at nag-reply sa text ni Lucas.

Tama si Justin. Walang paki si Godric sa anumang gawin ko. Kung pwede syang maglandi ay dapat ganoon din ako dahil wala naman kaming commitment sa isa't- isa.

'Pumapayag akong makipagkit a sa'yo, Lucas'.

m.dreams.com

Kabanata 17

12 - 15 minutes

Godric Villatierra's POV

Mula sa side mirror ay tinignan ko ang reaksiyon nya at nakita ko ang lukot nyang mukha habang sinusundan ng mga mata ang kotse.

I sighed before removing Monique's clingy hands from me and straightening my posture. "Turn back. Take another route and go back to the site." walang anumang utos ko kay Luke.

"Yes, Sir."

"Bakit? May nakalimutan ka ba, babe?" paglalambing ni Monique at hinarap ko sya bago ngumiti ng pilit.

"Oo. I kaw."

"What? P- Pero.."

"Look, you're beautiful. Maraming lalaki ang baliw sa'yo at gagawin ang lahat para makuha ang bagay na inaalay mo sa akin, pero hindi ako. I am not interested in bedding you." hindi ko na napigilan pang pagdiret sa sa kanya at nakita kung paano syang napanganga.

And it's frustrating, really. Before Beth came back to my life, I have been sleeping around without any regards to their feelings. I bed women every other night or whenever I feel like it. Tawag lang naman iyan ng laman. No strings attached ika nga. Mailabas mo lang ang init ng katawan mo sa babaeng willing din namang bumukaka o lumuhod sa harap mo.

Pero ngayon? Swerte na kung tigasana ako kapag may katabi o makita akong kasing-sexy ni Monique. Nawalan ako ng interes sa ibang babae at nawala ang kagustuhan kong maglabas ng libog. Wala, eh. Ang hinahanap ko ay ang mahubog, malambot, malasutla, mabango at nakakadarang na katawan ni Elizabeth Cruz. I want to do bad things to her and I hate the fact that I'm turning back to the old me when it comes to her.

There are many puss*** out there, but all I want is hers.

And that's why I'm ignoring her as much as I can. That is why I hate her more than anything else. And that's why I want to punish her.

"Are you kidding me? Bakit mo pa ako isinama kung ganoon? Pinagmumukha mo ba akong tanga, Mr. Villatierra? Ako? Si Monique na isa sa mga tinitingala at pinag-aagawang artista ng mga networks?!"

Oh, they can have you. Sagot ko sa aking isipan, ngunit hindi ko ito isina- boses. Hindi dahil sa takot akong mawala sya sa network namin, kung hindi dahil may imahe at reputasyon pa rin

naman akong iniingat an.

"I'm sorry, Monique. It's not you." pagsusubok kong pakalmahin at pagaanin ang loob nya, ngunit tila may invisible na bumbilya ang umilaw sa ibabaw ng ulo nya at napataas ang kilay nya.

"Oh, I get it. It's her, isn't it? Ginamit mo lang ako para pagselosin sya."

Napamura ako sa isipan ko. Hindi rin naman pala ganoong kasabaw ang utak nya.

"It's not what you think." pagkumbinse ko sa kanya, ngunit huminto na ang kotse dahil nakabalik na pala kami sa site.

Pilit syang ngumiti bago ako nilapitan at hinagkan sa pisngi. "Don't worry, Sir. Hindi naman ako chismosa at lalong hindi ako gagawa ng eskandalo." nakangiting sabi nya, ngunit nakikita ko ang ibang emosyon sa kanyang mga mata. "Salamat sa paghatid pabalik." sarkastika pa nyang dagdag bago bumaba.

"Sh**. This is not good." nakahawak sa noo kong sabi nang paandarin na muli ni Luke ang sasakyan. "Make sure she keeps her mouth shut, Luke."

"Yes, Mr. Villaterra. Where to now?"

"Home." tipid kong sagot bago sumandal at pumikit.

Kaagad syang pumasok sa isipan ko at nakaramdam ako ng inis. Hindi ito maaari. Hindi ako maaaring magpaapekto. Hindi maaaring madala ako ng mga aalala ng kahapon. Kailangan kong magmatigas. Kailangan kong ipakita sa kanya ang tunay kong nararamdaman ay iyon ay muhi.

Pagkauwi ay dumiretso ako sa kwarto at naligo lang bago nahiga sa kama para matulog. Hindi ko alamkung gaano ako katagal na nakatulog, ngunit narinig ko na lang ang tunog ng takong na pababa ng hagdan. Napakunot-noo ako at tumingin sa orasan para makitang 5:30 na. Kakatapos lang ng office hours, saan sya pupunta?

Tumayo ako at hindi nag-abalang magsuot ng pang-itaas bago lumabas at nakita ko syang pababa ng hagdan. Napatiiim bagang ako nang makita ang suot nya.

"Have a date?" nagngangalit ang mga ngipin kong tanong sa kanya at kaswal na ipinatong ang mga braso sa banister. Natigilan sya at tila nagulat pa nang makita ako kaya naman napatawa ako ng pagak. "Oh, sorry. Akala mo ba ay magtatagal ako sa labas at balak mong tumakas ng landi?" nanunuya kong tanong bago nagsimulang maglakad palapit sa kanya.

Naging malikot ang mga mata nya. "Hindi naman. Makikipagkita lang ako sa kaibigan ko na matagal kong hindi nakita."

I hummed under my breath and stopped before her. "And I'm guessing it's a man by how you're actually sneaking out?"

Napalunok sya at nag-iwas ng tingin. "Hindi lang naman sya ordinaryong lalaki, he's a fr---"

"No." pagputol ko sa anumang sasabihin nya.

"H-Ha? Anong hindi? Kaibigan lang sya, Godric. Kaibigan! Hindi ako isang ibon na hahayaan kang ikulong ako dito sa loob ng bahay mo!"

"Hindi ka isang ibon, ngunit isa kang babaeng binili ko ng pera ko kaya ako ang magsasabi

kung kanino ka makikipagkit a o kung kailan ka lalabas."

Hindi ko sya hinayaang sumagot bago sya hinawakan sa braso at hinitak paakyat.

"Ano ang ginagawa mo, Godric? Bitawan mo ako! Ano, pwede kang makikipagkit a kung kanino at ako ay hindi?! Bitawan mo ako!"

Ilang beses nyang sinubukang hilahin ang kamay nya, ngunit hindi ko sya hinayaan at mas hinigpitan ang hawak sa kanya. Imbes na sa kwarto nya dumiretso ay sa kwarto ko sya dinala at tinulak sya pahiga sa kama ko.

Kinuha ko ang nakakalat kong necktie at binalikan sya. "I'm doing this for you, Elizabeth. I'm saving you from the monsters out there."

"A- Anong gagawin mo?"

Hindi ako sumagot at imbes ay kinuha ang dalawang pulso nya at itinali sya sa headboard ng kama ko.

"This is for your own good."

"Pakawalan mo ako, Godric! Hindi tama ito!" galit nyang utos sa akin habang pilit na hinihila ang sarili.

"I own you."

Hinawakan ko sya sa baba at sinabunutan sa buhok bago inangkin ang kanyang mga labi. Bagay na matagal ko nang nais na muling magawa. Bagay na hindi ko magawa habang nagpapanggap akong ibang tao.

Mapang-akin, marubrob, mapag-parusang halik ang iginawad ko sa kanya. Gusto kong malaman nya na ako lang dapat ang sinusunod nya. Gusto kong maramdaman nya na ako lang may karapatang gumawa sa kanya nito at hindi ang lalaking kikitain nya. Gusto kong maalala nya na ako lang ang nagmamay-ari sa kanya.

"Treat them as your toy, son. Toys that you bought and own. At ano ang ginagawa sa laruan? Hindi mo sila dapat na ipinapahiram. Sa'yo lang sila dapat, anak. Sa'yo lang. Hold onto them until they're broken and useless."

Humiwalay ako nang bahagya bago kinagat ang pang-ibabang labi nya hanggang sa malasahan ko ang lasang dugo. "You're mine, Elizabeth. Your heart, body and soul. Your everything is mine."

Unti-unting naging malikot ang mga kamay ko pahaplos sa kanya at natigilan nang marinig ko ang paghikbi nya. Parang napapasong nabitwan ko sya at napalayo. Nakita kong umiiyak na sya habang sumisigok at masama ang pagkakatingin sa akin at puno ng hinanakit.

"You're that monster, Godric. I kaw ang halimaw na kailangan kong layuan para mailigtas ang sarili ko."

Elizabeth Cruz's POV

His gaze hardened and his fists clenched at his sides. "It won't change the fact that I own you. You do as I say at kapag sinabi kong hindi ka makikipagkit a kahit na kaninong lalaki ay susundin mo. O hindi mo magugustuhan ang gagawin ko." mababakas ang pagtitimpi sa boses na sabi nya bago ako iniwang nakatali.

Hindi ako nagsumigaw na pakawalan nya ako. Hindi ko sya tinawagan at pinakiusapang tanggalin ang pagkakatali sa akin. Nanatili lamang akong tahimik na lumuluha habang bahagya pang nanginginig sa takot dahil sa ginawa nya. Sa tuwing pipikit ako ay bumabalik sa isipan ko ang galit nyang mukha. Ang ginawa nyang pahitak at pagtali sa akin na parang isang asong ayaw nyang makawala at makalaya.

The Godric I used to know is not like this. Oo nga't seloso sya, ngunit hindi umaabot sa punto na kailangan nya akong itali para hindi makipagkita sa kaibigang lalaki. Hindi umaabot sa punto na hahalikan nya ako sa ganoong paraan.

Nang marinig na malakas na sumara ang front door at kasunod ay ang pag-start ng sasakyan nya ay sinubukan kong makawala gamit ang mga ngipin ko. Matapos ang nakakangawit at makabaling leeg ay nakawala na rin ako at itinaon ang necktie nya sa kama. Hinawakan ko ang mga pulso ko at malungkot na napaisip.

Ako ba? Ako ba talaga ang dahilan ng labis na pagbabago nya? Ito ba ang naidulot ng pananakit ko sa kanya noon?

Napabuntong-hininga ako bago tumayo at naglakad palabas. Kinuha ko ang bag ko at kinuha ang cellphone ko na may ilang texts at missed calls mula kay Lucas bago bumalik sa kwarto ko. Naupo ako sa dulo ng kama't sinapo ang noo bago pinadalhan ng text si Lucas at huringi ng paumanhin na hindi na ako makakarating pa dahil sumama ang pakiramdam ko. Ilang sandali pa ay nakatanggap ako ng reply mula sa kanya.

'It's okay, Elizabeth. Marami pa namang pagkakataon. Are you okay?'

Napatitig ako sa reply nya at ilang beses itong binasa. Hindi ba dapat ay kinikilig na ako? May isang lalaking nag-aalala sa akin matapos akong saktan ng isa pang lalaki. Pero bakit wala akong nararamdaman ganoon?

Pabuntong-hininga akong nahiga sa carpeted floor ng kwarto at nakipagtitingan sa kisame.

Sa kabila ng takot na nararamdaman ay nariyan pa rin ang lungkot sa puso ko. "Ano ba ang dapat kong gawin para bumalik tayo sa dati, Godric? Ano ba ang dapat kong sabihin para magbalik ka?"

Kinabukasan pagpasok ay agad kong napansin ang pagtitingin at ang pagturo ng iba sa akin. Pagkatapos ay magtatawanan ang mga ito at ang iba pa ay sasamaan ako ng tingin.

Deja vu. Parang kailan lang ay nangyari ito noong sinapak ko si Godric. Ano na naman ang nagawa ko para maging sentro ng chismis?

Gayunpaman ay naglakad pa rin ako papasok at pasakay sa elevator. Sumandal ako sa gilid at napansing nililingon ako ng dalawang babae sa harap ko.

"Totoo nga siguro ang balita kung pangalawang beses na ay kalat na naman ang pangalan nya. Sabi pa, obsessed sya kay Sir at halos magmakaawang isama sya kahit kasama ni Sir Godric si Monique." dinig kong sabi ng isa na halat ang ipinaparinig sa akin ang boses.

"Talaga? Grabe napakadesperado naman nya." sagot naman ng isa at nang bumukas ang elevator ay binunggo nila ako palabas.

Napabuntong-hininga na lang ako bago naglakad papunta sa opisina at ganoon din ang nangyari. Kali-kaliwang parinig ang narinig ko at bakit nga namang hindi kakalat ang pagiging 'obsessed' ko kay Godric gayung involved ang isang sikat na artistang ine-eplan ko eka?

Kung hindi ako nagkakamali ay dahil ito sa nangyari kahapon. Pinilit kong magbingi-bingihan at mag-focus sa trabaho kahit pa ang mga kasama ko ay nagpaparinig din. Nang lumabas sandali si Sir Erol ay kinuha itong pagkakataon ni Carla para lumapit sa akin.

"Bilib din talaga ako sa mukha mo, Elizabeth. Kung ako siguro ikaw ay nag-resign na ako dahil sa hiya. Biruin mo, pangalawang beses na ito. Hoy, dinig ko obsessed ka raw kay Sir. Totoo ba?" mataray at maangas nyang tanong habang tinutulak ang kanang balikat ko.

"Wala akong dapat na sabihin." tanging sagot ko sabay stapler ng hawak na mga papel.

"Ah, gan'on? Talagang may mukha ka pa ring magmatapang?"

Bago pa ako nakakilos ay napasinghap ako nang mabasa ako mula ulo hanggang damit ko ng malamig na tubig. Kasunod nito ay ang ilang tawanan at kahit si Lloyd na minsan akong pinagtanggol ay napailing lang bago bumalik sa ginagawa. Natatawag bumalik si Carla sa mesa at nakipag-apir pa sa kaibigan habang ako ay pinanatiling nakataas ang noo bago sinimulang punasan ang sarili, ngunit dahil pati damit ko ay nabasa ay lumabas ako para pumunta sa C. R. Kumuha ako ng tissue at sinimulang tuyuin ang mukha ko at damit.

"Wala pa man din akong pamalit. Paano na 'to?" hopeless kong tanong sa sarili ko.

"Mukha kang basang sisiw."

Natigilan ako nang marinig ang boses ni Godric at makita syang nakatingin sa akin mula sa salamin.

"Ikaw ba ang may kagagawan nito? Ikaw ang nagpakalat ng rumor?" may halong pambibintang na tanong ko sa kanya habang lamukos ang tissue sa kamay ko.

Hindi nya itinanggi ang akusasyon ko at hindi rin sya umamin. Nanatili syang nakatingin lang sa akin bago tumalikod at maglalakad na sana palabas nang muli akong magsalita.

"I'm sorry."

Ngayon ko lang napagtanto na hindi pa ako nakahingi ng paumanhin dahil sa nagawa ko sa kanya. Kaya rin marahil ganoon na lamang ang galit nya sa akin. Kaya marahil hindi nya ako mapatawad.

Natigilan sya at nilingon ako. May nakakalokong ngiti sa labi nya at nanunuyang expression sa mga mata nya. "That's it? Matapos ang ilang taon, iyon lang?" tila hindi makapaniwalang tuya nya.

"I already said that I'm sorry. Ano pa ba ang kailangan kong gawin para patawarin mo ako?"

He smirked before staring at me with lifeless eyes. "Suffer. Words are not enough, darling. I want you to experience the same pain you've caused me."

m.dream.com

Kabanata 18

13 - 16 minutes

Elizabeth Cruz's POV

"Gusto ko na lang mag-resign, Just. Baka hindi ko na kayanin kung araw-araw ay ganito. Kilala mo naman ako, wala naman akong paki at hangga't kaya ko naman ay iiwas ako at yuyuko na lang, pero paano kung pati ang kapatid ko ay maapektuhan? Kahit sa'yo nga ay nahihiya na akong tumabi man lang. Baka madamay ka pa sa akin." nanlulumo kong pag-amin

kay Justin isang tanghali habang kumakain kami sa cafeteria at as usual ay sa mesa namin napapatingin ang iba.

"Kapag ginawa mo iyan ay para ka na ring umamin sa chismis nila. At ano naman? Wala akong pakialam sa mga ibang riyan na wala na yatang ginawa maghapon kung hindi magbulungan at makinig sa chismis." Malakas niyang sinabi ang huli sa mga nakalingingon sa mesa namin na agad namang nag-iwas ng tingin.

"Okay lang, Just. Ayoko na ring dagdagan ang chismis nila. Baka isipin nila ay ginagamit kita para manatili ako rito."

"Love, don't mind them, okay? Hindi naman sila ang nagpapasahod sa'yo. Ang ganda na kaya ng posisyon at sahod mo rito, pero kung hindi mo na talaga kaya ay susuportahan naman kita. May mga koneksyon na rin naman ako kung sakali." buong pag-intindi at pagpapakumbaba nyang sabi sabay pisil sa kamay ko at hindi ko napigilang ngumiti.

"Salamat, Just. Napakaswerte ko dahil nariyan ka pa." buong pasasalamat kong sabi sa kanya bago binitawan ang kamay nya at napabuntong-hininga. "Paano na rin kung ang nagpapasahod sa akin ang may kagagawan kung bakit ako tampulan ng chismis ngayon?" mapait at nagdadamdamdang kong sabi.

Pagkasubo ay iwinagayway ni Justin ang hintuturo at lumunok muna bago nagsalita. "Hindi ako naniniwalang sya ang may pakana nito, Elize. I mean, the guy has been obsessing over you all this time. Kung may mali man sa rumor ay naging baliktad ito. I don't think sya ang may kagagawan nito."

Muli kong naalala ang ginawa nyang pagtali sa akin at napailing. "Galit sya sa akin, Just. Kayang-kaya nyang gawin ang bagay na ito at sisiw lang iyon sa kanya. He'll do anything to hurt me para makaganti." Gamit ang kutsara ay tinulak-tulak ko ang natira kong kanin sa pinggan. "Ang inaalala ko ay ang kapatid ko. Natat akot ako na baka magalit sya sa akin kapag nalaman nya ito dahil nakarelasyon nya rin si Godric."

Sa sinabi ko ay naibuga ni Justin ang kinakain at napaubo. "P***. Totoo ba? Bakit ngayon ko lang iyan nalaman? Si Skye na eighteen years old ay pinatos pa ni Godric? Para ano? Para balikan ka? Huwag mong sabihing ginamit nya lang si Skye? And wait, is that the reason why you punched him? Hindi ko pa rin pala naitanong sa'yo kung bakit."

"Oo. Ilang araw kasing hindi umuuwi sa oras noon si Skye at nang umiiyak sya ay inamin nya sa akin ang tungkol kay Godric. Can you believe him? Nagkulay lang ng pulang buhok si Skye ay pinatulan na nya." naiiling kong sabi sa kanya.

"Maybe he reminds her of you. Kasalanan mo rin kasi, love. You set his standards high." natatawa nyang sagot at magsasalita pa sana ko nang makitang may message si Skye.

'Ate, pwede ba tayong mag-usap? Narito ako sa labas. Hihintayin kita rito.'

"Wait lang, Just. Nasa labas si Skye. Salamat sa libre." paalam ko sa kanya sabay kuha ng wallet at phone ko at naglakad na palabas ng kumpanya. Habang naglalakad ay napahimas ako sa ulo ko at sinalat ang sarili.

Ang totoo nyan ay ilang araw nang sumasakit ang ulo ko at minsan ay nakakaramdamdin ako ng hilo. Pero hindi ko naman ito iniinda at iniinuman lang ng Paracetamol para mawala. Kailangan kong magtrabaho para may mapadala.

Pagkalabas ay kaagad ko namang nakita si Skye at nakangiti syang sinalubong para lang matigilan nang makita ang mukha nya. Madilim ang mukha nya at walang mababakas na saya nang makita nya akong palapit.

"May... problema ba, Skye?" nag-aalala kong tanong bago sinipat ang mukha nya at kinuha ang braso nya para tignan kung may pasa ba sya. "Sinaktan ka ba nila sa bahay? Pinagtulungan ka ba nila?"

Nasorpresa ako nang hilahin nya ang mga braso mula sa pagkakahawak ko at lumayo. "Totoo ba?"

Kumabog ang dibdib ko at napabuntong-hininga sa tanong nya. "Nakarating na pala sa'yo ang chismis."

"Chismis nga lang ba? Ate, bakit? Alam mo naman na gusto ko sya, 'di ba? Alam mo naman, hindi ba?!"

"Skye, 'wag dito." kalmado kong sabi sa kanya at hinila sya sa bandang walang tao. "I-respeto mo naman ang lugar na pinagtatrabahuhan ko."

"Ako? Nirespeto mo ba ang damdamin ko nang landiin mo sya?"

Itinaas ko ang kamay ko para sana sampalin sya, pero napigilan ko pa ang sarili ko at imbes ay kinuyom na lang ang kamao. "Hindi mo pa alam ang totoo kaya sana ay huwag mo akong husgahan. Skye, makinig ka sa sasabihin ko. Hindi ko lang ngayon nakilala si Godric. Nagsumbong ka pa lang sa akin ay kilala ko na sya. Kilalang-kilala. Dahil dati ko syang kasintahan, Skye. Ex ko si Godric Villaterra."

Ilang segundo syang napatanga sa akin at napakagat labi ako bago binasa ito at nag-iwas ng tingin. "I'm sorry kung hindi ko kaagad sinabi sa'yo. You see, hindi naging maganda ang paghihiwalay namin kaya may hindi kami pagkakaintindihan."

Natawa ng pagak si Skye at tila may naalala at nang muling magsalita ay napansin kong mas kalmado na ang tono ng boses nya. "Kaya pala. Kaya pala ganoon na lang sya makatingin sa akin. Na para bang kilala nya ako. Na para bang pamilyar ako sa kanya. Dahil magkamukha nga naman tayo."

"Skye, ayokong magkasira tayo ng dahil sa kanya." Muli kong kinuha ang kamay nya at napayuko. "May isang bagay pa akong hindi nasabi sa'yo at kailan ko lang din nalaman. Skye, si Zeus at si Godric ay iisa lang. Nagpanggap syang ibang tao noong binili nya ako." Pikitmatang pag-amin ko sa kanya. Ayoko nang mag-iwan pa o magtago ng mga bagay na maaaring makasira sa relasyon naming dalawa.

Nagulat sya sa narinig, ngunit hindi inalis ang mga kamay mula sa pagkakahawak ko. "Ayos ka lang ba roon, Ate? Hindi ka ba nya sinasaktan?" Napalitan na ng pag-aalala ang kanina lang ay galit nyang mukha.

Ngumiti ako bago tinapik ang kamay nya. "Hindi nya ako sinasaktan, Skye. Ayos lang ako."

Nakita kong napabuga sya ng hangin bago ako niyakap na ikinagulat ko. "Ate, may aaminin din ako. Wala kaming naging relasyong dalawa. Ipinilit ko ang sarili ko sa kanya pero hindi nya ako kinanti at pinatulan. Kasi naman nasilaw ako sa kagwapuhan nya."

Bahagya akong napatawa sa sinabi nya at walang naramdamang galit sa pagsisinungaling nya at naging dahilan pa para suntukin ko si Godric. Humiwalay sya sa akin bago naging malikot ang mga mata at maya-maya pa ay tinignan ako sa mga mata.

"Ibig sabihin ba ay sya ang naghahabol sa'yo at hindi ikaw? Nilapitan nya ako kasi kamukha kita noong kaedad mo ako tapos ngayon ay binili ka nya. Ate, nakakatakot naman sya! Para syang stalker! Sigurado ka bang hindi ka nya sinasaktan? Tutulungan kitang magtago at wala

akong paki kahit na mayaman sya." Puno ng pangamba nyang sabi at hindi ko alam kung matatawa ba ako o maiiyak.

"Skye, kilala ko naman sya. Hindi nya ako magagawang saktan. Oo nga at hindi na sya ang lalaking nakilala ko dati pero tiwala ako na hindi nya ako magagawang saktan ng pisikal."

"Ate, tumingin ka nga sa akin," utos nya sabay huli sa mga mata ko. "Mahal mo pa ba ang ex mo?"

I sang tipid na ngiti ang isinagot ko sa kanya at nagpanggap na kailangan ko nang bumalik sa loob. Habang naglalakad pabalik sa opisina ay hindi ko inaasahang may hihila sa akin papasok sa fire exit at isinandal ako sa pader. Nakaramdam ako ng hilo at ang sakit ng ulo na kanina ko pa iniinda ay nadagdagan.

"Ano ang ginagawa mo? Kailangan ko pang bumalik sa trabaho!" angal ko sa kanya nang ikulong nya ang ulo ko sa magkabila nyang mga braso at ilagay ang hita sa pagitan ng mga hita ko.

"Ang tapang mo pa rin talaga, Beth. Kung iba siguro 'yan ay umalis na sila sa kumpanya."

"Dahil hindi ako sila, Godric. Hindi ako bastang susuko sa pagpapahirap mo sa akin."

Hindi sya kaagad na sumagot at nanatili lang nakatingin sa akin habang ang mga mata nya ay naglalakbay sa buong mukha ko. "Do you really believe that? Do you really think that I'm capable of doing that?" he breathed out at pinigilan ko ang sarili kong kilabutan dahil sa sobrang lapit nya.

Dahil sa lapit nya ay amoy na amoy ko ang mabango nyang hininga at ang lalaking amoy nya na nagpapaalala sa akin sa ilang beses na maiinit na sandaling pinagsaluhan namin. Kung magpapaubaya ako ay tuluyang susuko ang katawan ko lalo pa at kumikiskis ang hita nya sa mga hita ko. Dangerously close to my core.

Hindi. Sagot ko sa sarili ko sa tanong nya, ngunit dahil na rin sa malaking pagbabago nya ay hindi ako sigurado. Hindi ko na alam

"I will not stoop that low, Beth." paos ang boses nyang sabi bago lumapit sa akin at napatingala ako at napalunok nang simulan nyang paraanin ang ilong mula sa exposed kong collarbone hanggang sa leeg ko. "I can think of so many ways to make you suffer. After all, you are mine."

Naiinis ako. Naiinis ako dahil sa mga ganitong sandali ay napakahina ko sa kanya. Sa mga ganitong pagkakataon ay nagsusumigaw ang puso kong magpaubaya sa kanya.

"Nabili mo ako pero hindi ang pagkatayo ko. Sa'yo ang katawan ko, pero akin ang sarili ko. Ako lang ang nagmamay-ari sa akin, Godric."

Tumigil sya sa ginagawang paghalik sa leeg ko at marahang tumawa bago isinandal ang noo sa balikat ko. "Darling, oh darling. Don't you get it? Your body still wants me."

Napasinghap ako nang itaas nya ang hita nya at sinimulang igalaw ito pakiskis sa aking pagkababae. At hindi rin nakatulong na nakasuot ako ng palda.

"S- Stop it. Hindi ka ba natatakot na baka may makakita sa a-atin?" nanghihina, ngunit lumalabang pagpigil ko sa kanya habang nakahawak sa braso nya.

Anumang sandali ay may maaaring umakyat o bumaba at makikita kami sa nakakaeskandalong tagpo! Baka tuluyan na akong bumitiw sa trabaho kapag nagkatayo.

Hindi sya sumagot at sa halip ay hinuli ang mga labi ko at hindi katulad ng mga nakakaraang halik nya ay masuyo ito. Malumanay ang paggalaw ng mga labi nya at tila natatakot pang angkinin ang mga labi ko. Unti- unting lumuwag ang pagkakahawak ko sa braso nya at maya't-mayang napapasinghap dahil patuloy pa rin sa paggalaw ang hita nya. Atras- abante, paikot, pataas at pababa. Unti-unti nang dumadaloy sa buong katawan ko ang nakakangilong sensasyon at kiliting hatid ng ginagawa nya. Unti- unti na ring sinasakop ng kamunduhan ang isip ko at tila nakalimutan na ang posibilidad na baka may makakita sa amin.

Natagpuan ko na rin ang aking sariling tumutugon sa kanyang halik at doon lamang naging mapusok ang galaw ng mga labi nya. Nilulunok nya ang bawat ungol at singhap na lumalabas sa bibig ko. Nagsimulang maglaban ang aming mga dila at sumuko ako sa laro at napaungol nang simulan nyang sipsipin ito na parang isang bampir a sabay marahang kagat sa labi ko.

Humiwalay sya sa akin at napakagat ako sa labi nang makita ang emosyong naglalaro sa mga mata nya. "I want you, Beth." paos ang tinig nyang sabi, tinig na puno ng pagnanasa.

Sa pagkakataong ito ay muli nya akong hinalikan at marahang itinaas ang isa kong hita. Dahil hindi ako nasanay na nakasuot ng cycling shorts ay kaagad nyang natagpuan ang aking suot na panty. Tinakpan ko ang bibig ko at napasinghap nang idikit nya ang kahandaan sa akin. Kahandaang handang- handa nang pumasok at sumakop sa akin.

Wala na. Tuluyan na rin akong nadarang ng pagnanasa at damdamin ko para sa kanya. Hinayaan ko syang ihanda ako sa kanyang pag- angkin sa akin habang nakasandal sa pader. Hinayaan ko syang igilid ang suot kong panty at kaagad na natagpuan ng mga daliri nya ang handa ko nang bukana. Marahil ay damang- dama na nya kung gaano akong naaapektuhan ng ginagawa nya.

Napakagat ako sa labi para pigilan ang pag- ungol nang ipasok nya ang kanyang mahabang daliri sa loob ko. Nanginig ang mga tuhod ko at halos mag- deliryo nang simulan nyang igalaw ito, ngunit sinalo nya ako at patuloy sa paglapastangan sa katawan ko.

May mga nakakahiyang ungol na muling lumalabas sa aking mga labi sa mga sandaling iyon at halos maduling na ako sa sarap ng kanyang ginagawa sa akin.

Napakahina mo, Elizabeth. Mula noon hanggang ngayon ay kayang- kaya ka nyang paikutin. Kayang- kaya ka nyang pasukuin! Galit na sigaw sa akin ng aking konsensya.

"You're so wet for me, darling. I can feel you clenching around my finger. I can feel your warmth enveloping me so eagerly. Did you miss it, hm? Do you want me to f*** you right here and wait for someone to come and see us?" panunudyong habang patuloy sa paggalaw at kung posible pa ay naramdaman ko na ang pamilyar na sensasyong iyon sa aking puson.

Nakagat ko ang balikat nya nang datnan ako at halos bumaon na sa balat nya ang kuko ko dahil kahit na tapos na ako ay mabilis pa rin nyang iginagalaw ang daliri.

Napahiwalay ako bigla sa kanya nang makarinig ng tawanan mula sa baba at mga hakbang pababa. Kaagad ko syang itinulak palayo sa akin at inayos ang sarili kahit pa nanginginig pa ang tuhod ko at halos hindi makatayo. Tila naman hindi sya takot na mahuli at sa harap ko mismo ay inamoy ang dalirang ginamit bago ito dinilaan.

"What did I say, darling? Your body still surrenders to me."

Sa naisip ay bahagya akong nabuhayan ng loob at kaagad na hinanap si Godric. Tinanong ko ang mga kaklase namin at sinabi naman ng mga ito na umalis ito kasama ang matalik na kaibigan na si Danny. Pinadalhan ko siya ng text gamit ang cellphone na binili niya para sa akin, ngunit wala akong natanggap.

Ilang sandali pa ay nakarinig ako ng ingay mula sa gym at nagdesisyong maghanap doon. Maraming tao sa paligid dahil na rin sa graduation na magaganap. Doon ay nagulat na lamang ako nang makitang nagbubugan ang si Godric at Danny.

"Godric!" tawag ko sa aking nobyo at agad siyang dinaluhan. Nakita ko ang sugat sa gilid ng labi niya at ang labis na galit naman sa mga mata niya.

Bahagya akong natigilan dahil ngayon ko lamang siya nakitang ganoon.

"Bawiin mo ang sinabi mong, gag* ka! Akala ko kaibigan kita. Akala ko mapagkakatiwalaan kita!" galit na galit niyang bulyaw kay Danny habang dinuduro ang best friend niya na lugmok sa sahig.

Tumayo mula sa sahig si Danny at pinunasan ang dugong tumutulo mula sa kanyang labi. "Ikaw ang malaking gag*, Ric! Sinasabi ko lang naman ang narinig ko! Bakit galit na galit ka?!"

Ano ang kanilang pinagtatalunan upang magkaganito ang matalik na magkaibigan?

"Hindi mamamatay- tao ang Dad ko, Danny. Hindi nya iyon magagawa! Wala kang alam. Wala kayong alamlahat!"

"Oh? Saan nagsimula ang apoy kung walang usok, tukmol?"

"Hindi sya ang pinakamabait na tatay pero hindi nya iyan magagawa dahil mahal na mahal nya si mama. Marinig ko pa ulit iyan sa iyo ay hindi na ako magpipigil pa. Simula ngayon ay pinuputol ko na ang pagkakaibigan nating dalawa." turan ni Godric habang seryoso ang mukha at dinuduro si Danny. "Sino man na sumira sa pangalan niya at sirain kami ay hindi ko mapapatawad. Tandaan mo iyan."

Sa narinig ay napalunok na lamang ako at nanlumo. Ang mga kamay kong nakahawak sa kanyang mga braso upang pigilan sya ay nalaglag.

Iyon ang sagot sa aking plano. Ito na ang senyales na hindi ko dapat ituloy ang balak ko dahil katulad ni Danny ay itatayo ako ni Godric at kamumuhian.

Maghihiwalay na lang kami, bakit kailangan kong sirain ang samahan nila ng Daddy nya?

Nakatulala akong hinayaang hitakin nya palabas mula sa gym. Mabigat ang kalooban at katawan dahil sa nakatakdang gawin. Lalo pa nang sa isang tabi ay makita ko si tiyong na nagmamatiyag. Hinintay kong matapos ang mahabang seremonyas ng aming graduation at hindi lamang malungkot dahil wala akong mga magulang na kasama sa importanteng araw na ito, kung hindi dahil na rin sa napipintong kailangan kong gawin.

Nang matapos ang graduation ay masaya at maingay ang lahat nang sabay-sabay naming ihagis sa ere ang aming mga toga, ngunit gusto ko na lang maiyak ng mga sandaling iyon.

Matapos ito ay magkahawak kamay kaming naglakad hanggang sa hindi ko na kinaya pa at seryoso ang mukhang tumigil dahilan para matigilan din siya. Sa gitna ng parke ng aming paaralan kung saan kabi-kabila ang mga nakaupong estudyante ay marahas kong binawi sa pagkakahawak nya ang kamay ko.

Lumington siya sa akin at nakita ko pa ang maliit na sugat sa gilid ng labi nya at gasgas sa pisngi niya.

I'm sorry, Godric. Sana ay mapatawad mo ako balang-araw. Kalimutan mo ako at magbagong buhay ka. Tatal naman, magkaiba naman talaga ang mundo natin. Masyado lang talagang naging mataas ang lipad ko at nakalimutan kung ano ang estado ko sa buhay. Masyado akong nakuntento lang sa pagmamahalan natin at nakalimutang may ilang tao nga palang tutol sa relasyon natin.

"Gusto ko nang tapusin kung ano man ang namagitan sa atin, Godric. I'm sorry, pero ginamit lang kita para magtagal ako sa school niyo, hindi talaga kita minahal. At iyang mukha mo? Sa tuwing titignan ko ay pinipigilan kong hindi masuka. Gusto ko lang magpasalamat dahil naka-graduate ako. No hard feelings, okay? Goodbye, Godric."

Hindi ko na siya hinintay pang sumagot at kaagad na tumalikod. Sa aking pagtalikod ay kaagad na bumagsak ang mga luhaang kanina ko pa pinipigilan. Halos bumaon na rin ang ngipin ko sa aking labi dahil sa aking pagkagat. Nakita ko kung paanong marahang pumalakpal si tiyong na naparito lang marahil para siguruhing nagawa ko ang utos niya at hindi para panoorin akong umakyat sa stage at tanggapin ang diploma ko.

Marahan akong napapikit at nagtatakbo na nang marinig ang pagtawag niya sa pangalan ko. Napahawak ako sa dibdib ko nang maramdaman ang pagsikip nito. Nang makalayo ay sumandal ako sa isang pader at doon ibinuho ang sama ng loob.

Patawad, Godric. Mahal kita at para ito sa atin. Patawad pero mahal ko rin ang kapatid ko. Mahal natin ang isa't-isa pero hindi tayo pwede.

Patawad.

m.dream.com

Backstory: The end of us

11 - 14 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Natulos ako sa kinatatayuan ko ng mga sandaling iyon. Tila ba ipinako ang aking mga paa sa buhanginang kinatatayuan habang nakatingin sa dalawa na akala mo ba ay solo ang mundo.

Sakit, pighati, lungkot at galit. Halo-halong emosyon ang nararamdaman ko sa mga sandaling ito.

Nanghina ang aking mga tuhod hanggang sa unti-unti akong napaupo sa buhanginan. Pilit na kinukumbinsi na ang nakikita ay isang masamang panaginip lamang, ngunit kailangan ko pa bang saktan ang aking sarili upang masigurong panaginip lamang ang lahat kung labis na sakit na ang nararamdaman ko?

Naghiwalay ang dalawa at imbes na lumayo at magulat na nahuli ko sila sa ganoong tagpo ay tila ba wala lang. Imbes ay lumington si Godric sa akin na may nakakaloko at tagumpay na ngisi sa mga labi.

"Panaginip lang ito, hindi ba? Elizabeth, magising ka na. Please!" pasigaw kong bulong sa sarili ko habang ang mga mata'y nanlalabo na.

I lang sandali pa ay nakarinig ako ng mga yabag na palapit sa akin at lumuhod siya sa harap ko. "What did I tell you, b****? Sinubukan naman kitang balaan dahil kahit paano ay naaawa ako sa'yo, but you're one pathetic and desperate woman. Masyadong bulag sa pagmamahal. Madaling utuin." buong panunuyang sabi ni Monique bago inabot ang baba ko at pinilit akong tumingin sa kaniya. "While you were busy ogling over him and thinking that he loves you, he comes to me and f*** me twice as much as he does to you. Sakit, 'no? `Yung akala mong mahal ka niya pero pinaglaruan ka lang pala niya. Because news flash, Elizabeth. He's mine now. He loves me now and not you." Kunwari'y nakikisimpatiya at naaawa niyang sabi at nakatulala lang ako sa kaniya habang patuloy lang sa pagpat ak ang masasaganang luha.

"H-Hindi totoo 'yan." natagpuan ko ang aking sariling sinasabi sa pagitan ng paghikbi. Mula sa likuran niya ay tinignan ko siya. Siya na nakatayo lamang doon habang nakapamulsa. Siya na pinapanuod lamang kung paano akong insultuhin at kawawain ni Monique. "Hindi totoo ang mga sinabi niya, hindi ba?" tanong ko sa kaniya sa mahina at garalgal na boses.

Imbes na sumagot ay nagkibit-balikat siya. "Let's go, babe. Don't waste your time over her."

"Oops, pa'no ba iyan? Tinatawag na ako ng boyfriend ko. Bye, Elizabeth. See you tomorrow." May pagdiin sa salitang 'boyfriend' na wika ni Monique bago ako nginisihan at tumayo na bago patakbong lumapit kay Godric na niyakap naman ang huli.

Pinanuod ko ang dalawa na naglakad na palayo at natagpuan ang sariling tumatayo, ngunit agad ding natumba dahil sa panghihina. "Sandali lang.." napipiyok kong sabi sa kanila, ngunit hindi nila ako pinakinggan. "Sandali lang! Bumalik ka, G-Godric! Anong nagawa ko? B-Bakit?"

Nang mawala sila sa paningin ko ay paulit-ulit kong pinalo ang aking dibdib dahil parang pinipiga ang puso ko sa mga sandaling ito. "Bakit?!" sigaw ko sa tahimik na gabi at nag-echo lang ang boses ko.

I niyak ko ang sakit na ginawa niya sa akin. I binuhos ko ang sakit na nararamdaman ko dahil sa panlolokong ginawa niya sa akin. All this time. All this time ay inakala kong totoo ang lahat. All this time ay inakala kong mahal pa rin niya ako. Napakagaling. Napakagaling niyang magpanggap at napakadali rin niya akong napaniwala at naut o.

"Ang tanga mo, Elizabeth. Napakatanga mo." maya-maya pa'y natatawa kong sabi sa sarili ko. "Tama siya. Desperado ka na masiyado. I sa kang malaking tanga, Elizabeth Cruz. I sa kang napakalaking tanga!"

Bumalik sa aking alaala ang mga sandaling pinagsaluhan namin. Mga sandaling inakala kong totoo. Mga sandaling nagpakatanga ako. Mga sandaling muling nagpaligaya sa akin, ngunit huwad lamang pala ito. Mga matatamis, maiinit at masakit na alaala.

Kailan nagsimula? Kailan niya pa ako pinaglaruan? Mula pa ba sa umpisa? Bakit ba ang bilis kong naniwala? Bakit ba ang dali niya akong naut o?

"Ang sama mo. Ang sama-sama mo."

Hindi ko na alam kung gaano na ako katagal na nakaupo sa dalampasigan habang yakap ang mga binti ko. Kusang natuyo ang aking luha at ramdam ko ang pamamaga ng mga mata ko. Ramdam na ramdam ko rin ang sakit ng ulo ko, ngunit hindi nito mahihigitan ang sakit na nararamdaman ko.

"Elize? Nagising ako tapos nakita kitang wala sa kama mo. Ano ba---" kusang itinigil ni Justin ang sasabihin nang makita ang mukha ko. "Diyos ko. Anong nangyari, love?" buong pag-aalala niyang tanong at agad akong niyakap.

"Pinaglaruan niya lang ako at niloko. Akala ko ay totoo na. Akala ko ay mahal pa rin niya ako. Isang panaginip lang pala ang lahat at marahas akong nagising sa katotohanan, Just. Marahas niya akong hinila mula sa langit na pinagdalhan niya sa akin pabagsak sa impyernong sa umpisa pa lang pala ay plinano na niya."

Tuyo na ang mga luha, ngunit hindi ang sakit na nararamdaman ko.

"Hindi ko naiintindihan, love." nagugulumihanan niyang sabi at mapakla akong nguniti.

"Mula umpisa ay hindi totoo ang mga sinabi at ginawa niya. Pinaglaruan niya lang ako para paghigantihan, Justin. Si Monique ang totoong nobya niya. Kaya pala. Kaya pala madalas ay naroon siya. Akala ko ay siya ang kontrabida sa kwento namin, ngunit ako pala iyon."

"P*****." malutong na mura ni Justin. "P***** ina niya. Makikita niyang gag* na iyan."

Nang akmang aalis si Justin ay nanghihina ko siyang pinigilan sa braso. "Pwede bang ipagpabukas na lang natin, Justin? Pagod na ako. Gusto ko munang magpahinga." nanghihina kong hiling sa kaniya at kahit pa halata ang galit sa mukha niya ay nangibabaw ang pag-aalala niya. Hinayaan ko siyang buhatin ako papunta sa aming kwarto.

I nihilig ko ang ulo ko sa dibdib niya at pumikit. "Tanga ko pa rin ba kung hihilingin kong sana ay masamang panaginip lang ang lahat, Just?"

Narinig ko siyang bumuntong- hininga bago ako hinalikan sa noo. "Magpahinga ka muna, love. I love you, Elize. I want ka man ng lahat ng tao sa paligid mo ay hindi ako."

Marahan akong napangiti kahit pa naging napakahirap nitong gawin. "At araw-araw akong nagpapasalamat na nariyan ka."

Nang makarating sa kwarto ay agad akong bumaluktot nang kumutan niya ako, ngunit nanatiling nakadilat. Ilang sandali pa ay muling nagbalik ang luha ng inakala kong natuyo na at maya-maya pa ay nararamdaman ko ang pagtabi sa akin ng matalik kong kaibigan habang pinapatahan ako.

"I—I guess dahil sa sobrang desperada na akong sumaya at magkaroon ng break ay madali niya akong naut. Masyado kong namiss ang pakiramdam na magmahal at m-mahalin ka." Natagpuan ko ang sarili kong muling naglalabas ng sama ng loob. "Noong muli ko kasi siyang nakita ay parang bumalik ang nakaraan ko. Iyong Elizabeth na hindi pa pasan ang mundo. Iyong Elizabeth na hindi pa lugmok sa responsibilidad. And when I saw him, I just... I—I saw him in a different light. Ang magiging tagapagligtas ko. Ang pag-asa ko."

Muli akong humikbi at halos hindi na makahinga dahil sa baradong ilong at lalamunan. Napahawak ako sa damit ni Justin at isinubsob ang sarili ko sa dibdib niya.

"Ginusto ko lang namang maging masaya at muling magmahal ulit. M-Mali ba iyon?"

"Ssh. Naiintindihan kita, love. Naging mahina ka at sinamantala ka niya. Ang tanging naging mali mo lamang ay ang nagtiwala ka at nagmahal sa maling tao."

Hindi ko na namalayan pa ang sarili kong nakatulog na. Basta't muli na lamang akong nagising nang dahil sa kaguluhan sa labas at malakas na sigawan. Napahawak ako sa ulo ko at napangiti ng sumidhi ang sakit doon. Nang ilibot ko ang paningin ko sa paligid ay hindi ko nakita si Justin.

"Gag* ka, Godric Villalerra. I sa kang malaking gag*!"

Marahan akong napasinghap nang marinig ang pagsigaw ni Justin at kaagad na tumayo kahit

pa lahat ng parte ng katawan ko ay nagsusumigaw na magpahinga. Kaagad akong lumabas at nanlaki ang mga mata nang masaksihan kung paanong suntukin ni Justin si Go—ang aking ex habang pinipigilan naman ito ni Lloyd.

Ang katabi naman niya na si Monique ay napatili habang hinahawakan ang mukha ng aking ex. "Why would you do that? To your own boss?!" intrimitidang tili niya.

"Shut up, you b****. Before I do the same to you." Buong tapang na sabi ni Justin at nakita kong napatanga naman si Monique, ngunit hindi nagsalita.

"Ang lakas din talaga ng loob mong kantiin ako, bakla. Ako? Si Godric Villatierra, I can easily f--"

"You don't have to do it because I f***** quit. Ito ang sinasabi ko sa'yo, gag* ka. Huwag na huwag kitang makikitang lalapit kay Elize kung hindi ay puputulin ko iyang pinagmamalaki mo." nanggigigil sa galit na banta ni Justin bago siya tumalikod at doon nagtama ang mga mata namin. Agad na napalitan ng pag-aalala ang mukha niya nang makita ako. "Love. Hindi ka dapat na tumayo pa. Halika't bumalik na tayo sa Maynila."

Akmang hahakbang na palapit sa akin si Justin nang magsalita ang lalaking sinuntok niya. "Baka siya ang kailangan mong bantaan na lumapit sa akin dahil alam naman natin na obsessed siya sa akin." nakangisi niyang sabi at namayani ang bulong-bulungan mula sa mga taong nakapaligid sa amin. "Sh**. Naiba na ang plano ko. I planned for a bigger audience than this. You know? Like how you did it before. But this will do."

Mula sa kinatatayuan niya ay tumingin siya sa akin na may blangkong emosyon sa mga mata. "Gusto ko nang tapusin kung ano man ang namagitan sa atin, Elizabeth. I'm not really sorry, pero ginamit lang kita dahil bored ako. Hindi talaga na talaga kita mahal. At iyang mukha mo? F***. Sa tuwing titignan ko ay pinipigilan kong hindi masuka. Gusto ko lang magpasalamat dahil ngayon ay alam kong madali ka pa ring paikutin at utuin. No hard feelings, okay? Goodbye, Elizabeth." tila robot na walang emosyong sabi niya at napatutup ako sa aking bibig.

Pamilyar ang mga salitang sinambit niya. At bakit nga namang hindi gayung ito ang mga salitang sinabi ko sa kaniya noong hiniwalayan ko siya.

Nanliit ako sa paningin nilang lahat. Nanliit ako sa mga mapanghusgang tingin nila sa aking lahat. Kung paano silang magbulungan habang tinitignan ako ng may awa sa mga mata.

Ayoko na. Tigilan niyo na, please.

Bago pa ako tuluyang sumuko at magtatakbong parang kawawa ay may humawak sa aking braso at naramdaman ko ang paghawak sa likuran ng aking ulo bago ako marahang isinubsob sa isang dibdib.

"I think that's quite enough, Mr. Villatierra. You've had your fun. Ngayon, tanda mo ba ang sinabi ko? Hurt her and I will not hesitate to snatch her from you. Sayang lang. Mayroon kang totoo at mamahaling perlas sa tabi mo, ngunit pinili mo pa ang isang peke at mumurahing alahas."

Napapikit na lang ako dahil sa mga sinabi ni Lucas. "Please take me away." natagpuan ko ang sarili kong sinasabi sa kaniya dahil desperado na akong makalayo sa lugar na iyon. Malayo sa kanila. Sa kaniya.

"Let's go."

Hindi na ako lumigon pa at hinayaan siyang hilahin ako palayo, ngunit natigilan nang may maalala.

"Yung mga gamit ko, Lucas."

"I'm sure your friend would be more than happy to pack your things." malumanay niyang sabi habang hawak ang aking kamay at hindi na ako muli pang nagsalita at hinayaan siyang tangayin ako hanggang sa mga hilerang mga sasakyan.

Pinagbuxan niya ako ng pinto at akimang sasakay na nang may bakal na kamay ang pumigil sa isa ko pang braso.

"Wala ka bang respeto para sa sarili mo? Everyone saw you kissing another guy just yesterday tapos ngayon ay sasama ka sa ibang lalaki? Go with your faggot friend." ang paanas na utos ng aking ex at hindi ko siya nilingon.

"At ano naman ang pakialam mo roon, dude? You sound so hypocritical right now, Mr. Villatierra. You hurt her, played her and shamed her in front of your employees and you expect her to still listen to you? What the f***?"

"Shut up. Huwag kang makialam dito. Remember that we still have something that binds us, Beth. I suggest na sumunod ka bago ako tuluyang magalit."

Nalabuntong-hininga ako bago marahang inalis ang kamay mula sa pagkakahawak ni Lucas at humarap sa aking ex.

"See? She'll always listen to me - - "

Hindi ko na siya pinatapos sa pagsasalita at kaagad siyang tinuhod sa lalaki niya dahilan para mapagik siya at mapaluhod.

"Isa kang malaking gag* kung sa tingin mo ay susunod pa ako sa'yo." hindi ko na siya tinapunan pa ng tingin at sumakay na sa kotse ni Lucas.

mdream.com

Book 2: Kabanata 30

11 - 14 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Katahimikan ang namayani sa pagitan naming dalawa ni Lucas habang nasa byahe. Ilang sandali pa ay nakatanggap ako ng tawag mula kay Justin.

"Hello?" sagot ko sa mahinang boses habang nakatulala sa daan at nilalaro ang daliri.

"Ako na ang bahala sa gamit mo, love. Lloyd and I already packed your things."

Binasa ko ang aking pang-ibabang labi na tila ba nanunuyo. "Maraming salamat, Just. Hindi ko na kasi kaya pang magtagal diyan kanina."

Narinig ko ang ilang paggalaw niya mula sa kabilang linya. "Alam ko. At lubos akong nagpapasalamat na may lalaki pa na nakahandang iligtas ka, Elize."

Sandali akong natahimik bago naging malikot ang mga mata. "Just.. he's just a friend." mahina kong bulong para hindi ito marinig ng katatib ko.

Isa pa, kakagaling ko lang sa isang heartbreak. Hindi ko alam kung magiging handa ba ako sa bagong pag-ibig. Hindi ko alam kung kailan maghihilom itong malalim na sugat na iniwan ng ex ko. Hindi ko alam kung makakamove-on ba ako sa ikalawang pagkakataon.

"Okay, I'm sorry, love. That was a bit insensitive. Ingat kayo sa byahe, ha? Call me kapag nakauwi ka na."

Sa salitang 'uwi' ay natigilan ako. Saan ako uuwi? Hinding-hindi ko babalik sa bahay niya at hindi pa rin ako pwedeng bumalik sa bahay namin dahil malalaman ni tiyong na sumuway ako. Kapag nagkataon ay baka tuparin ng ex ko ang banta niya hingil sa kontrata at hindi ako makakapayag.

I sa pa, hindi pa ako handang harapin si Skye. Mag-aalala iyon at siguradong susugurin ang aking gag*ng ex kapag nalaman niya ang toto.

"Saan?" bahagyang nanginig ang boses ko at ang mga labi ko sa tanong ko.

Narinig ko siyang napamura sa kabilang linya at ang pagtanong ni Lloyd kung bakit. "Live with me for the meantime, okay? Magkita tayo sa condo ko mamaya, Elize."

"Okay. Salamat ulit, Justin. Magulo ang isipan ko at hindi ko na alam ang sasabihin ko pero salamat."

"Hindi mo kailangang magpasalamat, love. Best friend mo ako, remember? Scratch that, para na tayong magkapatid, hindi ba? I'm sure gagawin mo rin ito kung nasa kalagayan mo ako."

Napasinghot ako at mabilis na kumurap upang hindi muling maiyak. Matapos ang ilan pang habilin at usapan ay pinutol ko na ang tawag at bahagya pa akong natigilan nang mapagtanto na nakatigil na pala ang sasakyan at mula sa labas ay kita ko ang magandang tanawin ng bundok ng taal.

"I just thought you could use a breather."

Marahan akong lumigon kay Lucas at nakitang may mabait na ngiti sa kanyang mga labi. Hindi niya ako hinintay na sumagot bago bumaba at pinagbuksan ako ng pinto. Napatingin ako sa mga kamay ko na wala man lamang nadala bago napabuntong-hininga at bumaba ng sasakyan. Natagpuan ko ang sarili kong niyayakap ang sarili habang nakatayo kami sa bahaging iyon ng tulay kung saan talaga namang makapigil-hininga ng ganda ng tanawin ng taal.

Napakaganda nito. Sapat upang magbigay ng ngiti at gaan ng loob sa sino man, ngunit dahil sa bigat at pighat ng nararamdaman ay hindi ko magawang gumiti.

"Ito siguro iyong part na tatanungin kita kung ano ang nangyari at kung bakit ganoon ka na lang trinato ng supposedly boyfriend mo. I mean, kahapon lang ay halos hindi kayo mapaghiwalay. Pero Elizabeth, hindi kita pipilitin at gusto ko ring malaman mo na may kaibigan ka sa akin. Nakahanda akong makinig."

Mula sa magandang tanawin ay muli ko siyang nilingon. Ang lalaking aking unang hinangaan. Ang lalaking nagbalik upang makipag-kumpitensya sa lalaking alam niyang mahal ko. Ang lalaking nag-alok ng pakikipagkaibigan at ang lalaking iniligtas ako kahit pa wala siyang alam sa pangyayari. Walang pagda-dalawang isip niya akong sinagip.

Bakit hindi na lang ikaw, Lucas? Bakit hindi na lang ikaw ang tinitibok ng puso ko? Bakit kasi hindi natin madiktahan ang mga puso natin kung sino ang dapat nitong mahalin para hindi tayo nasasaktan? Bakit ba kasi wala tayong stop button na makakapigil sa pagmamahal mo sa isang taong sinaktan ka?

Bahagya akong nakaramdang konsensya at nagdesisyong sabihin sa kanya ang lahat. I sa pa, narinig naman na ng lahat kanina ang ginawa niya, ano pa ba ang itatago ko?

"I was sold by my uncle, Lucas. Sa kasamaang palad ay si.. siya ang nakabili sa akin sa halagang fifteen million kaya nakatali ako sa kanya. Noong una ay paghihiganti at labis na pasakit ang ipinaranas niya sa akin hanggang sa kinalaunan ay nagbago siya at muli nga akong niligawan." pagsisimula ko at napalunok nang maramdaman ang panunuyo ng lalamunan. Sinilaw ko ang mga mata ko sa tanawin bago muling nagpatuloy. "I nakala kong totoo ang lahat at dahil isa akong malaking tangang nagmamahal pa rin ay tinanggap ko siyang muli sa buhay ko, ngunit ngayon ay isa pala itong pagkakamali dahil planado ang lahat. Niloko at pinaglaruan lang niya ako. Mula umpisa ay huwad na ang mga pinapakita niya sa akin para paghigantihan ako sa pag-iwan ko sa kanya noon."

Ilang sandaling natahimik si Lucas at ako naman ay nanatili lamang na nalikipagtitigan sa tanawin.

"Pwede ko bang malaman kung bakit kayo naghiwalay, Elizabeth?" tanong niya pagkuwan.

Napabuntong-hininga ako. "Inutusan ako ng tiyuhin ko noon na hiwalayan siya."

"Bakit hindi mo sinabi sa kanya?"

Dahil ayaw ko siyang lalong masaktan kapag nalaman niya ang totoo. Sagot ko sa aking isipan bago umiling.

Hinawi ko ang ilang hibla ng buhok ko na tinangay ng hangin at inilagay ito sa likod ng tenga ko. "Huli na ang lahat, Lucas. Masyado na naming nasaktan ang isa't-isa upang malaman pa niya ang totoo." may bahid ng lungkot kong sabi.

Kung.. Kung sinabi ko nga kaya sa kaniya ang katotohanan noon pa ay nawala ang galit niya? Kapag ba malaman niya ang totoo ay paniniwalaan niya ako? Hindi siguro. Baka lalo lang niya akong kamuhian.

Muli ay nanlabo ang aking mga mata at napayuko na lang ako habang lumuluha. Ayoko na. Sawa na akong umiyak. Ayoko na.

"Ginago na niya ako. Pinaikot, ginawang laruan na tinapon na lang ngayong wala na akong maipagmamalaki pa."

Napasinghap na lamang ako sa gulat nang walang anuman ay bigla niya akong niyakap. "Use me, Elizabeth. I'm willing to be your savior, your confidant, your friend. Payag akong gamitin mo para makaganti sa kanya. Para ipakita sa kanya na hindi mo siya kailangan."

Dahil sa sinabi niya ay napakapit ako sa damit niya bago marahang umiling. "Ayoko. Napakabuti mo sa akin, Lucas. Hindi ko makakayang saktan ka at gamitin."

Bahagya niya akong inilayo bago masuyong pinahid ang luha sa pisngi ko. "Pero kailangan mo ako, Elizabeth. Hindi mo sila kayang mag-isa at nakahanda akong tumulong. Alam ko itong pinapasok ko at nakahanda ako, okay?"

"P- Pero.. " tutol ko pa sana dahil ayoko siyang masaktan. Alam ko ang pakiramdam na gamitin at masaktan. At kailanman ay hindi ko ito gustong maranasan nino man.

"I insist. Just give me a little bit of your time and I'll be more than happy to help you. Think about it, okay? Hindi kita mamedaliin."

Sa huli ay tumango na lamang ako at sumang-ayon na pag-iisipan ang alok niya.

Muli kaminh sumakay sa sasakyan niya at nagpahatid ako sa condo ni Justin. Pagdating doon

ay halos sabay lang kaming dumating at pagkaalis ni Lucas ay inalalayan ako ng dalawa paakyat at inarugang parang bata. Dahil limitado ang mga damit ko ay nanghiram na muna ako ng t-shirt kay Justin matapos maligo at tulalang naupo sa sala.

"Nakita ko siyang sumunod sa inyo, bakla. Ano pa ang gusto niya at may pagsunod pang ganap?" tanong ni Lloyd habang nakaupo sa harap ko.

Mabigat ang pakiramdam ko at tila anumang sandali ay lalagnatin ako. Inihiga ko ang sarili ko sa malapad na sofa bago siya sinagot.

"Pinigilan niya akong sumama kay Lucas."

"The nerve!"

"Tignan mo 'yung gag*ng iyon. Ang kapal talaga ng pagmumukha, ano? Pagkatapos kang ipahiya sa lahat ay gusto ka pa ring kontrolin. Dapat talaga ay hindi lang sapal ang ginawa ko sa kanya. Dapat sabay ko silang nginudngod ng babaeng pusit na iyon." nanggagalaiting sabi ni Justin na nagluluto.

Kumalat sa hangin ang amoy ng priniprito niyang tilapia, ngunit wala akong maramdamang gutom.

"Tumpak! Simula rin bukas ay magre-resign na ako sa kumpanya niya. Hindi ko maatim na magtrabaho sa kagaya niya."

Sa narinig na sinabi ni Lloyd ay napatingin ako kay Justin at bahagya siyang ngumiti bago tumango. Tanda na wala siyang choice kung hindi ikwento kay Lloyd ang tungkol sa amin ng ex ko.

"Hindi mo iyan kailangang gawin. Maganda naman ang network na iyon, Lloyd." pagtutol ko sa sinabi niya habang hinihimas ang noo.

"Okay lang. Let's all be jobless together! Magtayo na lang tayo ng negosyo. 'Yung mga milk tea, hindi ba uso naman iyon? Tapos pangalanan natin ng Trinitea."

Sa biro niya ay bahagya akong nangiti. Kung tutuusin ay swerte pa rin ako dahil may mga kaibigan akong kagaya nilang dalawa.

"Tigilan mo nga si love sa pagiging madaldal mo ryan. Pero, Elize. Ano ang gusto mong gawin bukas? Let's go out like we used to before. Gusto mo bang magpunta sa bar? O gusto bang uminomngayon?"

"Plangak. Hindi dapat iniyyakan ang gag* mong ex. Hindi siya worth it. Tama na 'yan, inuman na!"

Gustuhin ko mang tumutol ay hindi ko na nagawa pa dahil ilang sandali lang ay nakahanda na ang mesa sa gitna ng sala ni Justin. Naroon ang hapunan at ang ilang bote ng alak. Kahit na walang gana ay pinilit ko para sa kanilang dalawa, ngunit matapos lang ang ilang subo ay tumigil na ako at kaagad na nilagok ang laman ng bote.

I sa, dalawa, hindi ko na namalayan pa kung nakailang bote na ako. Basta't maubos lang ang isa ay magbubukas na ako ng bago. Gusto kong makalimot. Gusto kong mabura sa isipan ko ang nangyari.

Nang akmang magbubukas ulit ay pinigilan na ako ni Lloyd. "O, o. Naku, hindi sagot sa problema ang alak, madam. Ang dapat diyan ay kinakalimutan. Ang dapat ay binubuksan mo iyang utak mo tapos kinukuha mo ang alaala niya at tinitirisan pa ang kuto."

"Hindi dapat gano'n lang. Parang masyado tayong naging mabait sa kanya." may tamang sabi ni Justin.

"Ano naman?" nahihilo at may tama ko na ring tanong sa kaniya.

"Sugurin siya! O kaya basagin natin ang salamin ng kotse nya!"

"Makukulong naman tayo sa mga iniisip mo, Justin." Naiiling na sabi ni Lloyd at napatawa naman ako bago may naisip.

"Alam ko na. Sandali."

Kinuha ko ang cellphone ko na nakapatong sa mesa bago siya tinawagan.

"Hello?" pagsagot niya at dahil lango na ako sa alak ay hindi ko na namalayan pa ang mga sinabi ko.

"Gusto ko lang malaman mo na isa kang malaking gag*. P***** mo! Akala mo ba ay iiyak ako at maghahabol sa—hik—yo? Utot mo! Makikita mo, Godric Villaterra. Hindi kita kailangan s- sa buhay ko at papatunayan ko iyan sa'yo. Go f*** yourself."

Hindi ko na siya hinintay na sumagot at ibinato ang cellphone ko bago tumingin sa nakangangang si Lloyd at tulalang si Justin.

Ngumisi ako sa kanilang dalawa. "How's that? Okay na ba?"

"Mnura mo ang boss mo." nakangangang bulalas ni Lloyd.

"Correction. Ex- boss."

I nihilamos ko ang mga kamay ko sa mukha ko bago nahiga sa may carpet nang makaramdam ng antok.

Kinabukasan ay nagising ako na masakit ang ulo at ilang sandali pa ay nakita ang isang kamay na nakalahad sa harap ko.

"Thank you, Just." nakangiting pasalamat ko sa kaibigan ko bago tinanggap ang ibinigay niyang gamut. "Si Lloyd?"

"Welcome. Umuwi muna sa kanila at hinahanap ng mga magulang niya. So, ano ang gusto mong gawin natin ngayon?"

Ilang sandali akong nag-isip bago may ideyang pumasok sa isip ko. Hindi ako dapat na magpakalunod sa sama ng loob at magdrama lamang buong araw. Iyon ang gusto nilang dalawa. Gusto nila akong makitang lugmok at walang-wala dahil sa aking ex, ngunit hindi ko ibibigay sa kanila ito.

"Samahan ko ako sa salon, Just." sabi ko sa best friend ko na may tipid na ngiti sa mga labi at pinagmasdan ang buhok na muling humahaba. "Parang gusto kong ibalik muli ang dating kulay ng buhok ko."

m.dream.com

Kabanata 31

10 - 12 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Walang pag-aatubili at pagdadalawang-isip kong itinuloy ang aking plano kasama ni Justin na suportado naman ako. Nang araw ding iyon ay napalitan ang kulay itim na buhok ko ng pula na dati pa man ay paborito kong kulay at madalas na gamitin. Nang araw ding iyon ay bumili ako ng mga bagong kagamitan dahil wala akong balak pa na kunin ang aking mga gamit sa bahay niya.

Bago tuluyang makalabas ng mall ay naagaw ng pansin ko ang isang kulay pulang dress na may mataas na slit sa kanang bahagi. Lumapit ako sa estante at hinaplos ang malambot na tela.

"Oh, I can almost imagine you wearing that dress. Iniisip ko pa lang ang mukha ng ex mo kapag nakita ka niya ay natatawa na ako. Sigurado ako na maglalaway iyon kapag nakita ka."

Muli ay walang pag-aatubili kong binili ang red dress. Gayunpaman ay hindi ako bumili ng make up dahil ayoko namang baguhin ang aking sarili para sa kanya. Oo nga't gagawin ko ito para unang hakbang sa aking paghihiganti. Unang hakbang para ipakita sa kaniya at sa babae niya na hindi ako magpapakalunod sa kalungkutan at kumunoy na pinaglagyan nila sa akin. Pero ayoko rin naman na maging sobra at mukhang desperada sa atensyon.

Nang sumunod na araw ay agad kong ginawa ang aking plano. Maaga akong gumising at naligo. Humarap ako sa salamin at naglagay rin ng pulang lipstick bago ngumiti sa aking repleksyon. Gusto ko itong nararamdaman ko. Imbes na sakit at lungkot ay sabik ang nararamdaman ko dahil sa nakatakda kong gawin. Kailan ba ang huling pagkakataon na naging maldita ako? Kailan ba iyong huling pagkakataon na may ginawa akong bagay na mapangahas?

"Are you ready, Elizabeth?" nakangiting tanong ko sa aking sarili bago sinuklay ang kulay pula kong buhok.

Kung paghihiganti ang nais mo ay iyon ang ibibigay ko sa'yo, Godric Villatierra. Iipapakita ko sa'yo na kaya kong mabuhay na wala ka. Iipapakita ko sa'yo na kaya kong lumaban at hindi mo na ako makokontrol pa.

Tumayo na ako at marahan at walang pagmamadali kong sinuot ang pulang spaghetti dress na binili. Ang malambot nitong tela ay dumulas sa aking balat na alaga naman sa lotion. Ang sukat ay perpekto at para bang hinulma talaga para sa makurba kong katawan. Nang matapos ay tumingin ako sa salamin at nakita kung paanong umangat lalo ang malasutla kong kutis dahil sa kulay ng aking suot.

Sa paa naman ay sinuot ko ang silver pumps na binili ko rin para sa aking sarili. You see, hindi ko tinipid ang sarili ko kahapon para sa plano kong gawin ngayong araw.

Mula sa likuran ko ay nakita ko si Justin na pumasok sa nakabukas na pinto ng kwarto niya kung saan ako nakikitulog. I sa lang kasi ang k'warto ng condo niya at ayaw naman niya akong patulugin sa labas.

"You look beyond gorgeous, love." Puri niya sabay haplos sa aking balikat. "Make him regret his decision. Hayaan mo siyang maglaway at magsisi na pinakawalan ka niya. I sampal mo sa mukha ng so-called best scammer este actress na iyon na walang-wala siya sa'yo. Always remember who you are, Elize. You are the original and no one can replace you."

Ngumiti ako sa kaniya at pumayag na ihatid niya sa V. E. C.

"Gusto mo bang samahan kita?" tanong niya ng malapit na kami sa kumpanya.

Umiling ako at humigpit ang hawak sa envelope na hawak. Ang envelope kung nasaan ang aking ginawang resignation letter.

"Kaya ko na ito, Just. Kailangan ko itong gawin para sa sarili ko. Para sa ikapapanatag at para sa ikatatag ng aking kaisipan."

"Hihintayin kita sa labas at hindi ako aalis hangga't hindi ka dumarating. Kapag kailangan mo ng tulong ay sumigaw ka lang at tatakboko."

Sa sinabi niya ay bahagya akong natawa. "Baliw ka talaga."

Nang makarating sa pamilyar na kumpanya kung saan ako nalipat. Kung saan naganap ang ilang sandali sa pagitan namin at kung saan ilang beses akong naging sentro ng chismis.

Sa ikahuling beses ay paingayin kong muli ang aking pangalan.

Huminga ako ng malalimbago binuksan ang pintok. Nang tuluyang makababa ay tila ba nawala ang kaunting kabang naramdaman ko at naging ibang tao ako. Taas-noo akong naglakad papasok sa loob ng gusali at maging ang gwardya ay natigilan. Pagpasok pa lang sa loob ay kaagad na natutok ang atensyon ng ilan sa akin. Mga naroon para mag-apply ng trabaho, mga empleyado at kung sino-sino pang mga tao.

Bawat paglakad ko ay lumilikha ng tunog na nanggagaling sa suot kong takong. Wala akong tinignan kahit na isa. Hindi ko sila binigyan ng atensyon at sumakay sa elevator. Nang bumukas ito ay lumabas na ako at naglakad sa pamilyar na hallway patungo sa aming opisina. Nang may isang makakita sa akin ay para itong langgam na agad na pumasok sa loob para marahil ikalat sa iba ang pagsulpot ko at ilang sandali pa ay may ilang ulong dumungaw. Ang ilan sa kanila ay nakasama at nakangiti ko sa resort. Sila ang nakasaksi sa pangyayari.

"Grabe. Siya ba iyan? Parang noong isang araw lang iyon."

"Nagpapanggap lang ba siyang manang noon? Sabagay nga, sabi nga nila, ang mga ganyang klase ng babae pa ang malakas daw ang kulo sa loob."

"Narito kaya siya para magmakaawa kay Sir? Narinig niyo naman, hindi ba? Umamin na si Sir Godric na obsessed nga sa kaniya iyang si Elizabeth."

"Pero girl, hindi niyo ba nakita kung gaano sila ka-sweet no'n? Kung obsessed si girl, bakit naging sweet pa si Sir? Ano 'yun, pa-fall lang siya? I think there's more to the story naman. Huwag tayong manghuga agad."

Sa narinig ko mula sa isang babae ay hindi ko napigilang mangiti na may tao naman palang nakaintindi sa akin.

Nang makarating sa office ay nakita kong walang tao sa mesa ni Lloyd at natanong sa sarili kung seryoso nga siyang mag-quit.

"Wow." dinig kong bulalas ni Carla bago pumalakpak. "Talagang nagpakita pa po siya. Talagang gusto mong nagiging sentro ng atensyon? Hindi pa ba sapat na dinudungisan mo ang departamento natin?" angil niya at hindi ko siya pinansin at imbes ay lumapit sa mesa ni Sir Erol.

"Ms. Cruz?" gulat na tanong ni Sir Erol. "Wow. Color red suits you."

Tipid akong ngumiti bago inilapag sa mesa niya ang resignation letter ko. "Napakabuti mong boss, Sir. Hindi ko makakalimutan ang mga turo at gabay mo sa akin."

Kunot ang noo niyang kinuha ang puting envelope bago tumingin sa akin. "I heard what happened pero kailangan ba talagang umalis ka, Ms. Cruz? I can give you a few days off if that's what you need. Nanghihinayang lang ako at isa ka sa mga masipag na empleyado rito."

Hindi pahinga ang kailangan ko, Sir. Nais ko sanang isagot sa kanya, ngunit imbes ay ngumiti na lamang ako.

"Okay lang, Sir. I believe na pabor naman ito para sa iba." Pagpaparinig ko sabay tingin sa gawi ni Carla at tama nga ako na nakikinig siya. "Right?"

Imbes na sumagot ay inirapan ako ni Carla at binalik ang atensyon sa ginagawa. Kinuha ko ang pagkakataong tumingin sa aking mesa at kinuha ang ilang pictures doon bago ito inilagay sa hawak kong purse.

Isang huling tingin sa aking mesa bago ako muling lumabas at may isang tao akong nakasalubong na hindi ko inasahan, ngunit nakat akdang harapin.

Natigilan siya at tinignan ako mula ulo hanggang paa at ilang sandali pa ay nalukot ang mukha niya, bago siya ngumisi at namulsa. "Pumupunta ka sa mataong lugar na ganyan ang suot? And what's with the hair? Akala mo ba ay mauulol akong parang aso kapag nakita ko iyan?" malakas ang boses niyang panunuya niya sabay tawa.

"At bakit hindi? Hindi ba nga't tinira mo lahat ng babaeng may ganitong kulay ng buhok? Dahil ganito ang kulay ng buhok ko noong tayo pa." malakas din ang tinig kong sagot sa kanya at nakarinig ng bulungan. Mali ba ako, Mr. Villatierra?" taas- noo kong sagot sa kanya.

"Ay, oo nga. Tanda niyo iyong napalayas dati? Hindi ba nga't pula ang buhok no'n nang mapansin ni Sir?"

"Oo, at hindi lang siya actually—"

Hindi na natuloy pa ang bulungan ng ilang babaeng nakatayo mula sa amin nang samaan sila ng tingin ng kaharap ko bago niya ako hinila at kahit na anong palag ko ay dinala niya ako sa opisina niya. Nang makawala ay inayos ko ang sarili ko habang siya ay nagsimulang maghanap ng papel.

"Did you forget, Ms. Cruz? I still own you. You and I still have a contract to fulfil. And unless you have fifteen million, which I doubt, ay hindi ka pa malaya sa akin."

Nang mahanap ang aming kontrata ay naupo siya at iwinagayway ang ilang pahina ng papel. Lumapit ako sa mesa niya at ngumiti bago ito inagaw mula sa kaniya at sinimulan itong punitin sa harap niya.

"Kontrata? Ito lang ba ang maipagmamalaki mong, lalaki ka? Wala ka bang bay** para takutin ako sa mga ganitong bagay?" nanggagalaiti kong anas sa kanya at nang matapos sa pagpupunit ay inihagis ko sa ere ang mga ito at nagsimulang bumagsak sa aming dalawa. Hinigit ko siya sa kwelyo at pinakatitigan. "Sapat na kabayaran na sa p***** pera na iyan ang ginawa mo sa akin, Godric. Sobra- sobra pa nga. Binabalaan kita, oras na kantiin mo ako o ang kapatid ko ay hindi ako mangingiming ilantad ang baho mo. Hindi ako magdadawang- isip na hilahin ka papunta sa imperyong kinabibilangan mo." Buong tapang na banta ko sa kanya na hindi na nagawa pang kumurap man lamang dahil sa umaapaw na emosyon sa aking dibdib.

Ilang sandali niya akong tinitigan at lumaban ng tingin bago ko siya binitawan at ngayon ay nagkalat ang mga punit na papel sa sahig at paligid naming dalawa.

"Ang tanong ay kaya mo ba? Do you have what it takes to challenge me, Beth? Kumpara sa akin ay ano ang maipagmamalaki mo? Compared to Monique, hindi ba't wala kang panama sa kaniya?"

"Huwag mo akong tawagin niyan dahil nandidiri ako at nasusuklam." Dumilim ang mukha niya

at nagtagis ang mga bagang niya sa sinabi ko. "Panuorin mo na lang ako, Godric. Panuorin mo kung paano kong ibabangon ang aking sarili. Nagawa ko na iyon at makakaya ko itong gawing muli."

Hindi ko na siya hinintay pang makasagot at kaagad siyang tinalikuran, ngunit bago tuluyang lumabas ay nilingon ko siya.

"Oo nga pala. Bagay kayong dalawa ni Monique. Pakiabot na lang ang pasasalamat ko na tinanggap niya ang tira-tira ko." may pilit at nang-uuyam na ngiti sa mga labing sabi ko bago isinara ang pintó.

Habang palabas ay kinuha ko ang cellphone ko mula sa aking purse at tinawagan si Lucas.

"Hello, Elizabeth?" ang masigla niyang pagsagot.

Napapikit naman ako nang mariin bago napakagat-labi. "Pumapayag na ako sa inaalok mong tulong, Lucas."

mdream.com
Kabanata 32
11 - 14 minutes

Godric Villatierra's POV

Pinanuod kong umandar ang sasakyan ni Lucas sakay sya. Naikuyom ko ang mga kamay ko at nasipa na lang ang buhangin dahil sa inis.

How dare that assf*** act like a damn hero who came to save her?

My ex is nothing but. She's a devil in disguise and she got what she deserved.

Oo. Mula umpisa pa lamang ng 'panliligaw' ko sa kanya ay planado na. Simula pa lamang at lahat ng pinakita ko sa kanya ay pawang pagpapanggap lamang. Bawat matatamis na salita at pangakong lumabas sa bibig ko ay puro kasinungalingan. At hindi ko na kasalanan kung naniwala sya at madaling nagpauto.

It was fun while it lasted. I had fun playing with her. I had fun f***** her again and it fed my ego. Busog na busog ako dahil napaikot ko sya at naloko. Kuntento ako na muli siyang natikman at naipamukha sa kanya na mahina pa rin sya.

She deserved it. She deserved everything. She deserved experiencing the same humiliation she put me through. She deserves to cry and feel the same pain I have endured.

Pero tang*** lang dahil may isang lalaking epal sa plano ko. Elizabeth deserved to be alone. Dapat lang na walang tumutulong sa kanya para mapahirapan ko pa sya. Para maipamukha ko pa sa kanya na kailangan nya ako.

Planado ko na, eh. Naplano ko na ang tadhana ng bakla nyang best friend. Dahil nasiguro kong aalis sya sa kumpanya matapos kong isagawa ang plano ko kay Beth ay sinabihan ko na si Luke na itimbre ang mukha at pangalan nito sa ibang kumpanya at huwag itong tanggapin. Ang bago niyang kaibigang si Lloyd ay mukha namang hindi sya kayang tulungan kaya naman hinayaan ko muna ito.

But damn it to hell. That freaking Lucas Managbanag ruined my plan.

Matapos ang madramang tagpong iyon ay magkasama kami ng aking f*** buddy na si Monique. Yes, she's been my partner in bed even before I started courting Beth. Ang matatolim na mga

mat a ay nakat ingin lamang sa labas ng bint ana habang inaalala ang nangyari.

"Ang galing mong umarte dahil nakumbinse mo ang ex mo na mahal mo pa sya, babe. Sigurado ka bang wala kang balak na mag- artista? Sigurado akong kaya mong makipagtapatan sa mga sikat na aktor at baka manalo ka pa ng award." May halong pang-aasar na sabi ni Monique habang nakahilig sa dibdib ko at nilalaro ang aking dibdib.

"Stop it." inis kong suway sa kanya bago siya marahang itinulak. "Stop being so freaking clingy, Monique. We are nothing but f*** buddies, okay? Two people without commitment. Two people casually releasing their frustrations."

At dahil hindi niya alam ang salitang 'space' at 'katahimikan' ay hindi sya nagpatalo. "What? Ganun-ganun na lang iyon? Matapos mo akong gamitin? Matapos mong maisagawa ang plano mo ay itatapon mo na rin ako kagaya ng ginawa mo sa ex mo?"

Napabuntong-hininga ako bago nasapo ang noo. "Luke, unahin natin sa condo ni Monique."

"Yes, sir."

Ilang minutong namayani ang katahimikan sa pagitan namin bago ko naramdaman ang kamay niya sa braso ko. "Baby, I'm sorry. Hindi ko sinasadyang mainis sa'yo. Let me make it up to you, hmm?"

Ang malilikot nyang daliri ay nagsimulang maglakbay mula sa aking braso, tiyan at hanggang sa pagitan ng aking mga hita. Nagsimula nya akong serbisyohan gamit ang kamay nya, ngunit wala akong maramdaman. I am as soft as a marshmallow.

"I'm not in the mood, Monique." Pagkuwa'y saway ko sa kanya at inilayo ang kamay nya sa akin. "Keep your hands to yourself."

Marahil ay nadama at nakita nyang hindi ako nagbibiro at anumang oras ay sasabog ang pagtitimpi ko kaya naman hindi na sya nagtangkang lumapit at hawakan ako.

I hate that she still occupies my mind even after what happened.

Nang maihatid sa bahay si Monique ay sa mansion ako nagpadiret so at hindi sa bahay na binili ko para sa amin ni Elizabeth. Sigurado naman ako na hindi siya roon uuwi ngayon, ngunit hindi sya dapat pakampante na papayag ako roon. After all, I still own her. We still have a contract and she still needs to do her end of the bargain.

I am not quite done with her yet.

"Any actions needed right now, Sir? Do you want me to stop the rumor from spreading? I bebenta na ba ang bahay? How about her belongings, Sir?" muli ay tila isang programmed na robot na sunod-sunod na tanong ni Luke.

I hate that he knows me so well by now. Sabagay, ilang taon na rin siyang nagtatrabaho sa akin. Sila ng asawa niyang secretary ko naman. At bilang assistant, driver at confidant ko, alam din nya ang halos lahat ng tungkol sa buhay ko at sa mga plano ko dahil madalas ay siya ang inuutusan ko at pinapakilos.

"Hayaan mo lang ang bahay at mga gamit nya. Babalik iyon dahil sisiguraduhin kong wala syang ibang malalapitan at maaasahan kung hindi ako." turan ko habang nakapikit at nakasandal sa sofa.

"Noted, Sir."

Habang nakapikit ay paulit-ulit na bumabalik sa isipan ko ang sakit na idinulot ng ginawa ko sa kanya. Paulit-ulit na naglalaro sa alaala ko kung paano syang halos magwala sa buhanginan nang iwan ko sya. Kung paanong halos hilingin na nyang kainin siya ng lupa kanina nang ipahiya ko sya.

I just did the same to her. Dapat nga at magpasalamat sya na gano'n lang ang ginawa ko.

"Alam kong hindi ka sang-ayon sa ginawa ko." sambit ko matapos ang ilang sandali na hindi tinitignan si Luke.

Kaibigan na rin ang turing ko sa kanya kung tutuusin, ngunit masyado siyang seryoso sa trabaho at buhay kaya naman nanatiling 'Sir' ang tawag nya sa akin.

"My opinion does not matter, Sir."

Napatawa na lang ako ng pagak bago napabuntong-hininga. "You can go home, Luke. I'm tired and I want to rest."

Kinagabihan habang kaharap ang ilang can ng beer ay may isang hindi inasahang tawag akong natanggap.

"Gusto ko lang malaman mo na isa kang malaking gag*. P***** mo! Akala mo ba ay iiyak ako at maghahabol sa—hik—yo? Utot mo! Makikita mo, Godric Villaterra. Hindi kita kailangan sa buhay ko at papatunayan ko iyan sa'yo. Go f*** yourself."

I binuka ko ang bibig ko upang sumagot, ngunit narinig ko ang dial tone. Napatanga ako sa cellphone ko dahil sa mga sinabi nya at pagmumura nya sa akin. Nakuyom ko ang kamao ko at itinaon ito kung saan.

"Magpasalamat ka na malayo ka, kung hindi ay namumula na iyang pisngi mo sa palo ko." naiiling kong wika at isinara at binukas ang kamao na para bang may sariling isip ito at nasabik na magbigay ng disiplina. I snatched another can from the table before downing it. "At anong hindi mo ako kailangan? Don't lie to yourself, Beth. Sooner or later, you'll come crawling back to me and beg for my help." may kasiguraduhang sabi ko sa sarili ko at ilang sandali pa ay naibat ito sa 60 inches kong TV.

Tang*** lang. I sipin ko pa lang na baka kay Lucas siya nakikitulog at nakikitira ay kumukulo na ang dugo ko! Pero hindi ako magpapatalo at unang bibigay. Oh, no. Like hell I will. Maghihintay na lamang akong bumalik sya.

Kinabukasan pagbalik sa kumpanya ay hindi ko napigilan ang sarili kong maging irritable. Konting pagkakamali lamang ay nakasigaw na ako. Bawat maling kilos ay napapansin ko na kaagad at halos magkadikit na ang mga kilay ko dahil sa inis.

Bakit ba hindi ko maikalma ang aking sarili? Bakit ba kumukulo pa rin ang dugo ko? What have you done to me, you witch?

I imagine my surprise when I was informed of her entering the building. Hindi na ako nag-aksaya pa ng panahon at kaagad na lumabas para makita sya. Nakaramdam ako ng sabik na makita ang miserable nyang mukha. Sabik akong makita ang kaparehong kalagayan ko noon sa kanya ngayon. Ang miserableng kalagayan nang mawala sya at paglaruan din ako.

"Does she look miserable, Luke? Then again, that's expected." Nakangisi kong tanong kay Luke at hindi siya sumagot at imbes ay napakamot sa batok. "What? Mas malala ba?"

"Ah, eh, kayo na ang bahalang humusga, Sir."

Napakunot naman ang noo ko sa narinig at ilang sandali pa ay nakarating na kami sa departamento nila. Ang malalaking hakbang ko ay unti-unting bumagal. Ang aking pagkasabik ay unti-unting natunaw nang makita sya at agad na napalitan ng ibang emosyon.

Agad kong napansin ang pula nyang buhok, damn it. Kasing-pula ito ng buhok niya noon. Ang talaga namang nagpakulo sa aking dugo ay ang kanyang suot na nakakurba ang kanyang mala-coke na katawan at mayroon itong mataas na slit.

F***.

May parte sa akin ang kaagad na ginustong hilahin siya at itago sa mga malisyosong mata ng mga lalaking nakakita at makakakita pa sa kanya. How dare she display her body like that! How dare she dare test my limit!

But then I stopped myself when I realized that everything's over between us.

Wala na nga pala akong karapatan. Hindi na nga pala kami. Wala na dapat akong paki kung ano ang isuot nya at kung ano ang hitsura nya. Hindi dapat ako apektado kung ang kaharap ko ngayon ay kamukhang-kamukha ng babaeng labis kong kinabaliwan at minahal noon. Ang babaeng nakahanda ko na sanang tangayin papunta sa ibang bansa noon para hindi kami magkahiwalay, ngunit may iba pala syang plano at sorpresa para sa akin.

But I still own her, right? I bought her. Kaya may karapatan pa rin akong pagbawalan at kontrolin sya dahil ako pa rin ang nagmamay-ari sa kanya.

Kaya naman hinila ko sya papunta sa aking opisina at agad na hinanap ang kontrata para ipaalala sa kanya ang katotohanan. Kung inaakala nya na tapos na ang lahat sa amin at pwede na nya akong takasan ay nagkakamali sya.

"Did you forget, Ms. Cruz? I still own you. You and I still have a contract to fulfil. And unless you have fifteen million, which I doubt, ay hindi ka pa malaya sa akin."

I admit. Nagulat ako at napatanga nang walang pagdadalawang-isip nyang pinunit ang kontrata sa harap ko. Buong tapang nya akong hinarap at sinagot. And I hate to admit that she's right. Fifteen million will not suffice. Hindi nito mapapalitan at mapapantayan ang mga ginawa ko sa kanya. At kilala ko sya. Mabait at mapagbigay na tao si Beth, but push her to her limit at siguradong tototohanin nya ang banta nya at hindi ko iyon mapapayagan. I love my image and reputation too much to have her ruin it.

I've had my revenge and I had fun doing it, but why am I still not satisfied? F***. Godric, ano pa ba ang gusto mo?

Napasabunot ako sa buhok ko sa inis sa sarili. Lumipas ang maghapon na mainit ang ulo ko at naibuntong ko ito sa mga empleyado ko. Naapektuhan din ang ilang meeting na kinabibilangan ko at hindi ko magawang mag-focus.

Paulit-ulit na bumabalik sa isip ko ang hitsura niya kanina. How seductive and luscious she looked. Far from the miserable ex-girlfriend I expected her to be. Far from how I looked when we broke up before. Far from how I suffered and foolishly cry and drown myself in alcohol. Hindi ko napigilang isipin kung ganoon din ba sya noong una kaming naghiwalay. Sabagay, hindi naman nga pala nya ako minahal.

Dapat siya ang apektado kaya bakit ako ang nagkakaganit o?

And sh**, isipin ko pa lang kung paano siyang suyurin ng tingin ng mga manyakis ay kumukulo ang dugo ko. Lalo na at alam kong mas nakakabaliw ang kanyang katawan kapag walang suot na damit.

Lumipas ang mga araw na ganoon ako. Iritable, pikon at palaging nakasigaw. Minsan nga ay nadadamay na rin si Luke. Tapos sumabay pa ang taranta**** si Lucas na kinansela ang partnership namin kaya naman napilitang maghanap ng kapalit nya.

I hate to admit, but his company is the best in the country and it's pissing me off how he shrugged me off like that. Sino siya sa akala nya?

Hanggang sa dumating ang araw ng unang araw ng audition para sa Project Stella. Hindi naman kailangan ang presensya ko roon, ngunit dahil ako ang CEO ng kumpanya at personally involved sa nasabing project ay pinilit ko namang dumalaw sa venue kung saan nagaganap ito.

And imagine my surprise when I saw my ex-girlfriend na isa sa mga naroon para mag-audition para maging model.

m.dream.com

Kabanata 33

12 - 15 minutes

Elizabeth Cruz's POV

"Wow! Malayo pa lang ay amoy na amoy ko na ang bango ng niluluto mo, love!" bungad ni Justin pagkabukas pa lamang niya ng pintor.

I binaba ko ang hawak na sandok at sunod na inilagay ang kangkong sa niluluto kong sinigang. "Kumusta ang lakad mo, Just?"

Matapos ilagay ang huling gulay ay tinikman ko ang luto ko at sinigurong walang kulang na lasa. Ako ang madalas na magluto ng hapunan sa bahay kaya naman marami akong alam na recipe, ngunit gayunpaman ay hindi ko mahihigipat sa husay ang aking namayapang ina. Bawat lutuin nya noon ay talaga namang uulit ka ng kain.

"Ayos naman. Gusto ko naman ang terms nila at maganda ang location na inaalok nila. Medyo mahal lang talaga ang franchise pero sikat naman kasi ang pangalan nila kaya hindi ako nangangamba na baka malugi ito."

Imbes na muling mag-apply sa ibang kumpanya ay napag-desisyunan na lamang ni Justin at ng kanyang kapatid na si Prince na magtulung sa family business. May natira pa raw sya sa ipon nya sa ibinayad nya sa ex ko kaya ito ang gagamitin nila at kung kukulangin ay nakahandang umutang ng panimula.

"Wow sinigang. Anong meron? Matutuwa na naman niyan ang matakaw na si Lloyd. Mamaya lang ay nariyan na iyon makita mo."

"Tamang-tama at sobra itong niluto ko, Just. I nimbihan ko kasi si Lucas na kumain dito."

Dinagdagan ko lang ng konti pang asin ang niluluto ko bago ito tinakpan at hininaan ang apoy.

"Wow. Buti naman at pumayag ka na. Matagal na nyang gustong matikman ang luto mo, eh."

Pinaningkitan ko ng mga mata si Justin dahil sa double meaning niyang sinabi at pa-inosente lang syang ngumiti.

I sang linggo na rin siguro ang nakalipas mula ng araw na iyon at hindi ko masasabing ayos ako, ngunit hindi ko rin masasabi na miserable ako. Araw-araw ko pa rin siyang naiisip at ang mga alaala namin. Gabi-gabi pa rin akong hindi pinapatulog ng pangyayari at may pagkakataon pa na magigising na lamang ako na may tuyong luha sa mga mata. May mga pagkakataon pa rin

na malilit ang ako at matutulala na lang.

Pero pinipilit kong maging maayos. Hindi lang para sa sarili ko, kay Skye kung hindi para sa mga taong nag-aalala sa akin.

"Tumigil ka nga, Just. Ang kulit mo talaga." Napapailing kong sambit bago nagsimulang maghain dahil nagsabi na si Lucas na paparating na sya.

Ang I phone na cellphone na ibinigay niya noon ay ipinasa ko na kay Skye at nagdahilan na lang ako sa kapatid ko na hindi ko ito gusto at mahirap gamitin. Sabik at masaya naman nya itong tinanggap. Bumili na lamang ako ng murang android phone gamit ang konti kong ipon dahil ayoko namang umasa nang umasa sa iba.

Pagdating naman sa trabaho ay inalok na ako ni Lucas ng posisyon sa kumpanya nya at pinag-iisipan ko pa kung tatanggapin ko ito o magsisimulang muli sa iba.

Magsasalita pa sana si Justin nang makarinig kami ng doorbell at nanunukso ang mga matang dinaanan nya ako bago naglakad palapit sa pinto. Ilang sandali pa ay umasok si Lucas na talaga namang preskong-presko at brusko ang dating sa suot na purple polo shirt. Halos humalimuyak sa buong paligid ang amoy niya na tinatangay ng hangin na nagmumula sa aircon.

"Hi, Elizabeth. I saw this on my way to here and thought you'd like 'em." may matamis na ngiti sa mga labing sabi nya bago inabot sa akin ang isang bouquet ng iba't-ibang klase bulaklak.

Nahihiyang pagngiti naman ang ginawa ko bago ito tinanggap. "Salamat. Hindi ka na sana nag-abala pa."

"Hindi ka naman abala." mabilis nyang saad at naiilang na lamang akong ngumiti sa panlalandi nya.

Nitong mga nakakaraang araw ay napansin kong unti-unti syang nagiging maharot sa bawat texts nya at sa tuwing magkikita kami. Mula rin nang pumayag ako sa gusto nya ay hindi pa rin kami nagkakaroon ng solidong plano kung paano makakaganti sa ex ko.

Napatingin kami pareho kay Justin na malakas na tumikhim. "Ehem, ehem. Paano naman po ang may-ari ng bahay? Tumatanggap din naman ako ng flowers." panlalandi naman ni Justin at napakot na lang ang mga mata ko bago naghanap ng vase para ibabad ang mga bulaklak.

"Pasensya ka na, pare. Sa susunod dadalhan kita ng alak."

Pinigilan kong matawa sa sinabi ni Lucas at sa reaksyon ni Justin na parang hihimatayin na. Lalaking-lalaki pa rin syang kumilos, ngunit minsan ay mas babae pa sya sa akin magsalita at umarte.

"Excuse me. Ang rude ha. Pare ka riyan. Eki ka sa akin kapag niligawan mo na itong kaibigan ko, I'm telling you." pagdrama ni Justin.

"Maupo ka muna, Lucas. Magsasandok lang ako ng ulamat kakain na tayo."

Nang makahanap ng vase sa ilalim ng lababo ay inilapag ko muna ito sa isang tabi katabi ng bulaklak at kumuha ng mga mangkok para mag-sandok.

"Amoy na amoy ko nga, Elizabeth. Sigurado akong masarap iyan."

Isang ngiti lang ang ibinatog ko kay Lucas bago nagpatuloy sa pagsasandok.

"Respeto sa single, pare. Pare, wala ka bang kapatid o kamag-anak na masarap din? Este,

masarap maglut o?"

Pinanlakihan ko ng mga mata si Justin nang ilapag ang isang mangkok sa harap nya at ngumisi naman sya.

"May mga kapatid ako pero puro sila mga babae." pakikisakay ni Lucas at muli akong bumalik sa kalan para magsandok pa.

"Thanks, but no thanks."

Nagsimula kaming kumain habang nag-uusap at natuwa naman ako dahil nasarapan si Lucas sa luto ko. Madalas kasi ay wala naman akong naririnig na kument o mula sa mga kamag-anak ko at tanging si Skye lang ang pumupuri sa luto ko.

"Napag-isipan mo na ba ang offer kong trabaho, Elizabeth?"

Uminom ako ng tubig at bahagyang natawa. "Lucas, pwede namang Elize or Elize na lang. Masyadong mahaba ang pangalan ko."

Ngumiti rin sya bago ipinatong ang siko sa mesa. "Okay, Liz na lang."

"Tungkol sa tanong mo. Hindi ko pa rin kasi alam talaga. Ayoko namang masabi ng iba na kumapit ako sa'yo. Pwede naman akong magsimula sa simpleng empleyado muna, Lucas."

"Aha!"

Napatingin ako kay Justin na nagninigning ang mga mata at nakataas pa ang kamay na ginamit nya para ipinitik ang mga daliri. "Magsisimula na ang Project Stella, love. Bakit kaya hindi ka na lang sumali roon?"

"Oh. That's a good idea. It's like hitting two birds with one stone. Maaari kang maging sikat na model at the same time ay magagamit mo ito para makaganti sa ex mo." Nakatangong pagsang-ayon ni Lucas at nagpabalik-balik ang tingin ko sa kanilang dalawa.

"Ayoko."

"Oh, come on, Liz."

"Love naman."

Sabay pa nilang bulalas sa sagot ko at mariin akong umiling. "Hindi pang-model ang mukha ko, ano ba kayo? Tignan nyo nga itong katawan ko. Hindi ako gano'n kapayat para ryan!"

"That is not true. Mula noon hanggang ngayon ay ikaw pa rin ang pinakamagandang babaeng nakita ko, Liz."

Sa narinig ay hindi napigilang mamula ng mga pisngi ko. "Magtigil ka nga."

"Agree naman ako. I sa pa, have you seen those curves? Kahit sino ay mababaliw dyan, love. Sumali ka na, please? Wala namang mawawala. Malay mo ay ikaw pa ang maging pambato ng bansa natin para sa Project Stella!"

"Ayaw. Ayoko!" matigas kong pagtanggi at sinabayan pa ng pag-iling.

Ako? Isang model? Asa! Baka magkalat lang ako sa audition dahil hindi ako qualified. Pag-aartista nga ay hindi ko pinasok kahit pa nakatanggap ako ng alok noon tapos magiging model?

Sa huli ay napilit din nila ako ma sumubok dahil nang dumating si Lloyd ay gumatong na rin sya, at hindi nila ako tinigilang tatlo hangga't hindi ako pumapayag.

Kaya naman ng sumunod na araw ay nagsimula ang 'training' ko sa kamay ng dalawa kong kaibigang gusto kong panggigilan.

"Keep your back straight, love. Nakakita ka na ba ng model na hukot?" striktong paalala ni Justin na feel na feel ang pagiging instructor sabay marahang hampas sa likod ko.

Napipika ko namang pilit na pinadiretso ang likod ko.

"Stomach in, chest out dapat, ganern." dagdag naman ni Lloyd na inikutan pa ako habang hinihimas ang baba. "Sexy ka na pero siguro subukan mo pa magbawas, Elize. Nakita mo na ba ang mga model? Parang hindi kumakain."

"Huwag na lang kaya akong kumain?"

"Hindi naman pwede. Ito naman ang susunod. Try mong maglakad mula roon hanggang dito. Chop- chop!"

Napabuntong- hininga na lang ako bago halos hindi humihingang naglakad.

"May itlog ba sa mga paa mo?"

"Bakit para kang robot maglakad?"

Nanggigigil man sa kanilang dalawa ay nagtimpi ako at sinunod ang gusto nila. Nariyang pakiut in nila ako sabay pose.

"Masyadong stiff ang paglalakad mo, love. I-relax mo lang ang balikat mo and keep your face expressionless. Gano'n ang mga nakikita kong model, eh. Parang nanghahamon ng away."

Halos hindi na ako magkandaugaga at mahilo na sa sabay nilang puna at pagtatama sa pagkilos ko. Mula sa paglalakad, galaw ng mga braso, postura at emosyon dapat ng mukha.

"Ayoko na! Ang hirap. Hindi ko kaya." pagsuko ko at minasahe ang paa na nakakulong sa isang 4-inches na heels.

Hindi ako gaanong nagtatatag at idagdag mo pa na nakailang paroon at parito ako sa harap nila kaya naman nagsimulang sumakit ang mga paa ko.

Napasalampak ako sa lapag at pinunasan ang pawis kahit pa malamig naman sa loob ng condo.

Pabuntong- hiningang lumapit si Justin sa akin. "Ayoko mang sabihin pero may sinasabi ang mga kalaban mo, love. Kung gusto mong makabawi. Kung gusto mo silang bigyan ng leksyon ay kailangan mong gumawa ng sarili mong pangalan. Kailangan mong magpakatatag." pangungumbinsi ni Justin at hinawakan ako sa balikat. "I sampal mo sa mga pagmumukha nila na kaya mong bumangon at hindi ka nalugmok dahil sa ginawa nila."

"At perfect chance at timing itong Project Stella para sa balak mo, Elize." segunda ni Lloyd na inalis ang ilang hibla ng buhok ko na dumikit sa mukha ko.

"Let's try again?" malumanay na tanong ni Justin na may banayad na ngiti sa labi bago inilahad ang palad nya patatulangan akong tumayo.

Pikit-mata kong tinanggap ang kamay nya at muling sumubok.

"I sipin mo sila. I sipin mo ang ex mo at ang babaeng makati na nanunuod sa'yo. Magugulat silang makita na taas-noong rumarampa at kaisa sa mga naggagandahang mga model. I sipin mo na lang kung gaano kalaking sampal sa kanila kapag nakita nila ang babaeng inakala nilang magkukulong lang at magiging miserable ay nakaharap sa ibang tao at rumarampa." pagbibigay lakas-loob sa akin ni Justin habang naglalakad.

"I magine your ex drooling over the fact na pinakawalan ka nya! Pak!"

Hindi ko rin sigurado kung paano, ngunit pagod na ay biglang nag-iba ang postura ko. Nagbago rin ang paglalakad ko at mas naging relaxed na ang balikat ko. Ang emosyon sa aking mga mata na isinasalarawan sila na nanonood sa akin ay nagbago rin.

Nang makabalik sa harap nila ay sabay pa silang napapalakpak at nag-apir. Ilang sandali pa ay niyakap nila ako.

"Perfect, love. Ready ka nang rumampa."

"Siguradong kabog ka roon, Elize. I pupusta ko na makapasok ka sa next stage."

Nang sumapit ang araw ng audition ay parang proud na mga magulang na sinamahan ako ng dalawa. Ginamit ni Justin ang natitirang impluwensya nya para makapasok sila. Kinakabahan ako habang nakaupo kasama ng iba pang mga hopefuls. Halos malula ako sa damk nila at halos mahiya na rin ako dahil talaga namang marami ang model na model ang height, katawan at postura. Isa-isa kaming pinapaakyat para rumampa sa gitna kung saan naroon ang mga judges. Ang isa sa mga ito ay isang sikat na host at model din.

May ilang over-confident at halos umabot na sa kisame ang pagkakataas ng noo. Meron namang mga natatapilok na dahil sa kaba. May ibang tumuloy pa rin at meron namang iba na umiiyak na tumakbo palabas.

Habang papalapit ang number ko ay palalas naman nang palakas ang kabog ng puso ko.

"Number 92." tawag sa number ko at halos taranta akong tumayo bago kinalma ang sarili at naglakad paakyat.

Tumayo ako sa may gitna habang nakataas ang noo. Pilit na inaalala ang turo nila at pilit na hindi pinakit ang kinakabahan kahit pa halos lumabas na ang puso ko sa kaba.

Ilang segundo lang nang bigyan ako ng go signal ay nagsimula akong maglakad sa runway. Walang pagmamadali, ngunit hindi rin parang namimili sa bangket ang lakad. Nakataas na noo habang nakatingin lamang sa kawalan. Hindi muna ako nag-isip habang rumarapa ng oras na iyon. Bast'a't ikinilos ko ang aking katawan sa tamang paraan.

Hindi ako natapilok at hindi rin nangiti sa kaba. Natapos ang ang pagrampa ko at agad na tinawag ang kasunod ko.

At sa hindi naman inaasahang pagkakataon ay nagtama ang mga mata namin ng ex ko na may makikitang pagkagulat sa mukha.

Ganyan nga. Magulat ka. Simula pa lang ito, Godric. Ganyan nga, panuorin mo na lang ako mula sa malayo. Panoorin mo kung paano kong gawin ang bagay na hindi mo inasahan.

m.dreams.com

Kabanata 34

12 - 15 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Nakaupo roon kasama ang higit isang daang babaeng kagaya ko na umaasang makapasok sa susunod na round. Kasama sa mga umaasa na makapasok sa Top 50. Sa Top 50 ay magpapagalingan naman ang lahat sa pagiging creative at pipili ng Top 20. Sa huling round ay lima na lamang ang matitira at pagpipilian ng mga judges.

Sa totoo lang naman ay hindi naman ako umaasa na makapasok ako sa Top 5. Ayos na sa akin kung makapasok sa Top 50. Ang gusto ko lang naman talaga ay ang patunayan din sa sarili ko na kaya ko itong gawin. Bukod pa sa kagustuhang ipakita ko sa ex ko na hindi na nya ako kayang kontrolin at magagawa ko ang mga gusto ko.

Kahit sa sarili ko ay hindi ako sigurado kung hanggang saan ako tatangayin ng kagustuhan kong magmalaki. Paghihiganti? Oo, gusto ko silang paghigantihan sa pamamagitan ng pagpapakita na kaya kong gumawa ng pangalan ko. Na hindi ako magpapatalo sa ginawa nila sa akin. Na kahit na itapon nya ako ay may mga tao pa ring nakahandang mahalín ako at damayan. Pero mas gusto kong bigyan ng leksyon si Godric.

Ngayon pa lang ay naitatanong ko na sa sarili ko, 'Magiging masaya ka ba kung masaktan mo syang muli? Kapag nakaganti ka? Pagkatapos noon ay ano?'

Napabalik ako sa kasalukuyan ng sikuhin ako ng isang babae at napalingon ako sa kanya. "H-Ha?"

"Congrats, girl. Isa ka sa mga nakapasok sa Top 50." sabi nya sabay nguso sa harap at nakitang nakatingin sa gawi ko ang host.

"Candidate 92, step forward please."

Napanganga ako at tulalang naglakad sa harap, ngunit kaagad din akong nakabawi at inayos ang lakad at postura.

Nakapasok ako! Mula sa mahigit isang daang babae rito ay isa ako sa mga napili! Natutuwang sabi ko sa sarili ko at masayang napatingin sa dalawa kong kaibigan na halata mong masaya rin.

"The last five who will be joining are candidates 105, 121, 125, 139 and 150. Please step forward and join your fellow candidates." anunsyo ng host at sabay-sabay naman nagtalyuan ang limang tinawag at tumayo rin sa harapan.

"Congratulations sa inyong lahat at para naman sa mga hindi nakapasok, please don't give up and continue chasing your dream!"

Nagpalakpakan kaming lahat at ngumiti naman ako sa mga katabi ko na ngumingiti rin, bagaman hindi mawawala ang mga babaeng isnabera at nakairap.

"Tomorrow, we will have the second round. It will be based on your creativity, intelligence, grace and teamwork. Good job and once again, congratulations! See you all tomorrow!"

Nang matapos ay isa- isang naglakad palayo ang mga kandidata at natigilan naman ako nang may bumunggo sa akin. Bahagya akong nagulat nang makita ang isang pamilyar na mukha.

Ang babaeng pula ang buhok na nanakit sa akin dati! Ngunit ngayon ay itim na ang buhok nya.

"Akalaín mo ano? Ang isang kagaya mo ay may apog na mangarap na maging model?" pang-iinsulto nya sabay tawa at tingin sa akin mula ulo hanggang paa. "Balita ko sikat na sikat ka sa kompanya, ah? Kada linggo ay may issue tungkol sa'yo. Ano ang pakiramdam na itapon nyang parang basura nang manawa sya, ha? Masarap ba? Kasi ako nagulat na lang ako nang

sesantehin na lang ako bigla, eh. Pero okay lang. Kasi at least, pareho tayo ng naging kapalaran."

"Tapos ka na ba?"

"Ha? Ano 'yun?" pang-aalaska nya na inilalapit pa ang tenga.

"Ang sabi ko ang daldal mo masyado. Okay na? Tapos mo na akong sisihin sa pagiging miserable ng buhay mo?"

Napanganga sya bago natawa ng pagak. "Aba, tumapang sya. Pero nasaan ang pagmamalaki mo gayung for sure naman ay swertihan lang kaya ka nakapasok sa Top 50?"

"Huwag kang masyadong pakasiguro, bakla."

Nakahalukip na sabi ni Lloyd paglapit sa akin. Si Justin naman ay marahang binunggo sa braso ang babae. Teka, ano na mga bang pangalan nya?

"Hmp. Nakahanap ng kakampi. Pinapaalalahanan na kita na ngayon pa lang ay tanggapin mo na ang pagkat alo mo bukas." humahagigik niyang sabi bago naglakad palayo.

"Aba't - - "

Pinigilan ko si Lloyd na papatulan pa sana ang babae. "Hayaan mo na sya. Ayokong gumawa ng eksena at gulo. Marahil din ay iyon ang gusto niyang mangyari."

"Iyong mukhang palakang iyon ay nakapasok? Huwag ako. Kung judge ako ay hindi ko sya hahayaang makapasok."

Mula sa kanilang likuran ay nakaramdam ako ng panic nang makitang palapit sa amin ang aking ex na may blangkong mukha, ngunit bago sya tuluyang makalapit ay sumulpot naman bigla si Lucas mula sa kaliwa ko na may dalang bulaklak.

"Hi. I'm sorry I was late. Congratulations! Justin here told me na nakapasok ka sa Top 50." magiliw nyang bati sabay abot sa akin ng mamahaling bouquet.

Ang iba sa mga natirang kandidata ay nakatingin sa gawi namin at ang iba ay nagpakita ng inggit na ikinahiya ko naman. Pasimple akong tumingin muli sa ex ko at nakitang natigilan sya bago ko nakita ang pamilyar na emosyon sa mga mata nya. Masama ang tingin at madilim ang mukhang tumalikod na sya kasunod ng assistant nyang si Luke.

I binalik ko ang atensyon kay Lucas. "Salamat, Lucas. Nag-abala ka pa. Top 50 pa lang naman."

"Still. Achievement na rin iyon. Let's go. Let me treat you guys to dinner."

"Oh, no nee- - " sasabihin ko sana nang unahan ako ni Lloyd na nangunyapit kay Lucas.

"Sure, Daddy. Ang galante mo talaga, Daddy Lucas. Sure ka bang straight ka? Baka naman mabago ko pa iyan." panlalandi ni Lloyd sa natatawang si Lucas.

"Sorry, man. Hindi tayo talo."

Nakitang ko naman kung paanong hitakin ni Justin palayo si Lloyd kay Lucas bago ito inakbayan at kinutusan. "Sa kaibigan na natin iyan. Bakit ka nanunulot?"

Bahagyang napataas ang kilay ko sa ginawa ni Justin. Huwag mong sabihing nagseselos sya? Hindi naman kasi lingid sa kaalaman ko na hanggang ngayon ay patuloy ang pagkikita nila.

Bagay na bago sa akin dahil kadalasan ay madalas manawa si Justin sa mga ka-date o kalandian nya.

Dinala kami ni Lucas sa isang mamahaling restaurant bilang celebration. Dahil kasalukuyan akong feeling model ay light meal lang ang in-order ko para sa akin habang halos orderin naman ng dalawa ang buong page ng menu.

"Pasensya ka na sa kanila, Lucas." hinging paumanhin ko sa kanya, ngunit ngumiti lang sya.

"It's okay, Liz. Natutuwa ako sa kanila, actually. I think you've got yourself two keepers."

Nakangiti kong pinagmasdan ang dalawa kong kaibigan na nagbubulungan. "Tama ka."

"Oh, right. By the way, pwede mo ba akong samahan bukas pagkatapos ng competition?"

"Sure. Saan ba?"

"Sa isang auction. I am expected to donate to orphans and homeless people at gusto kong samahan mo ako."

Bahagya akong naubos matapos uminom ng juice. "Hala. Wala akong alam sa ganiyan."

Lang segundo lang siyang nakatingin sa akin at nanigas ako nang hapusin nya ang pisngi ko. "Sorry, may dumi kasi kaya tinanggal ko."

Ang dalawang loko kong kasama naman ay tila kinikilig ang tumbong. "May kasama pa po kayo." pang-aasar ni Lloyd.

"Sige lang. Invisible lang kami rito." dagdag naman ni Justin at pinanlakihan ko lang sila ng mga mata.

"Ako ang bahala sa'yo. I have a plan, okay? I'm giving you a heads up that he will probably attend, but it is perfect for my plan. I promise it will work for the both of us." pagsusumamo nya at napakagat naman ako sa labi bago tumango.

May tiwala ako sa kanya at alam kong hindi nya ako ipapahamak.

Ikalawang araw ng competition at mas konti na ang mga kandidato kaysa kahapon. Sa aking harapan ay nakaupo ang babaeng gigil sa akin at ang number nya ay 50. Makailang beses na rin niya akong nilingon at sinamaan ng tingin o hindi kaya naman ay inirapan at napapailing na lang ako.

"Okay. Good morning, everyone. Congratulations on making it top 50! I believe you are all informed of our quest for today and it will start in a few minutes. Natatandaan nyo ba ang ating criteria for today? That's right. Creativity, intelligence, grace and teamwork. One skill a model must possess is time management at gumalaw sa limitadong oras o may pagmamadali. At iyan ay ang isa sa mga susubukan ng ating judges ngayon. Please get ready and we'll start in five minutes!"

Nagsimulang magsipulasan ang mga babae at pumunta na sa dressing area para maghanap ng kanya-kanyang gagamitin. Ang kailangan naming gawin ay ang maging creative at daritan ang aming sarili sa loob ng five minutes.

Sa kasamaang palad naman ay nakaramdam ako ng pananakit ng tiyan habang namimili kaya tumakbo ako sa banyo at inibsan ito. Matapos ang dalawang minuto ay natapos na ako at kaagad na naghugas ng kamay bago patakbong bumalik sa loob. By now ay kanya-kanyang bihis na ang mga kandidata at tuliro akong naghanap sa loob para lang malaglag ang balikat

nang makitang wala na halos natira at may natira man ay pinagpilian na lamang ito.

"Masarap ba ang ininom mong chocolate kanina?" dinig kong bulong sa aking likuran at hindi na ako kailangang lumigon para masigurong ang babae ito. "Ano ang sinabi ko? Tsk. It was nice seeing you again, Elizabeth."

Hindi ko sya nilingon at nanatiling nakatingin sa aking option. Pilit akong naghanap ng pwede kong gamitin, ngunit kung hindi pangit ay hindi naman bagay ang natira. Napatingin ako sa malaking orasan at nakitang may isang minuto na lang ako. Pikit-mata kong hinila ang mantel ng mesa na floral ang design at malaking hikaw na nakita ko. Gamit ito ay ipinasok ko ang mantel sa bilog at gumawa ng tube na damit gamit ito. Sunod ay tinignan ko ang suot kong mahabang palda na kulay puti at ginupit ang ruffles sa dulo para maging straight cut ito. Napapikit na lamang ako nang marinig ang timer at naupo na muli sa aking upuan.

Nagsimulang rumampa ang unang batch at napabuntong-hininga na lamang ako dahil sa naggagandahan nilang mga suot. Sabi ko na nga ba at pang-Top 50 lang ako.

Sorry, Justin, Lloyd at Lucas.

Nang sumapit sa batch namin ay ginawa ko pa rin naman ang best ko at rumampa na nakataas ang noo kahit pa may ilang natawa nang makita ang suot ko. pinigilan ko rin ang sarili kong mapatingin sa judges dahil baka lalo akong kabahan.

Laglag ang balikat akong bumalik sa upuan ko nang matapos.

"Yung nagandahan ka sa mantel kaya ginawa mong damit." dinig kong natatawang sabi ng kung sino mula sa kaliwa ko.

"Shut it. Ang creative nya kaya. Inggit ka lang, ano?"

Napalingon ako sa kaliwa ko at napangiti sa babaeng nagtanggol sa akin. "Salamat."

"No biggie. It suits you kaya. By the way, I'm Mandy. You are?"

"Elizabeth." pagpapakilala ko sabay tanggap sa pakikipagkamay nya. Ilang sandali kaming naghintay habang nag-uusap ang mga judges bago umakyat ang lalaking host.

"And there you have it, ladies and gentlemen. The gorgeous Top 50 of Project Stella: Philippine Edition! Wow. Now, I have the numbers of the Top 20 that will compete for the next round. The last round where we will choose the one who will represent our country."

Binuklat ng host ang envelope at hindi na ako masyadong umasa pa na makakasama ako kaya naman nakinig at nakipalapak na lamang ako sa bawat matatawag. Bawat matatawag ay hindi ko naiwasang isipin na deserve nila ang pagkapanalo.

"And last, but not the least... candidate number 50!"

Malakas na napasinghap ang aking kaaway bago kumaway na parang Miss Universe bago umakyat sa taas.

"Okay, but wait. I think there is something confusing here." biglang sabi ng host sabay lapit sa judges at maya-maya pa ay nagpalakpakan ang lahat nang tumayo si Pia Gray, ang sikat na modelo at designer na talaga namang hinahangaan ng lahat.

"Good morning, everyone." bati niya sa lahat habang nakangiti, ngunit maya-maya ay sumeryoso. "These gorgeous ladies behind me all deserved to be on Top 20, but one. You see, being a model does not necessary mean na dapat maganda ka lang. Dapat ay sexy ka lang. This

round means creativity, intelligence, grace and teamwork. Mga bagay na wala ang ating isang kandidata."

Namayani ang bulong-bulungan sa paligid at muling nagsalita si Pia. "Candidate 92, please come and stand beside me."

Napatutop ako sa bibig nang marinig ang numero ko, ngunit tumalima. Nakatulala akong tumabi sa kanya dahil talaga namang napakaganda nya.

"Hi. What is your name?"

"Elizabeth."

"Well, Elizabeth, my design looks great on you." puri nya sabay hawak sa mantel na ginamit ko bilang damit.

Napanganga ako sa narinig. "D- Design mo ito?" gulat kong tanong dahil ang pag-aakala ko ay isa lang itong mantel.

"Yes, my dear. And I actually thought that no one would notice it, but then you came up wearing it. May I request to remove 50 and replace her with 92?"

"Wait, wait. Bakit? I clearly won!" protesta nya.

"Mula nang siraaan at gumawa ka ng paraan para hindi makapasok ang kapwa mo kandidat o ay nawala na sa'yo ang salitang 'teamwork'. And by sabotaging Elizabeth, that does isn't graceful at all, am I right?"

Namula ang mukha nya sa pagkapahiya bago pumadyak at nanggigigil na bumaba sa stage matapos bunguin ang iba.

"Congratulations, dear." nakangiting sabi ni Pia bago nakipagbeso at bumaba na sa stage.

Tila nasa alapaap naman akong humilera sa iba na may ngiti sa mga labi.

"Let us all welcome our Top 20 candidates. Congratulations!"

mdream.com

Kabanata 35

11 - 13 minutes

Elizabeth Cruz's POV

"I knew you'll make it, Liz. You just have that power na malampasan ang mga pagsubok sa buhay mo at kaya naman labis kitang hinahangaan."

Kasalukuyan kami ngayong lulan ng kanyang sasakyan patungo sa sinasabi niyang auction. Sinorpresa nya ako nang dumating siya sa bahay ni Justin na may dalang kahon at ito pala ay naglalaman ng mamahalin ag eleganteng dress na yari sa silk at talaga namang napakasarap isuot at napakalambot. Bumagay ang kulay itim nitong kulay sa aking kutis at ang paboritong kong parte ay ang ribbon sa likurang bahagi.

"Salamat, Lucas."

Oo nga at may ibang lalaki pang laman ang aking puso. Oo nga't may sugat pa akong hinihilom, ngunit masama bang makaramdam ng kaunting kilig sa mga sinasabi nya? Masama ba kung bahagya akong nadadala ng pagiging mabait at natural nyang pagiging maginoo?

Ngunit gayunpaman ay wala pa rin akong nararamdaman para kay Lucas kung hindi paghanga dahil sa kanyang personalidad. Sa ngayon ay hindi ko nakikita ang sarili kong nagmamahal ng ibang lalaki.

Nang makarating sa venue kung saan nakahilera ang mga sasakyan at sa mismong entrance bumababa ay inalalayan ako ni Lucas. Bahagya rin akong nagulat nang makitang may ilang kumukuha ng litrato. Banayad nyang ipinatong ang kamay sa aking baywang at dahil alam kong wala naman itong malisya ay hinayaan ko sya at ngumiti kami sa camera.

At para ka naman talagang pinaglalaruan ng tadhana dahil ilang sandali pa ay nagkagulo ang mga kumukuha ng litrato, at nakita ko ang kararating lang na si Godric at Monique. Agad na kumaway at ngumiti ang huli sa mga camera na nagkikislapan. Ang suot niya ay kulay itim at gintong naman. Ang taas ay magkahalong kulay black at gintong tube ang disenyo.

Nang magtama ang mga mata namin ng aking ex ay nakita kong natigilan sya bago lumarawan ang tila hindi makapaniwalang emosyon sa kanyang mga mata.

"Let's go, Liz." aya ni Lucas sa akin at hinayaan kong alalayan nya ako papasok sa loob habang nakahawak pa rin ang kamay nya sa likuran ko.

Pagdating sa loob ay may umalalay at naghatid sa amin sa aming uupuan at talaga namang namangha ako dahil sa paligid ay may mga estante. Sa loob ng mga ito ay iba't-ibang klase ng mga mamahaling alahas na talaga namang masisilaw ka sa kinang ng mga bato. May ilang mukhang rare items na weird man sa paningin ay siguradong malulula ka naman sa mga presyo. Naririnig at napapanuod ko lamang ang mga ganitong klaseng event at hindi ko inaakala na ngayon ay makakasaksi ako ng isa.

Well, bukod sa masaklap na kapalaran ko noon kung saan ako ang isa sa naging para alahas at mamahaling bato na pinag-agawan.

Ipinilig ko ang ulo ko upang alisin ang alaalang iyon at pinanuod nang paupuin naman ang dalawa ilang dipa mula sa amin. Nakita ko ang paglingon sa amin ni Monique at ang pagtaas ng kilay nya sa akin bago bumaling sa katabi na hindi na muling nag-abala pa na tapunan kami ng tingin.

"Here. Gusto mo bang maranasan kung paano mag-bid?" ipinakita sa akin ni Lucas ang isang hugis-bilog na may number na 9. "After all, you're my lucky number." pilyong dagdag nya.

"Pwede ba?" sabik kong tanong dahil sa mga drama ko lang ito nakikita.

"Oo naman."

Tinanggap ko ito at pinagmasdan na parang inosenteng bata. Ilang sandali pa ay napuno na ang mga upuan at talaga namang maiilang ang isang kagaya ko na binalutan lang naman ng mamahaling kasuotan at ang kwintas na ipinasuot sa akin ni Lucas. Isa itong simpleng kwintas na may nag-iisang bato sa gitna at unang kita pa lang ay nagustuhan ko na ito.

"Good evening, ladies and gentlemen. Welcome to our yearly auction. Most of the items here are from anonymous donation. At karamihan ng mapagbebentahan po natin ngayong gabi ay mapupunta sa charities katulad na lamang ng Orphanage, Home of the aged, Government offices at marami pang iba. So, shall we all start?" masiglang panimula ng lalaking host.

Nagsimula ang bidding at minsan naman ay makikisali si Lucas at tila bata naman akong itataas ang numero, ngunit wala pa siyang binibili talaga. Pinilit kong ituon ang atensyon ko sa nangyayari at hindi sa dalawang taong nasa harapan namin dahil nagdudulot lamang ito ng ibayong kirot sa aking puso.

Sa una ay natutuwa pa ako, ngunit pagtagal ay unti-unti na akong nalula sa mga presyo. Ang mga alahas ay umaabot ng milyon habang ang mga bahay ay daang milyon ang inaabot.

"The White House from Antipolo. Sold for one hundred million!"

Halos lumuwa ang mga mata ko sa narinig. "Isang daang milyon para sa bahay? Ano iyon? Palasyo?" hindi ko napigilang bulalas.

Narinig ko namang natawa si Lucas. "Well, technically yes. At pagmamay-ari rin kasi ito ng isang tanyag na senador noon." pagbibigay-alam sa akin ni Lucas.

"Tapos na?" tanong ko sa kanya nang makitang ubos at naibenta na ang mga naka-display.

Marahang umiling si Lucas bago ngumiti ng makahulugan. Hindi ko alam kung bakit ako nakaramdam ng kaba sa ngiti nyang iyon.

"And last, but definitely not the least, it is one of the rarest gems in the world. It is to be donated by Mr. Lucas Managbanag!" anunsyo ng host at nagimbal ako.

Tumayo si Lucas bago inilahad ang kamay sa akin. Nanlaki ang mga mata ko at tumingin sa paligid kung saan sa amin nakatutok ang atensyon.

"T-Teka, bakit kailangang kas- -" kusa kong itinigil ang ginagawa ko at napahawak sa suot na kwintas. Napalunok ako at halos takasan ng kaluluwa dahil sa posibleng presyo ng suot kong kwintas.

Naiilang man ay tinanggap ko ang kamay nya at dinala nya ako sa stage at pinatayoon.

"Ladies and gentlemen, Alexandrite, one of the rarest gems in the world is now right in front of you. My beautiful date will be modelling it for me, dahil para sa akin ay pareho silang rare gem"

Nakaramdam ako ng ibayong hiya sa sinabi nya at kung wala lang kami sa harap ng ibang tao ay baka napalo ko na sya.

Ngumiti siya at ibinalik ang mic sa host at natigilan ako nang marahan nyang hapusin ang pisngi ko. "Please take care of it, Liz." bahaya siyang lumapit at bumulong. "Good luck."

Gusto mang mag-protesta ay hindi ko na nagawa pa dahil sa akin nakasuot ang item. Ipinangako ko sa sarili ko na babatukan ko sya kapag natapos ito.

"Alexandrite can be yours tonight, ladies and gentlemen. The price will start at one million."

Pinigilan ko ang sarili kong mapasinghap sa gulat sa harap ng maraming tao sa narinig. One million agad?! Ang ibang items kanina ay nagsimula sa hundred thousand lamang ang halaga. Ganoon kamahal ang simpleng kwintas na suot ko? Tigalgal kong tanong sa sarili at nagsimula na ang bidding.

Unang nagtaas ng number ang isang matandang babae na kumikinang ang buong katawan sa alahas. "Five million."

"Five million for number 25."

"Six million!" agad na sabi ng isang kaedarang babae.

Nasorpresa naman ako nang magtaas ng number si Monique. "Eight million."

Para akong literal na naging manikin na nakatayo lamang doon at nabato na. Pakiramdam ko ay pabigat nang pabigat ang suot kong kwintas.

"Ten million." bid ni Lucas na nakangiti sa akin bago tumango.

Ano ba ang plano mo, Lucas?

"Eleven million." Ngayon ay ang aking ex naman ang nagtaas ng numero at may seryosong ekspresyon sa mukha.

"Twelve million." agad na kontra ni Lucas.

Muling nagtaas ng numero si Godric. "Thirteen million."

Ngayon ay namayani na ang bulong-bulungan dahil sa labanan ng dalawa. Marahil ay nagtataka kung bakit umaabot ng ganoon kamahal ang kwintas.

"Thirteen million for number 17! Going once.. going twice..."

Bago pa matapos ang host ay nagulantang ako nang muling magtaas ng numero si Lucas. "Fourteen million."

Gusto ko na lang umalis doon at pigilan sya. Ano ba kasi ang plano nya? Bakit nalikipag-kompetensya sya? Ayoko. Ayokong gumastos sya ng ganoon kalaki para lamang sa akin. Para matalo si Godric.

Marahan akong umiling kay Lucas, tanda na gusto ko na siyang tumigil at ngumiti lang sya na para bang sinasabing magtiwala lang ako.

"Fourteen million for number 9! Going once.. going twice..."

"Fifteen million."

Halos magsitayuan na ang mga tao dahil sa kyuryosidad kung ano ang nangyayari. Maging si Monique na katibi ni Godric ay hindi na maipinta ang mukha.

At bakit ba nakikipag-kompetensya rin ang aking ex? Hindi naman siguro dahil ako ang may suot ng kwintas, hindi ba? Tama. Marahil ay ire-regalo niya ito kay Monique.

Napapikit na lamang ako at hinintay na matapos ang bidding.

"Fifteen million for number 17! Going once.. going twice.. going thrice. Alexandrite is sold to number 17 for fifteen million!"

Sa narinig ay napadilat ang mga mata ko at itinulos sa kinatatayuan nang sa wakas ay mapagtanto ko ang balak ni Lucas. Mula sa kinatatayuan ko ay nakipagtitigan ako sa kanya na para bang gustong kumpirmahin ang hinala at tila naman nabasa niya iyon kaya tumango sya at ngumisi.

Nakuha ko na ang plano nya kaya nya nasabing magtiwala lang ako sa kanya. Kaya pala. Kaya pala sinabi nya na pareho kaming makikinabang. Mula simula ay pinasuot nya sa akin ang kwintas dahil alam niyang makikipaglaban sa kanya si Godric. Alam nyang hindi ito magpapatalo hindi dahil sa gusto nya ang kwintas, ngunit dahil ako ang may suot nito at kailanman ay hindi magpapatalo si Godric.

Kung noon ay ako ang nabili sa halagang iyon, ngayon naman ay ang suot ko ang nabili niya sa

kaparehong halaga. At ito ang gustong mangyari ni Lucas. Kahit na hindi mapupunta sa akin ang pinagbentahan ay gusto nya pa ring maisahan aking aking ex.

Bakit, Lucas? Bakit napakabuti mo?

Nang matapos ang bidding ay nagpaalam na muna ako na pupunta sa ladies' room. Nawala na ang mabigat sa pakiramdam na dala ng kwintas, ngunit hanggang ngayon ay hindi ako mapakali dahil sa ginawa ni Lucas.

Nang makapasok doon ay naghugas lang ako ng kamay at tinignan ang sariling repleksyon. Maya-maya pa ay may mukhang lumitaw mula sa aking likuran at ikinandado ang pinto. Pabuntong-hininga kong tinuyo ang aking kamay bago sya hinarap.

"Ano ang kailangan mo?"

"Mautak ang boyfriend mo, I will admit. Naisahan nya ako kanina." napapalatak na turan ni Godric na nakangisi at kinakamot ang noo.

Hindi ako nag-abala na itama ang pag-aakala nya dahil hindi naman ako obligadong sabihin sa kanya ang lahat.

"Masaya ka ba? Masaya ka bang ginagalit mo ako, darling?"

Napasimangot ako sa itinawag nya sa akin at akmang lalampasan sya nang pigilan nya ako sa braso at isandal sa pader.

"Bakit? Nagagalit ka ba dahil hindi mo na ako kontrolado? Dahil hindi mo na ako hawak sa leeg? Dahil hindi na ako magpapasakop sa'yo?" buong tapang kong sabi sa kanya habang tinititigan sya sa mga mata.

Hindi mo na ako masisindak pa, Godric.

"Hindi ka ba makatiis na walang lalaking kakamot sa kati mo at pati sya ay papatulan mo?" pang-iinsulto nya at pinadapo ko ang kamay ko sa mukha nya.

"Wala kang karapatang insultuhin ako. At huwag na huwag mo siyang mamaliitin dahil ibang-iba sya sa'yo, Godric."

"Yeah?" May nakakalokong ngisi sa mga labi niyang sabi bago ako biglang sinibasib ng halik, ngunit kaagad ko naman siyang naitulak. "Mas masarap ba syang humalik sa akin? Mas magaling ba sya sa kama?"

Ginamit ko ang buong lakas ko at itinulak sya palayo sa akin. Ngayon ay ako naman ang ngumiti sa kanya.

"Bakit? Hindi ka ba mapaligaya ng bago mo? Sayang." lumapit ako sa kanya at bumulong. "Hindi niya ako kagaling sa paghalik, Godric. Hindi ka mapapaligaya sa kama ni Monique kagaya ng ginagawa ko sayo."

At iniwan ko siya roon na may tagumpay na ngiti.

m.dreams.com

Kabanata 36

12 - 15 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Sa paglipas pa ng mga araw bago sumapit ang sunod na round kung saan pipiliin sa amin ang Top 5 ay hindi ako makapaniwala. Nakakalula ang mga blessing na natatanggap ko.

Nariyang dumating ang ilan sa mga sponsored brand ng nasabing Project. Mga brand na kahit sa panaginip ay hindi ko inasahang magkakaroon ako. Mga brand ng bags, clothes at jewelries na talaga namang mabibigat at may reputasyon na kapag narinig mo ang pangalan. Mga brand na masisilaw ka sa presyo.

I sa lamang iyan sa mga natatamo ko dahil sa Project na ito.

Dahil ayon sa aking 'Manager' na si Lloyd ay may mga nag-aalok na rin sa akin para sa sumabak commercial.

Talaga namang nakakalula at mapipisil mo na lamang ang sarili mo kung tunay ba ang mga natatanggap kong biyaya, ngunit gayunpaman ay hindi lumaki ang ulo ko at naging praktikal pa rin ako at inipon ang mga kinikita.

At ngayong araw nga ay ihahatid ako ni Justin papunta sa isang studio kung saan magaganap ang pictorial para sa Top 20. Sa ikalawang pagkakataon ay muli kong makikita ang aking sarili sa magazine. Pagkatapos naman nito ay mayroon kaming nakatakdang interview na mapapanuod din sa Youtube at posibleng panoorin ng ibang lahi. Ang sabihing kinakabahan ako ay walang-wala sa katotohanan. Halos lumabas na lahat ng pawis ko sa katawan dahil sa sobrang kaba.

"Posible kang tanungin ng mga mahaderang reporters tungkol sa past mo at ng ex mo, pero huwag kang magpapaapekto, bakla." babala ni Lloyd na nakaupo sa likuran.

Napabuntong-hininga ako bago bahagyang humigpit ang kapit sa dalang bag na isa lang sa mga bigay sa akin. "Naisip ko na iyan, Lloyd. Alam kong hindi iyan mawawala dahil nga sa nangyari dati."

"Don't mind them, love. Hindi ka obligadong sagutin sila dahil hindi naman sa kanila naka-depende ang pagkapanalo mo. Artista nga ngumingiti lang sa private questions, ikaw pa kaya?"

"Oo. Hindi ko ipapahiya ang sarili ko dahil sa kanila. Ang inaalala ko lang din ay si Skye. Posible niyang mapanuod ito at ayaw ko pa sanang malaman niya ang totoo dahil siguradong ipagtanggap niya ako." paglalabas ko ng alalahanin habang nakatiningin sa kanilang dalawa at gustong marinig ang panig nila.

"Well, para sa akin ay siguro oras na para malaman niya. Parang mas masaklap kasi kung sa iba pa niya maririnig, Elize."

Nakita kong tumango si Justin bilang pagsang-ayon. "I second that. At ano kung ipagtanggap ka niya? Mabuti nga iyon para mabigyan ng leksyon iyang ex mo."

"Para namang hindi mo alam kung ano ang kaya niyang gawin, Just. Ayaw ko lang madamay si Skye."

"Wala na tayong magagawa dahil she's already involved- -"

"Oh my God!" pagtili ni Lloyd na nagpatigil sa pagsasalita ni Justin. "Totoo ba 'to?"

"Ang ingay mo nagmamaneho ako rito. Kung naaksidente tayo?" inis na anas ni Justin at nilingon ko naman si Lloyd na tulala sa hawak na phone.

"Bakit, Lloyd?" takang tanong ko at unti-unti niyang inalis ang kamay na nakatikip sa bibig

niya.

"May natanggap akong text and guess what? Mula siya sa Silky shampoo! Silky, bakla! Kurutin niyo ako dali!"

Sa narinig ay maging so ay napatulala. Silky? Iyong shampoo na bawat palatastas sa TV ay pinapakita? Iyong shampoo na ang mga endorser ay pawang sikat na artista?

"P- Pero bakit ako?" mangha kong tanong na hindi malaman kung kakabahan o matutuwa.

"Bakit naman hindi? I told you magiging sikat ka na someday!" sabik niyang sabi at inabot ang kamay ko. "Ang sabi ay kailangan mo pa raw mag-audition pero bakla! Sobrang laking opportunity na isa ka sa mga naisip nilang pagpilian! Top 20 lang iyan, Elize. Paano na lang kapag naging Top 5 ka na?"

Sa narinig ay kaagad akong pinamulahan at nasapo ang pisngi. "Top 5 ka riyan! Tumigil ka nga, Lloyd."

"I'm so excited and I just can't hide it!"

"Congrats, love. You deserve all the blessing and more. Finally, finally ay sinusuklian na ng Diyos ang mga nagawa mo. Finally ay nakikita na niya ang mga paghihirap mo."

Bahagya akong naging emosyonal dahil sa sinabi niya. Hindi ako makapaniwala. Parang isang mahabang panaginip. Ako bilang isang commercial model? Ang isang Elizabeth Cruz na wala pa namang pangalan?

Nang makarating sa studio ay iniwan din ako ng dalawa at napagkasunduan na magkikita na lamang kami sa M & V kung saan magaganap ang interview. Oo, sa dati kong kumpanya ito magaganap at nasasabik na akong makitang muli ang mga kaibigan ko roon na hindi ko pa nakitang muli.

Pagpasok pa lamang ay kaagad ko nang nakita ang ibang contestant at binati si Mandy na siyang kakilala ko pa lamang. Hindi ko rin naiwasang makita ang gayak ng studio na elegante at moderno ang pagkaka-disenyo. Sa round na ito ay susubukan naman ang galing ng mga modelo sa harap ng camera. May iba't-ibang klaseng theme kaming nakatamdang i-shoot at sa iba't-ibang parte rin ito ng Pilipinas.

"Good morning, girls." nakangiting bati sa amin ni Pia Gray matapos kaming makumpleto.

Hindi ako mahihiyang sabihin na hinahangaan ko sya hindi lang dahil sa isa siyang maganda at sikat na babae, kung hindi dahil sa mapagkumbaba siya at mabait. Marahil ay dahil katulad ko ay galing din siya sa simpleng pamilya bago nadiskubre at ngayon nga ay tinitingala at iniidolng modelo.

"Good morning, Mss P." bati naming lahat sa kaniya at sa dalawa pang judges.

"Right. I hope you packed enough energy and patience today because you're gonna need it. We'll have a total of five photoshoots for this round and it'll take place here, Baguio, Cebu, Palawan and Davao."

Ang lahat ay nagpalakpakan at nagpakita nang pagkasabik maging ako. Hindi pa ako nakakarating sa mga nasabing lugar, ngunit alamkong maganda roon.

"At nasabihan na siguro kayong lahat para sa interview later, don't worry dahil hindi naman ito part ng aming assessment. Kailangan lang kayong maipakilala sa mga tao and for promotion na rin. Don't feel nervous and answer the questions confidently, okay?"

"Okay, Miss P."

"Alright. You guys have fun and don't feel pressured, but still do your utmost best. Tandaan niyo na out of hundred hopefuls ay kayo ang Top 20. There is something in you na nakitaan namin ng potensyal kaya namin kayo pinili. Each of you is unique and special. We judges will not have any favorites or what not. We will treat and judge you fairly. This round, we will base the judgement based on your skills and versatility as a potential model and."

At nagsimula na nga ang round 2 base sa number. Agad kaming isinalang sa make up at sinuotan ng angkop sa theme. Hanggang ngayon ay hindi pa rin ako sanay sa makapal na make up at madalas ay maluluha pa rin kapag nilalagyan ng eyeliner at mascara. Pakiramdam ko rin tuwing titingin ako sa salamin ay ibang tao ang nakikita ko.

Habang naghihintay ang mga susunod na isasalang ay pinapanuod namin ang nauna at humanga naman ako sa galing nila. Kung tutuusin ay biglaan at feeling model lang naman ako. I sang beses pa lamang kong nakapag-pose sa harap ng camera noon, ngunit ang mga kasama ko ay pangarap na nila ito. Ang iba ay may experience na rin. At ang iba ay talaga namang mahuhusay.

Nang ako na ang sasalang ay humugot muna ako ng malalim bago humarap sa lahat. Nahawakan ko ang laylayan ng suot kong square pants bago tinatagan ang loob at ginawa ang lahat ng tinuturo sa akin. Inalis ko ang anumang kaba na maaaring lumabas sa mukha ko at hinayaang tangayin ng hangin ang nerbyos ko.

Nariyang titingin ka sa kaliwa, sa kanan, sa baba at sa taas. Minsan pa'y ilalagay ko ang mga daliri ko sa baba ko habang nakapikit at titingala. Bago naman kasi ang araw na ito ay tinulungan ako ng mga kaibigan kong maghanda. Pinapanuod din nila sa akin ang mga show sa ibang bansa at sinaulo ko ang mga ito, ngunit sinamahan ko naman ng sarili kong style.

I sang tingin sa akin at sino ba ang mag-aakala na ako'y may pinagdaraan? In a way ay nagpapasalamat ako na may pinagkakaabalahan ako para makalimutan ko ang mga bagay. Nagsilbing daan ito para maging abala ang isip ko at hindi ko siya pagtuunan ng pansin.

Matapos ang ilang makakangawit na shots ay ibinaba na ng photographer ang camera. "Perfect! You did well, darling."

Natuod ako sa kinatatayuan ko at ang ngiting gumuhit sa aking mga labi ay unti-unting nawala.

"May problema ba?"

"U-Uhm, wala. Wala po. Thank you!" mabilis kong sabi at bahayang yumukod bago naglakad pabalik sa dressing area para magpalit.

Pilit kong iwinaglit sa aking isipan ang nangyari at nagbihis na. Dahil may interview pagkatapos ng shooting ay hindi na ako nag-abalang tanggalin ang make up ko at nakisama sa mga naghihintay. Sabay-sabay kasi kaming sasakay sa coaster bus na magdadala sa amin sa isang restaurant at pagkatapos ay sa M&V. Nakakatuwa rin na alagang-alaga nila kami.

Habang naghihintay ay nakausap ko si Mandy na tapos na rin at nagpalitan kami ng ilang impormasyon tungkol sa isa'-isa. Nagpalitan din kami ng number para maging text mate at nalaman kong natural siyang kalog. Hindi ko na namalayan pa na natapos ang iba pa at ilang sandali pa ay lulan na kami ng coaster. Dinala kami sa isang 5 star Hotel para kumain at kahit na naninibago sa ganoong lugar ay pinilit kong makipagsabayan.

Pagkadat ng naman sa M&V ay sabay kaming naglakad ni Mandy at walang pagsidlan ang tuwa

ko na makitang muli ang kumpanyang kumupkop sa akin sa loob ng dalawang taon. Habang patungo sa loob ay hindi naman sinasadyang makasalubong namin si Jasper na mukhang may pupuntahan.

Bahagya siyang nagulat nang makita ako.

"Say hello, ladies. Siya ang CEO ng M&V." ang pagpapakilala ng aming coordinator na si Ms. Malou. "Sir, sila po ang Top 20 candidates for Project Stella and they are here for an interview."

Ang iba ay bumati, ngunit nanatili akong nakayuko. Hindi alam kung mailang o magpapakita ng inis na muli siyang makita. Hindi lingid sa aking kaalaman na best friend siya ni Godric at may kinalaman kung bakit ako nalipat sa V.E.C. Hindi rin ako magtataka kung magkasabwat sila sa ginawa sa akin ng magaling kong ex.

"Right. It's nice to meet you, ladies."

Nang akmaang maglalakad ako pasunod sa iba ay tinawag niya ang pangalan ko, dahilan para mapatungin sa amin ang iba.

"Can I talk to you?"

"Susunod po ako, Miss Malou." ang nahihya at naiilang kong paalam at nagsimula na silang muling maglakad habang hinarap ko si Jasper.

"Ano iyon, Sir?" Ang malamig kong pagbati sa kaniya at napabuntong-hininga naman siya.

"Look, Elizabeth. Alam kong hindi tayo gaanong magkakilala at oo, aaminin ko na nilipat kita sa kumpanya niya dahil kaibigan ko siya, but I swear, wala akong kinalaman sa nangyari. When he told me what he intended to do, I was angry and I was disappointed. Hanggang ngayon ay magkagalit kami dahil hindi ako naging pabor sa plano niya." panimula niya habang nakatayo kami sa may gilid. "I'm not telling you this to clear my name. Sinasabi ko ito para hindi magkaroon ng hidwaan sa pagitan natin. And I hate Godric for what he did to you. You don't deserve that, but Godric is... I'm sorry, Elizabeth. I really am."

Napalunok ako at hindi kaagad na nakasagot, pero hindi ko itatanggi na bahagyang gumaan ang loob ko sa narinig. Ramdam ko na totoo ang mga sinabi niya. At least may isang tao pala mula sa panig ng aking ex na kakampi ko.

"It's okay. Naiintindihan ko."

Sa pagkakataong ito ay tumingin na ako sa mga mata niya at bahagya siyang ngumiti bago inilahad ang kamay.

"Congratulations on being part of PS and reaching Top 20."

Walang pag-aatubili kong tinanggap ang kamay niya bago ito kaagad na binitwan. "Salamat."

Matapos magpaalamanan ay lakad-takbo ang ginawa ko paakyat sa studio kung saan magaganap ang interview. Nakahanda na ang stage at nakapwesto na rin ang iba nang dumating ako kaya agad akong naupo sa itinuro ni Miss Malou. Ang host namin ay si Kuya Paolo na isa sa pinakasikat na host ng M&V.

Ilang sandali pa ay nagsimula na ang interview. "Good morning, everyone. Please let's welcome our beautiful candidates for Project Stella!" magiliw niyang simula habang nakatingin sa camera at ilang sandali pa ay sa amin na ito nakatutok. "Makikita po ninyo sa aking harapan ang talaga namang naggagandahang dilag na nakapasok sa Top 20 at second

round ng pinakabagong show ng aming network. Nakat akda silang maglaban-laban para makapasok sa Top 5 at para maging pambato ng ating bansa sa naturang palahok."

Nagpalakpakan ang mga audience ng kaniyang show at sunod-sunod kaming nagpakilala. Noong una ay maganda naman at tungkol sa naturang project ang mga tanong hanggang sa nabanggit niya ang pangalan ko.

"Ang ilan sa kanila ay nakita na natin sa ilang commercial at ang ilan ay sa magazine, ngunit may isa rin na talaga namang umingay ang pangalan dahil nadikit ang kaniyang pangalan sa isang sikat na artista at business man."

Natigilan ako at bahagyang hurigpit ang hawak sa suot na palda. Sigurado ako na sa mga sandaling ito ay nakatutok sa akin ang camera at maging ang atensyon ng lahat. Ibinuka ko ang bibig ko para sumagot ng may mauna na sa akin.

"I don't think that's an appropriate question."

Sabi nga nila, banggitin mo raw ang pangalan ni satanas at bigla itong lilitaw.

mdream.com
Kabanata 37
12 - 15 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Natigil ang interview at nakita kong pinapatigil muna ang mga camera sa pagdating ng isa sa dalawang CEO ng M&V Network. Sino nga ba namang mangangahas magpatuloy kung nasa paligid ang nabanggit?

Agad na tumayo si Paolo mula sa kinauupuan at nilapitan ang aking ex. "Mr. Villatierra, what a pleasant surprise." naiilang at nasorpresang bati ni Paolo.

"Don't make me stop you. I was just dropping by at sisilip sana pero tamang-tama naman na nabanggit mo ako. I guess, the Devil really appears when you mention his name, hm?" may ngiti sa labing sabi niya at kilala ko na sya para malamang sarkastiko ang pagkakasabi niya.

"I'm sorry, Sir. I promise na tatanggalin ito sa pag-air ng segment. I was just reading the script and I did not mean to offend you or si Ms. Elizabeth."

"Sure." tipid na tugon niya bago saglit akong tinapunan ng tingin at lumabas na.

Nakahinga ako nang maluwag bago ibinalik ang tingin ko sa iba. Nakita ko si Mandy na may nagtatanong na mga matang nakatingin sa akin, ngunit isang tipid na ngiti lamang ang ibinigay ko.

"I'm really sorry if I offended you." hinging paumanhin ni Paolo.

Pilit ang ginawa kong ngiti bago umiling. "Wala iyon. Naiintindihan ko naman."

Muli siyang ngumiti. Bagay na hindi umabot sa kaniyang mga mata bago bumalik sa upuan at muling nagpatuloy ang interview. Gayunpaman ay hindi ako nagpaapekto at nanatiling propesyonal. May praktisadong ngiti na nakapagkit sa mga labi at ramdam ko na ang pagod hanggang sa matapos ito. Alas-sais pa lang ay nakatayo na ako at alas-otso nagsimula ang photoshoot at tumagal ng limang oras. Bago mag-ala una ng hapon ay kumain kami at alas-tres naman nagsimula ang interview at tumagal din ito ng dalawang oras.

Tinipon kami ni Ms. Malou pagkatapos. "Good job today, girls. We have set a dinner for us to

share. Pero kung ang iba sa inyo ay may date at ibang lakad ay you're free to go. Remind ko lang kayo na at exactly eight am tomorrow ay sana kumpleto na tayo para hindi masingit sa traffic at mahaba-haba ang byahe natin pa-Baguio. Don't worry because everything is on us and all we need is your presence. Pati mga susuotin ninyo for the photoshoot ay provided ng ating partner from Paris. Oh, and I forgot to mention na mayroon tayong after party dinner with the judges and possibly some of the bosses tomorrow, and it will be semi-formal, again, we will take care of it."

Dahil sa gusto ko nang magpahinga ay nagpaalam na ako na hindi na ako makakasama pa at nag-text sa aking best friend na gusto ko nang umuwi. Pagkalabas ay agad kong nakita si Fergie na tila may inaabangan at nabuhayan naman ako ng dugo.

"Fergie!" kuntodo ngiting tawag ko sa kaniya at lumiwanag ang mukha niya bago siya lumapit at niyakap ako.

Sa gitna ng mga naglalakad palabas na kapwa ko contestant at iba pang tao ay nagyakapan kami habang nagtatatalon. Ilang sandali pa ay humiwalay siya at tinignan ako mula ulo hanggang paa.

"Ikaw ba talaga iyan? Halos hindi na kita makilala! Ang ganda-ganda mo na, Elize." madrama niyang turan habang magkahawak kamay kami.

"Hindi ba't dati pa naman?" natatawa kong biro. Masaya ako na muling makakita ng taong malapit sa akin.

"Ang laki ng pinagbago mo. Nang marinig ko at makitang isa ka sa mga nakasali sa Top 20 ay proud na proud ako sa'yo! Alam ko lumipat ka lang sa kabila, paanong naging model ka na, friend?" namimilog ang mga matang tanong niya.

Hindi na muna ako nakasagot dahil dumaan si Mandy na inaabot ang kamay ko kaya tinanggap ko ito habang hindi binibitawan si Fergie.

"Mauna na kami, Elize. Sure ka na hindi ka na sasama?"

Marahan akong umiling. "Hindi na, Mandy. Nagpasundo na rin ako sa friend ko."

"Okay. See you tomorrow!" magiliw niyang sabi bago sumama sa mga kakilala.

Kumaway ako sa kaniya bago muling binalingan si Fergie at inaya ko siyang maupo sa bench. "Mahabang storya, Fergie. Pero gusto mo bang sumama sa amin ni Justin na kumain sa labas para maikwentoko? Na-miss din kita! Sorry kung hindi matuloy-tuloy ang pagkikita natin."

"Ano ka ba, friend? Okay lang 'yun at naiintindihan ko. At sige ba, kailan ba ako sumuko sa libre?" galak niyang sabi bago tumawa na nagpangiti sa akin.

Nang dumating si Justin ay pinakilala ko sila sa isa't-isa bago dumiretso sa isang restaurant. Doon ay nag-bonding kami ni Fergie habang ilang sandali pa ay sinaluhan kami ni Lloyd. Iwinaksi ko sa isip ko ang nangyaring pagtatangg—hindi, hindi niya ako pinagtanggol dahil iningatan lang niya ang reputasyon at pangalan niya. Nang gabing iyon ay sinulit ko ang bonding namin at pagkatapos ay umuwi sa condo ni Justin na pagod. Wala nang oras pa para mag-isip dahil kaagad na inayos at sinigurong kumpleto ang dadalhin bago ibinagsak ang pagal na katawan sa kama.

Ilang sandali pa ay hindi ko na namalayan pang nakatulong na ako matapos makatakas ang isang butil ng luha mula sa aking kaliwang mata.

Kinabukasan ay naging ganoon muli ang gising ko at awtomatiko na akong naligo at nagbihis.

Dahil tulog pa si Justin ay hindi na ako nag-ingay at nagsulat na lang ng note. Abala kasi siya sa pag-aayos ng business nila kaya ayaw ko siyang masyadong pagurin at abalihin pa. Pagbaba ay sumakay ako ng taxi bitbit ang duffel bag na dadalhin ko para sa buong araw namin sa bagyo. Pagdating sa V.E.C ay pinakain na muna kami ng almusal bago pinasakay sa coaster. Nagpasalamat ako na naging katabi ko si Mandy dahil ayokong mapanis ang laway ko sa haba ng byahe. Nagpasalamat din ako na hindi niya inungkat ang tungkol sa amin ng aking ex.

Pagkarating sa tutuluyan naming Hotel sa Baguio ay halos mahulog pa ang panga ko sa sahig nang makita si Lucas doon na naghihintay habang nakasandal sa isang kotse.

"Wait lang, 'dy. Mauna ka na sa loob." paalam ko kay Mandy na ipinilig lang ang ulo dahil sa pagtatatag pero sumunod naman.

"Huy, anong ginagawa mo rito?" mangha kong tanong sa kaniya at kahit na anong pilit ko ay nakuha pa rin nya ang bag kong hawak. "At kaninong sasakyan iyan?"

I sinukbit niya ang bag ko bago namulsa. "May rest house kami rito kaya may kotse rin. And well, I am one of the official partner of M&V. Binawi ko ang kontrata ko sa V.E.C and chose M&V instead. At ang kumpanya ko ang maggagayak sa party niyo mamaya."

"Kahit pareho lang naman silang pagmamay-ari niyan?"

"Well, at least he's not the sole owner of M&V." pangangatwiran niya bago nagkibit-balikat. "Besides, kaya lang ako nagpunta para sa'yo. Okay, I won't deny."

Napailing ako sa sagot niya bago niya ako inihatid sa may loob ng Hotel. Doon ay tinipon kami bago binigay ang mga k'wartong tutuluyan. Ilang sandali pa ay hindi na ako nagulat nang makita ang aking ex at ang linta niyang girlfriend. Mula sa akin ay bumaling ang tingin niya kay Lucas at nagsukat ang tingin ang dalawa.

Naputol lamang ito nang pumalakpak si Ms. Malou. "You can take a rest, but I expect you all here in the lobby after two hours for lunch and we'll go to the ranch right away. Chop-chop!"

Para hindi na mamuo pa ang tensyon ay inaya ko na si Lucas at hinatid naman niya ako hanggang sa labas ng kwarto kong tutuluyan.

"If they bother you, I'm only one call away, okay?"

Kinuha ko sa kaniya ang bag ko bago tumango. "Salamat, Lucas."

"No problem Liz. See you later at the party."

Bago tuluyang maisara ang pinto ay nakita ko pa ang dalawang dumaan sa harap ko, ngunit kaagad kong isinara ang pinto at isinandal ang sarili roon. Ilang minuto kong kinolekta ang sarili ko bago ako nagtungo sa malaking kama. Ilang magara, malambot na kama, magandang tanawin, ngunit hindi ko magawang ma-appreciate dahil sa kanila. Nahiga ako sa kama at tumulala sa kisame. Itinakip ko ang kanang braso ko sa aking mga mata at pilit na ini-relax ang buong katawan.

Bakit ba narito sila? Hindi ba sila busy? Bakit kailangan nilang sirain ang araw ko? I dagdag pa ryan na kumikrot ang puso ko kapag nakikita ko silang magkasama.

Matapos ang isang oras mahigit ay may kumatok na sa kwarto ko para ayain akong kumain. Kahit na bumigat ang katawan at naapektuhan ay nag-ayos ako at inihanda ang kailangan kong dalhin sa shooting. Kahit na nagbago na ang mood ko ay hindi ko naman ito pinahalata at nakisama sa iba. Kahit pa mula sa pwesto ko ay matatag ang dalawa. Pinilit ko na lang ang

sarili ko na huwag silang bigyan ng atensyong gusto nila.

Matapos kumain ay inihatid na kami ng coaster sa nasabing ranch at namangha ako nang makita ang mga kabayo. Bata pa yata muka nang huli akong makakita nito. Agad na kaming binihisan sa mga nakahandang tent at nilagyan ng kolorete ang mga mukha na naaayon sa temang cowgirl. Ang kabayo ay hawak namin sa renda at nakakatuwa naman na nakikisama ito at hindi naninipa. Sunod naman ay nagsuot kami ng mga talaga namang naggagandahang dress. At sa shot na iyon ay bahagya akong naging pangahas at niyakap ang kabayo.

Matapos ang ilang oras ay naging matagumpay naman ito.

"That's a wrap, everyone! Good job today!" malakas at magiliw na sabi ng photographer.

Matapos makapagbihis lahat ay bumalik kami sa Hotel lulan ng bus at dahil may dalawang oras bago mag-umpisa ang dinner ay pinagpahinga kaming muli bago binigyan ng aming susuot in sa party. Ang naibigay sa akin ay isang kulay gold na may sequins ang buong dress na abot hanggang tuhod ko ang haba. Mayroon itong kaunting slit sa gilid at parang isinukat talaga para sa akin nang isukat ko ito.

Ilang minuto bago mag-umpisa ang party ay may kumatok sa pinto at nang buksan ko ito ay tumambad sa harap ko si Lucas. Nakasuot naman siya ng cream na three-piece suit at talaga namang malamig sa mata. Bumagay ito sa kulay niya na medyo kayumanggi.

"Wow, Liz. Just... wow. You never fail to amaze me." puri niya habang tinitignan ako mula ulo hanggang paa. "You look beyond gorgeous."

"Thank you, Lucas. You look good din. Siguradong maraming babae ang mabibighani sa'yo."

"Marami siguro, pero ikaw lang ang gusto ko."

"Ha?" tanong ko nang sumaglit lang ako para kunin ang purse ko sa loob. "Ano 'yun? Sorry hindi ko narinig."

Ngumiti lang sya bago inalok ang braso. "Wala. Ang sabi ko, ang ganda mo sana kaso ang bingi mo." biro niya at natawa na lang ako bago ikinawit ang kamay ko sa braso niya at isinara ang pinto.

"Naku. Kakasama mo iyan sa amin kaya nakukuha mo na ang mga salita namin."

Sa paglalakad namin patungong elevator ay talaga namang nananadya ang tadhana dahil nakasalubong namin silang dalawa na kalalabas lang. Si Monique ay halos lunuwa na ang pinagmamalaking dibdib sa suot habang siya naman ay naka-all black na pabor ito niyang kulay.

Mula sa mukha ko ay bumaba ang tingin niya sa kamay kong nakakapit kay Lucas, ngunit hindi ko na sila binigyan ng pansin pa at nagpatuloy kami sa paglalakad. Sumabay ang dalawa sa aming sa elevator at talaga namang sa harap namin ni Lucas naglandian. Sa panlabas na anyo ay animo wala lang ito sa akin, ngunit nadudurog ang puso ko.

Talaga lamang naging expert na yata ako sa pagtatago ng tunay kong nararamdaman.

Pinisil ni Lucas ang kamay ko at ngumiti naman ako sa kaniya. Walang nagsasalita at mataas ang tensyon sa pagitan nating apat.

"Babe, bakit ang baba naman ng standard ng Project Stella at kung sino-sino na lang ang kinukuha?" tanong ni Monique na halata naman na ako ang pinatutungkulan.

Hindi sumagot ang aking ex at nang tignan ko sya mula sa aming reflection ay sa akin siya

nakatingin. Kaagad naman akong nag-iwas ng tingin.

"I can ask the same for showbizness."

Nakagat ko ang pang-ibabang labi ko dahil sa sagot ni Lucas para hindi matawa.

"Excuse me?" gulilat na tanong ni Monique.

"Hey, no offense. Just wondering the same thing as you do." sagot ni Lucas na may pekeng ngiti sa labi.

Nang bumukas ang elevator ay halos mapatid pa si Monique nang lumabas dahil sa haba ng suot, at hindi na namin napigilan pa ni Lucas na matawa at sinamaan naman kami ng tingin ng aktres habang ang kasama niya ay mistulang pipi.

Nauna na kaming pumasok sa venue ni Lucas at nakita ko ang rustic themed party na talagang ginastusan. Maya't-mayang may lumilibot na photographer para kumuha ng pictures. Agad ko ring namataan si Pia Gray kasama ang ibang judges.

Dahil sa VIP table si Lucas ay nagkahiwalay kami at sumama ako sa ibang model. Napakagandang tignan ng mga model kabilang si Mandy na tila ba isang Greek Goddess sa suot. Ilang sandali pa ay tinawag kami para umakyat sa stage at isa-isang pinakilala sa lahat.

Nang pababa na ay hindi sinasadyang hindi ko makita ang isang kable kaya naman natapilok ako at napaluhod sa harap ng iba. Ramdam ko ang sakit ng tuhod ko at akmang tatayo nang may magkasabay na kamay ang lumahad sa harap ko.

Ang aking ex na sinaktan ako at ang lalaking pilit na humuhuli sa aking mailap na puso.

Kabanata 38
11 - 14 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Nagpabalik-balik ang tingin ko sa dalawang kamay na nakalahad ngayon sa harapan ko. Ang isa ay may pamilyar na init ng kamay at ang isa naman ay nagbibigay naman ng comfort sa akin.

Sa huli ay nabalik ako sa reyalidad at tinanggap ang kamay ng lalaki sa aking kaliwa, at hinayaan siyang tulungan akong tumayo.

"Are you okay, Liz?" alalang tanong ni Lucas habang sinisipat ako at hindi pa rin binibitawan ang kamay ko.

Mula sa sulok ng aking kanang mata ay nakita ko kung paanong dahan-dahang ibinaba ni Godric ang kanyang kamay na hindi ko tinanggap bago tumalikod.

"O-Oo, ayos lang ako, Lucas. Salamat."

Tila napapaso namang inalis ko ang kamay ko mula sa pagkakahawak niya bago inayos ang buhok. Pasimple kong inilibot ang mga mata ko para makitang sa amin nakatutok ang ibang mga mata na tila ba nasa isang drama.

Hay, Elizabeth. Bakit ba kahit saan ka mapunta at mapabilang ay nagiging sentro ka ng atensyon at chismis?

Dahil likas na maginoo ay inihatid ako ni Lucas sa aming mesa at agad naman akong kinumusta

ni Mandy. I sang tipid na ngiti lamang ang isinagot ko bago hinimas ang tuhod na nasaktan.

Ilang sandali pa ay inihain na ang pagkain at kahit na mukha itong masarap ay hindi ko makuha ang sarili kong kumain ng marami. Ang mga tao sa paligid ay masayang nag-uusap habang kumakain habang ako ay tahimik na nilalaro ang pagkain.

Bakit niya iyon ginawa? Bakit niya iniwan si Monique para tulungan ako? At bakit dismayado siya at nasaktan dahil si Lucas ang pinili ko? Bakit? Pinaglaruan mo lang ako, hindi ba? Kaya bakit? Bakit kailangan mo pa ring umarte, Godric? Hindi pa ba tapos ang plano mo?

Tuluyan akong nawalan ng gana at pinadalhan na lamang si Lucas ng text na mauuna na ako. Nagpaalam na rin ako sa mga kasama ko sa mesa at nagdahilan na sumama ang pakiramdam ko. Hindi ko kayang magtagal doon.

Bitbit ang purse ay taas-noo pa rin naman akong lumabas at naglakad pabalik sa kwarto ko. Nakakailang hakbang pa lang nang may biglang pumigil sa akin. Bahagya akong napasinghap at dahil tinanggal ko na ang huwad at pekeng ngiti sa mga labi ko ay malaya na niyang nakikita ang totoong emosyon na pilit kong ikinukubli at tanging ako lamang ang nakakakita sa tuwing haharap ako sa salamin.

Hindi siya nagsalita. Hindi na kailangan pa. Marahan niya akong hinila at dahil lugmok na ako ay nagpatangay ako hanggang sa makarating kamri sa may rooftop ng Hotel na iyon. Bahagya akong nanginig ng umhip ang malamig na hangin at magap niya akong binalutan ng suot niyang suit.

Narinig ko siyang napabuntong-hininga. "I'm sorry. I should have known. I should have known that you were just putting an act to convince us."

Nanlabo ang aking mga mata, hindi lang dahil sa lamig kung hindi dahil sa halo-halong emosyong nararamdaman ko. Pait? Selos? Sakit? Lungkot at galit?

Kinagat ko nang mariin ang pang-ibabang labi ko upang pigilan ang sarili, ngunit nang walang sabi-sabi niya akong yakapin tulad ng ginawa niya noon ay hindi ko na napigilan pa. Mahigpit akong napakapit sa kaniyang suot at ibinuhos ang ilang linggong pagpapanggap na ayos lang ako. Na nakakalimot na ako. Na kaya ko na ulit.

"It's okay. Cry it out, Liz. Walang masamang maging mahina. I understand that you had to act strong for your sister and friends, pero minsan kahit naman ang sundalo ay nakahandang sumuko kapag hindi na niya kaya."

Namayani sa rooftop ang palahaw ko na parang isang bata. Tinangay ng hangin ang bawat paghikbi at pagsinghot ko. Kagaya ng sabi niya ay inilabas ko ang totoo. Hindi si Elizabeth na nagpapanggap lang. Hindi si Elize na malakas at lalong hindi si Beth na matapang.

"I'm sorry." paulit-ulit kong bulong sa hangin. "Hindi-Hindi naman talaga ako malakas at matapang. Mahina akong tao, Lucas. Napakahina k-ko. I'm sorry I can't be okay. Ayoko nang mahiganti. Hanggang kailan ba namin paghihigantihan ang isa't-isa? G-Gusto ko lang naman ng tahimik at payapang buhay kasama ang kapatid ko." bahagya akong lumayo sa kaniya habang mahigpit pa rin ang pagkakakapit sa damit niya at tiningala siya. "Ayaw kitang gamitin. Napakabuti mo, L- Lucas at hindi kita k-kayang saktan."

Naramdaman kong pinupunasan niya ang magkabila kong pisngi na basang-basa na ng luha ko, at sa malabong paningin ay nakita kong namumula rin ang mga mata niya habang hinahaplos ang ulo ko.

"It's okay, Liz. Ssh. Hindi mo ako nasaktan, hm? I'm okay."

"I'm-I'm not okay. Ayoko nito. Ayokong kalimutan kung sino ako. Ang gusto ko lang naman ay makasama si Skye at mabawi ang bahay namin. Gusto ko lang na.. hanapin ang sarili ko."

Muli niya akong niyakap habang hinahagod ang likod ko. "It'll be okay, Liz. Everything's going to be fine."

Mula nang maulila kami ni Skye ay ipinangako ko na sa sarili ko na magiging matatag ako at malakas ang loob. Itinaga ko na sa isipan ko na hindi ako pwedeng maging mahina o magpakita ng kahinaan dahil ang bawat tao sa paligid namin ay ako ang inaasahan. Kaya naman tumanda ako na inaako ang mga problema at sinasarili ang mga bagay-bagay.

Noong una ay pumayag ako dahil gusto kong maging abala. Gusto ko siyang mawaglit sa aking isipan at natupad ko naman ito. Nagtagumpay ako. Ngunit nitong mga nakararaan ay maraming bagay ang nagpapaalala sa kanya, sa amin. Mga bagay na sinasampal ako at pinapaalala na hindi ako ayos. Na tao pa rin ako at nasasaktan din. Napupuno. Napapagod.

Nang gabi ring iyon ay nakapagdesisyon na ako na lalayo na lang muna kami ni Skye. Malayo sa aking ex, malayo sa aming mga kamag-anak at babalik na lamang kapag kaya ko na. Kinabukasan ay pumayag akong ihatid ni Lucas sa condo ni Justin. At dahil nahimasmasan na ako ay nakaramdamako ng hiya dahil hindi ko siya sinasadyang saktan at natanggihan kagabi.

"Sorry talaga, Lucas. Mabait kang tao at kahit na sino ay mamahalin ka, pero..." sinusundot ng konsensyang malungkot kong sabi sa kaniya.

I sang malungkot na ngiti ang pinakawalan niya bago marahang hinaplos ang braso ko. "Ang plastic ko sigurong kung sasabihin kong hindi masakit. Pero I'll be okay, Liz. I... When I saw you again, para kasing nakita ko ulit iyong dream girl ko kaya hindi na kita pinakawalan pa, but I respect your feelings. I will still be your friend, hm? I'll be just right here when you need a friend."

"Maraming-maraming salamat sa'yo. Hindi ko alam kung paano akong makakabangon kung wala ka. Kung hindi mo ako niligtas sa ganoong sitwasyon, Lucas."

Dahil sa labis utang na loob at dahil wala namang malisya ay tumingkayad ako para yakapin siya bilang pasasalamat. Ilang sandali pa ay may narinig akong pagbagsak mula saan, ngunit nang lumingon ako ay wala naman akong nakita.

Nang makapagpaalaman ay sinalubong ako ni Justin at nagtanong kung kumusta ang Baguio. Imbes na sumagot kaagad ay niyakap ko siya nang mahigpit.

"Maraming salamat sa lahat, Justin. Sa tulong, sa pag-intindi at sa pagtanggap mo sa akin."

Unti-unting naging relax ang katawan niya bago niya ako niyakap pabalik. "Anong kadrarahan ito? Mamamatay na ba ako?"

Bahagya akong natawa sa sinabi niya at ibinigay sa kaniya ang pasalubong ko. Sa ngayon ay hindi ko na muna sasabihin sa kaniya ang totoo. Aalis ako dahil alam kong hindi niya ako gugustuhin umalis. Aalis ako para itayong muli ang sarili ko na kaming dalawa lang ni Skye.

Nang umalis si Justin ay nagsimula akong mag-empake hanggang sa natigilan ako dahil may kulang nga pala. May isang importanteng bagay akong nakalimutan sa bahay ng aking ex. Ang nag-iisang litrato naming pamilya. Dala ang bagay nag-desisyon akong sumadya roon para kunin ito.

At habang lulan ng trikel ay tinawagan ko na si Skye.

"At e?"

Napakagat ako sa labi bago humigpit ang hawak sa cell phone "Skye... paano kung ayain kitang manirahan na muna sa malayo? Malayo sa lugar na ito. Malayo sa mga kamag-anak natin."

"P- Pero bakit, Ate? Paano ang mga trabaho natin? Paano ang nobyo mo at paano ang b-bahay?"

Napalunok ako bago bumuntong hininga. "Maghanda ka na lang, ha? Mga importanteng bagay lang ang dalhin mo, bunso. May tiwala ka naman sa Ate, hindi ba? Para sa atin ito. At pangakong babalikan natin ang bahay at tayo na muli ang magmamay-ari nito. Ipapaliwanag ko sa'yo ang lahat kapag nagkita tayo. Mamayang gabi ay magkita tayo sa terminal ng bus pauwing Nueva Ecija. May naipon ako kaya makakapag-umpisa tayo roon kahit paano."

Ilang sandali siyang natatimik sa kabilang linya. "Sige, Ate. Kapatid kita kaya may tiwala ako sa'yo."

Nakahinga ako nang maluwag sa narinig. "Sige. Magkita tayo mamaya, ha? Bye."

Nang makarating sa kanto ay bumaba na ako at naglakad patungo sa bahay. Sandali kong pinagmasdan ang pamilyar na bahay at inisip kung paano ako makakapasok nang makitang nakaawang ang gate. Napamang ako bago ito marahang binukas at nakita ang kotse niya sa loob. Kumabog ang dibdib ko sa kaba nang maglakad papasok at nagtaka na maging ang front door ay bukas. Marahan ko itong itinulak at halos malaglag ang panga at lumuwa ang mga mata dahil sa gulo ng paligid. Nakatumba ang ilang gamit, basag ang center table, TV at ilang babasaging gamit na nakakalat sa lapag at kinailangan kong iwasan.

"Anong nangyari?" pabulong kong tanong sa aking sarili. "Nanakawan ba siya?" kinakabahan kong tanong sa sarili at napasinghap nang makakita ng ilang patak ng dugo sa marmol.

Kumakabog ang dibdib na sinundan ko ito hanggang sa makarating ako sa kwarto niya at natulos ako sa kinatatayuan nang makita siyang nakasandal sa kama niya. Ang magkabilang kamay ay puro sugat at may tumutulo pang dugo. Sa paligid niya ay may ilang bote ng alak na ubos na at ang ilan ay basag-basag.

"Diyos ko." bulalas ko at napatutup sa bibig bago nabitawan ang hawak na bag at lumapit sa kaniya. "Anong ginawa mo sa sarili mo? Bakit mo sinaktan ang sarili mo?" nanginginig ang boses kong tanong bago marahang kinuha ang mga kamay niya para pagmasdan ang mga ito.

Hindi mabilang ang sugat na naroon at hindi tumitigil sa pagdurugo. Marahas niyang binawi ang mga kamay.

"Why do you care? F*** off. Doon ka sa bago mo at huwag kang magpanggap na may paki." anas niya at naamay ko ang alak mula sa hininga niya.

Imbes na maapektuhan ay dumiretso ako sa banyo niya. Kumuha ako ng planggana sa cabinet at bimpog bago ito pinuno at binalikan siya. Kahit na anong pigil niya ay pilit kong kinukuha ang mga kamay niya at diniinan dahilan para mapa-aray siya.

"Anong akala mo sa mga kamao mo? Kay Pacquiao?" inis kong wika habang nililinis ang sugat niya.

Ramdamko ang matimimniyang pagtitig sa akin. "Why are you here?"

"May kukunin lang ako at aalis na rin ako kaya huwag kang mag-alala. Hindi ako naparito para magmakaawang balikan mo o anuman."

Bahagya akong napangiwi nang mapuno ang bimpò ng dugo niya at magkulay dugo na ang tubig.

"Bakit hindi mo kasama ang boyfriend mong pinili mo kaysa sa akin?" malamig ang tinig niyang tanong.

Nang matapos ay binitawan ko na ang mga kamay niya. "Hindi ko siya boyfriend, okay?" napipikang sagot ko at tatayo na sana nang walang sabi-sabi niya akong hilahin palapit at ilang sandali pa ay naramdaman ko ang paghalik niya sa akin.

Nanlaki ang mga mata ko sa ginawa niya at kaagad na lumayo bago tumayo at sinamaan siya ng tingin. "May girlfriend ka na ay gumaganiyan ka pa? Balak mo rin ba siyang saktan?" galit kong bago naglakad palayo, ngunit nakakailang hakbang pa lang ako nang magsalit a siya.

"Hindi ko siya girlfriend, Beth. Never. I just used her to hurt you. To get even. I have no feelings for her."

Hindi ako lumingon, ngunit tila naman natulos ako sa kinatatayuan ko. Hindi ako sigurado kung ano ang dapat na sabihin o maramdaman sa sinabi niya. Hahakbang na sana akong muli nang yakapin niya ako mula sa likuran at ipatong ang baba niya sa balikat ko.

"I love you. I still love you so much and it's killing me to see you with him. Dito ka na lang sa tabi ko, please. Huwag ka nang bumalik sa kaniya."

Sa narinig ay hindi ko naiwasang mapasinghap.

m.dream.com
Kabanata 39
11 - 14 minutes

Elizabeth Cruz's POV

Nagpabalik-balik ang tingin ko sa dalawang kamay na nakalahad ngayon sa harapan ko. Ang isa ay may pamilyar na init ng kamay at ang isa naman ay nagbibigay naman ng comfort sa akin.

Sa huli ay nabalik ako sa reyalidad at tinanggap ang kamay ng lalaki sa aking kaliwa, at hinayaan siyang tulungan akong tumayo.

"Are you okay, Liz?" alalang tanong ni Lucas habang sinisipat ako at hindi pa rin binibitan ang kamay ko.

Mula sa sulok ng aking kanang mata ay nakita ko kung paanong dahan-dahang ibinaba ni Godric ang kanyang kamay na hindi ko tinanggap bago tumalikod.

"O-Oo, ayos lang ako, Lucas. Salamat."

Tila napapaso namang inalis ko ang kamay ko mula sa pagkakahawak niya bago inayos ang buhok. Pasimple kong inilibot ang mga mata ko para makitang sa amin nakatutok ang ibang mga mata na tila ba nasa isang drama.

Hay, Elizabeth. Bakit ba kahit saan ka mapunta at mapabilang ay nagiging sentro ka ng atensyon at chismis?

Dahil likas na maginoo ay inihatid ako ni Lucas sa aming mesa at agad naman akong kinumusta ni Mandy. I sangtipid na ngiti lamang ang isinagot ko bago hinimas ang tuhod na nasaktan.

Ilang sandali pa ay inihain na ang pagkain at kahit na mukha itong masarap ay hindi ko

makuha ang sarili kong kumain ng marami. Ang mga tao sa paligid ay masayang nag-uusap habang kumakain habang ako ay tahimik na nilalaro ang pagkain.

Bakit niya iyon ginawa? Bakit niya iniwan si Monique para tulungan ako? At bakit dismayado siya at nasaktan dahil si Lucas ang pinili ko? Bakit? Pinaglaruan mo lang ako, hindi ba? Kaya bakit? Bakit kailangan mo pa ring umarte, Godric? Hindi pa ba tapos ang plano mo?

Tuluyan akong nawalan ng gana at pinadalhan na lamang si Lucas ng text na mauuna na ako. Nagpaalam na rin ako sa mga kasama ko sa mesa at nagdahilan na sumama ang pakiramdam ko. Hindi ko kayang magtagal doon.

Bitbit ang purse ay taas-noo pa rin naman akong lumabas at naglakad pabalik sa kwarto ko. Nakakailang hakbang pa lang nang may biglang pumigil sa akin. Bahagya akong napasinghap at dahil tinanggal ko na ang huwad at pekeng ngiti sa mga labi ko ay malaya na niyang nakikitang ang totoong emosyon na pilit kong ikinukubli at tanging ako lamang ang nakakakita sa tuwing haharap ako sa salamin.

Hindi siya nagsalita. Hindi na kailangan pa. Marahan niya akong hinila at dahil lugmok na ako ay nagpatangay ako hanggang sa makarating kami sa may rooftop ng Hotel na iyon. Bahagya akong nanginig ng umihip ang malamig na hangin at maagap niya akong binalutan ng suot niyang suit.

Narinig ko siyang napabuntong-hininga. "I'm sorry. I should have known. I should have known that you were just putting an act to convince us."

Nanlabo ang aking mga mata, hindi lang dahil sa lamig kung hindi dahil sa halo-halong emosyong nararamdaman ko. Pait? Selos? Sakit? Lungkot at galit?

Kinagat ko nang mariin ang pang-ibabang labi ko upang pigilan ang sarili, ngunit nang walang sabi-sabi niya akong yakapin tulad ng ginawa niya noon ay hindi ko na napigilan pa. Mahigpit akong napakapit sa kaniyang suot at ibinuhos ang ilang linggong pagpapanggap na ayos lang ako. Na nakakalimot na ako. Na kaya ko na ulit.

"It's okay. Cry it out, Liz. Walang masamang maging mahina. I understand that you had to act strong for your sister and friends, pero minsan kahit naman ang sundalo ay nakahandang sumuko kapag hindi na niya kaya."

Namayani sa rooftop ang palahaw ko na parang isang bata. Tinangay ng hangin ang bawat paghikbi at pagsinghot ko. Kagaya ng sabi niya ay inilabas ko ang totoo. Hindi si Elizabeth na nagpapanggap lang. Hindi si Elize na malakas at lalong hindi si Beth na matapang.

"I'm sorry." paulit-ulit kong bulong sa hangin. "Hindi-Hindi naman talaga ako malakas at matapang. Mahina akong tao, Lucas. Napakahina k-ko. I'm sorry I can't be okay. Ayoko nang maghiganti. Hanggang kailan ba namin paghihigantihan ang isa't-isa? G-Gusto ko lang naman ng tahimik at payapang buhay kasama ang kapatid ko." bahagya akong lumayo sa kaniya habang mahigpit pa rin ang pagkakakapit sa damit niya at tiningala siya. "Ayaw kitang gamitin. Napakabuti mo, L- Lucas at hindi kita k-kayang saktan."

Naramdaman kong pinupunasan niya ang magkabila kong pisngi na basang-basa na ng luha ko, at sa malabong paningin ay nakita kong namumula rin ang mga mata niya habang hinahaplos ang ulo ko.

"It's okay, Liz. Ssh. Hindi mo ako nasaktan, hm? I'm okay."

"I'm-I'm not okay. Ayoko nito. Ayokong kalimutan kung sino ako. Ang gusto ko lang naman ay makasama si Skye at mabawi ang bahay namin. G-Gusto ko lang na.. hanapin ang sarili ko."

Muli niya akong niyakap habang hinahagod ang likod ko. "I'll be okay, Liz. Everything's going to be fine."

Mula nang maulila kami ni Skye ay ipinangako ko na sa sarili ko na magiging matatag ako at malakas ang loob. Itinaga ko na sa isipan ko na hindi ako pwedeng maging mahina o magpakita ng kahinaan dahil ang bawat tao sa paligid namin ay ako ang inaasahan. Kaya naman tumanda ako na inaako ang mga problema at sinasarili ang mga bagay-bagay.

Noong una ay pumayag ako dahil gusto kong maging abala. Gusto ko siyang mawaglit sa aking isipan at natupad ko naman ito. Nagtagumpay ako. Ngunit nitong mga nakararaan ay maraming bagay ang nagpapaalala sa kanya, sa amin. Mga bagay na sinasampal ako at pinapaalala na hindi ako ayos. Na tao pa rin ako at nasasaktan din. Napupuno. Napapagod.

Nang gabi ring iyon ay nakapagdesisyon na ako na lalayo na lang muna kami ni Skye. Malayo sa aking ex, malayo sa aming mga kamag-anak at babalik na lamang kapag kaya ko na. Kinabukasan ay pumayag akong ihatid ni Lucas sa condo ni Justin. At dahil nahimasmasan na ako ay nakaramdamako ng hiya dahil hindi ko siya sinasadyang saktan at nanggihan kagabi.

"Sorry talaga, Lucas. Mabait kang tao at kahit na sino ay mamahalin ka, pero..." sinusundot ng konsensyang malungkot kong sabi sa kaniya.

Isang malungkot na ngiti ang pinakawalan niya bago marahang hinaplos ang braso ko. "Ang plastic ko siguro kung sasabihin kong hindi masakit. Pero I'll be okay, Liz. I... When I saw you again, para kasing nakita ko ulit iyong dream girl ko kaya hindi na kita pinakawalan pa, but I respect your feelings. I will still be your friend, hm? I'll be just right here when you need a friend."

"Maraming-maraming salamat sa'yo. Hindi ko alam kung paano akong makakabangon kung wala ka. Kung hindi mo ako niligtas sa ganoong sitwasyon, Lucas."

Dahil sa labis utang na loob at dahil wala namang malisya ay tumingkayad ako para yakapin siya bilang pasasalamat. Ilang sandali pa ay may narinig akong pagbagsak mula saan, ngunit nang lumingon ako ay wala naman akong nakita.

Nang makapagpaalaman ay sinalubong ako ni Justin at nagtanong kung kumusta ang Baguio. Imbes na sumagot kaagad ay niyakap ko siya nang mahigpit.

"Maraming salamat sa lahat, Justin. Sa tulong, sa pag-intindi at sa pagtanggap mo sa akin."

Unti-unting naging relax ang katawan niya bago niya ako niyakap pabalik. "Anong kadrarahan ito? Mamamatay na ba ako?"

Bahagya akong natawa sa sinabi niya at ibinigay sa kaniya ang pasalubong ko. Sa ngayon ay hindi ko na muna sasabihin sa kaniya ang totoo. Aalis ako dahil alam kong hindi niya ako gugustuhing umalis. Aalis ako para itayong muli ang sarili ko na kaming dalawa lang ni Skye.

Nang umalis si Justin ay nagsimula akong mag-empake hanggang sa natigilan ako dahil may kulang nga pala. May isang importanteng bagay akong nakalimutan sa bahay ng aking ex. Ang nag-iisang litrato naming pamilya. Dala ang bagay nag-desisyon akong sumadya roon para kunin ito.

At habang lulan ng trikel ay tinawagan ko na si Skye.

"Ate?"

Napakagat ako sa labi bago humigpit ang hawak sa cell phone "Skye... paano kung ayain kitang manirahan na muna sa malayo? Malayo sa lugar na ito. Malayo sa mga kamag-anak

natin."

"P- Pero bakit, Ate? Paano ang mga trabaho natin? Paano ang nobyo mo at paano ang b-bahay?"

Napalunok ako bago bumuntong hininga. "Maghanda ka na lang, ha? Mga importanteng bagay lang ang dalhin mo, bunso. May tiwala ka naman sa Ate, hindi ba? Para sa atin ito. At pangakong babalikan natin ang bahay at tayo na muli ang magmamay-ari nito. Ipapaliwanag ko sa'yo ang lahat kapag nagkita tayo. Mamayang gabi ay magkita tayo sa terminal ng bus pauwing Nueva Ecija. May naipon ako kaya makakapag-umpisa tayo roon kahit paano."

Ilang sandali siyang natatimik sa kabilang linya. "Sige, Ate. Kapatid kita kaya may tiwala ako sa'yo."

Nakahinga ako nang maluwag sa narinig. "Sige. Magkita tayo mamaya, ha? Bye."

Nang makarating sa kanto ay bumaba na ako at naglakad patungo sa bahay. Sandali kong pinagmasdan ang pamilyar na bahay at inisip kung paano ako makakapasok nang makitang nakaawang ang gate. Napamaang ako bago ito marahang binukas at nakita ang kotse niya sa loob. Kumabog ang dibdib ko sa kaba nang maglakad papasok at nagtaka na maging ang front door ay bukas. Marahan ko itong itinulak at halos malaglag ang panga at lumuwa ang mga mata dahil sa gulo ng paligid. Nakatumba ang ilang gamit, basag ang center table, TV at ilang babasaging gamit na nakakalat sa lapag at kinailangan kong iwasan.

"Anong nangyari?" pabulong kong tanong sa aking sarili. "Nanakawan ba siya?" kinakabahan kong tanong sa sarili at napasinghap nang makakita ng ilang patak ng dugo sa marmol.

Kumakabog ang dibdib na sinundan ko ito hanggang sa makarating ako sa kwarto niya at natulos ako sa kinatatayuan nang makita siyang nakasandal sa kama niya. Ang magkabilang kamay ay puro sugat at may tumutulo pang dugo. Sa paligid niya ay may ilang bote ng alak na ubos na at ang ilan ay basag-basag.

"Diyos ko." bulalas ko at napatutup sa bibig bago nabitawan ang hawak na bag at lumapit sa kaniya. "Anong ginawa mo sa sarili mo? Bakit mo sinaktan ang sarili mo?" nanginginig ang boses kong tanong bago marahang kinuha ang mga kamay niya para pagmasdan ang mga ito.

Hindi mabilang ang sugat na naroon at hindi tumitigil sa pagdurugo. Marahas niyang binawi ang mga kamay.

"Why do you care? F*** off. Doon ka sa bago mo at huwag kang magpanggap na may paki." anas niya at naamay ko ang alak mula sa hininga niya.

Imbes na maapektuhan ay dumiretso ako sa banyo niya. Kumuha ako ng planggana sa cabinet at bimpog bago ito pinuno at binalikan siya. Kahit na anong pigil niya ay pilit kong kinukuha ang mga kamay niya at diniinan dahilan para mapa-aray siya.

"Anong akala mo sa mga kamao mo? Kay Pacquiao?" inis kong wika habang nililinis ang sugat niya.

Ramdamko ang matimnayang pagtitig sa akin. "Why are you here?"

"May kukunin lang ako at aalis na rin ako kaya huwag kang mag-alala. Hindi ako naparito para magmakaawang balikan mo o anuman."

Bahagya akong napangiwi nang mapuno ang bimpog ng dugo niya at magkulay dugo na ang tubig.

"Bakit hindi mo kasama ang boyfriend mong pinili mo kaysa sa akin?" malamig ang tinig niyang

tanong.

Nang matapos ay binitawan ko na ang mga kamay niya. "Hindi ko siya boyfriend, okay?" napipikang sagot ko at tatayo na sana nang walang sabi-sabi niya akong hilahin palapit at ilang sandali pa ay naramdaman ko ang paghalik niya sa akin.

Nanlaki ang mga mata ko sa ginawa niya at kaagad na lumayo bago tumayo at sinamaan siya ng tingin. "May girlfriend ka na ay gumaganiyan ka pa? Balak mo rin ba siyang saktan?" galit kong bago naglakad palayo, ngunit nakakailang hakbang pa lang ako nang magsalita siya.

"Hindi ko siya girlfriend, Beth. Never. I just used her to hurt you. To get even. I have no feelings for her."

Hindi ako lumingon, ngunit tila naman natulos ako sa kinatatayuan ko. Hindi ako sigurado kung ano ang dapat na sabihin o naramdaman sa sinabi niya. Hahakbang na sana akong muli nang yakapin niya ako mula sa likuran at ipatong ang baba niya sa balikat ko.

"I love you. I still love you so much and it's killing me to see you with him. Dito ka na lang sa tabi ko, please. Huwag ka nang bumalik sa kaniya."

Sa narinig ay hindi ko naiwasang mapasinghap.